ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • OKTUBRE 2017

Liahona

Paghanap ng Iyong Landas Patungong Self-Reliance, pp. 32, 40–43

Temple at Family History: Isang Imbitasyon mula kina President at Sister Nelson, p. 14

Kamakailan lamang Nabinyagan? Maari Kang Maglingkod sa Templo Ngayon, p. 20

Tatlong Hakbang para Malutas ang Pagtatalo sa Mag-asawa, p. 22

Dumaraan ang mga kabayo at karitela sa Salt Lake Temple, noong mga 1891 ang ipinakikita rito. Si Wilford Woodruff (1807–98) ang Pangulo ng Simbahan nang ilaan ang Salt Lake Temple noong 1893. Itinuro niya, "Responsibilidad natin ang lahat . . . pagtatayo ng mga templo sa Kataas-taasan, kung saan makapapasok tayo at makagagawa ng mga ordenansa para sa kaligtasan ng ating mga patay" (Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Wilford Woodruff *[2004], 102).*

Larawan sa kagandahang-loob ng Church History Library

Liahona, Oktubre 2017

4

MGA MENSAHE

4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: Pagiging Tunay na mga Disipulo**
Ni Pangulong Henry B. Eyring

7 **Mensahe sa Visiting Teaching: Pagyakap nang May Pagmamahal sa mga Naliligaw ng Landas**

SA PABALAT
Larawang kuha ni Leslie Nilsson.

MGA TAMPOK NA ARTIKULO

14 **Buksan ang Kalangitan sa Pamamagitan ng Gawain sa Templo at Family History**
Nina Pangulong Russell M. Nelson at Wendy W. Nelson

20 **Alamin Bago Magpunta: Mga Binyag sa Templo**
Ni Heather J. Johnson
Bilang bagong miyembro, maaari kang dumalo kaagad sa templo na may dalang limited-use temple recommend. Narito ang ilang kasagutan sa iyong mga tanong bago ka magpunta.

22 **Paglutas ng Problema sa Pagsasama Ninyong Mag-asawa**
Ni S. Brent Scharman

28 **Natagpuan ang Tulong Matapos ang Pagpanaw ni Nancy**
Ni Darren Wilcox
Paano mapapalitan ng kapayapaan ang aking matinding dalamhati?

32 **"Maging Self-Reliant Tayo at Tumayo sa Sarili Nating mga Paa"**
Ano ang inisyatibong self-reliance ng Simbahan, at paano ito makakatulong sa iyo?

MGA BAHAGI

8 **Nangungusap Tayo tungkol kay Cristo: Hindi pa Huli ang Lahat para sa Pangalawang Pagkakataon**
Ni Amber Jensen

10 **Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas: Isang Elepante sa Loob ng Klase**
Nina Jessica Griffith at Richard M. Romney

38 **Mga Larawan ng Pananampalataya: Ilir Dodaj**

40 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Tulungan ang Isang Tao Ngayon**
Ni Pangulong Thomas S. Monson

MGA YOUNG ADULT



44 **Limang Aral para sa mga Young Adult mula sa mga Bata pang Apostol**
Ni Matthew C. Godfrey
Ano ang matututunan natin ngayon mula sa mga karanasan ng ilan sa mga unang Apostol ng Panunumbalik?

Tingnan kung makikita mo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Ang pagsasaya kung minsan ay nakabalatkayo bilang paglilingkod!

MGA KABATAAN

50 **Ang Pagkataong Tulad ng Kay Cristo**
Ni Elder David A. Bednar
Si Jesus, na pinakamatinding nagdusa, ang may sukdulang pagkahabag sa ating lahat na mas kaunti ang pagdurusa.

54 **Paanong ang Isang Mensahe sa Kumperensya ay Magpapabago ng Iyong Buhay**
Ni Hadley Griggs

58 **Manindigan**
Ni Lindsay Hiller
Pinipilit akong uminom ng mga kasamahan ko, ngunit may sinabi ang isa sa kanila na nagpabago sa buhay ko.

60 **Maging Kaiba sa mga "Tipikal na Tinedyer" Ngayon**
Ni Charlotte Larcabal

62 **Poster: Pumailanlang nang May Pananampalataya**

63 **Mga Sagot mula sa mga Pinuno ng Simbahan: Paano Kilalanin ang Iyong Sarili**
Ni Pangulong Henry B. Eyring

64 **Mga Tanong at mga Sagot**
Bukod sa panalangin at pag-aaral ng mga banal na kasulatan, ano ang pinakamainam na paraan upang mapalakas ang aking patotoo?



MGA BATA

66 **Mula Paris Hanggang Sapporo**
Ni Amie Jane Leavitt
May inasam ang mga bata sa France at Japan: isang bagong templo!

68 **Mga Sagot mula sa Isang Apostol: Paano ako matutulungan ng Espiritu Santo?**
Ni Elder Robert D. Hales

69 **Ang Ating Pahina**

70 **Ang Paglalakbay ni Jane**
Ni Jessica Larsen
Gayong walang bangka, paano kaya makakarating ang pamilya ni Jane sa Nauvoo?

72 **Si Sarah at ang MRI**
Ni Juliann Doman
Takot magpa-MRI si Sarah. Ano ang maaari niyang gawin upang gumaan ang kanyang pakiramdam?

74 **Mga Figure sa Kasaysayan ng Simbahan: Isang Bagong Propeta**

75 **Pagtulong, sa Paisa-isang Lapis**
Ni Caleb H.
Gustong tulungan ni Caleb ang mga refugee—pati na ng ibang mga bata!

76 **Mga Kuwento tungkol kay Jesus: Dinalaw ni Jesus si Joseph Smith**
Ni Kim Webb Reid

79 **Pahinang Kukulayan: Ang Sabbath ay Banal na Araw**

OKTUBRE 2017 TOMO 20 BLG. 10
LIAHONA 14450 893
Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

Ang Unang Panguluhan: Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

Ang Korum ng Labindalawang Apostol: Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund

Patnugot: Joseph W. Sitati
Mga Assistant na Patnugot: Randall K. Bennett, Carol F. McConkie
Mga Tagapayo: Brian K. Ashton, Bonnie H. Cordon, LeGrand R. Curtis Jr., Sharon Eubank, Christoffel Golden, Douglas D. Holmes, Erich W. Kopischke, Larry R. Lawrence

Namamahalang Direktor: Richard I. Heaton
Direktor ng mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg
Business Manager: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: Adam C. Olson
Assistant na Namamahalang Patnugot: Ryan Carr
Publications Assistant: Cremilda Amaral
Writing and Editing Team: Maryssa Dennis, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Jon Ryan Jensen, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Anne Selu, Marissa Widdison

Namamahalang Direktor sa Sining: J. Scott Knudsen
Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson
Disenyo: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, C. Kimball Bott, Thomas Child, David Green, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Rachel Smith, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune
Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters
Production Team: Ira Glen Adair, Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Thomas G. Cronin, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Derek Richardson
Bago Ilimbag: Joshua Dennis, Ammon Harris

Direktor sa Paglilimbag: Steven T. Lewis
Direktor sa Pamamahagi: Troy K. Vellinga

Pagsasalin: Maria Paz San Juan

Para sa suskrisyon ng magasin at pagpapanibago ng suskrisyon nito, bisitahin ang http://store.lds.org. Huwag kalimutang isaad ang iyong ward/branch bilang address na pagpapadalhan ng iyong suskrisyon.

Kung mayroong mga tanong tungkol sa suskrisyon tawagan lamang ang Global Service Center (GSC) ng Simbahan sa bilang na 1800-8-680-3950 para sa mga PLDT at Smart subscriber o 1800-1-441-0687 para sa mga Globe subscriber.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2017 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Pilipinas.

Impormasyon tungkol sa karapatang-sipi: Maliban kung iba ang nakasaad, maaaring kumopya ng materyal ang mga indibiduwal mula sa *Liahona* para sa personal at di-pangkalakal na gamit (pati na para sa mga calling sa Simbahan). Ang karapatang ito ay maaaring bawiin anumang oras. Ang visual material ay hindi maaaring kopyahin kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Ang mga tanong tungkol sa karapatang-sipi ay dapat ipadala sa Intellectual Property Office, 50 E. North Temple St., FL 13, Salt Lake City, UT 84150, USA; email: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

LIAHONA Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150.

MARAMI PANG IBA ONLINE



MGA ICON MULA SA GETTY IMAGES

MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.

Araw ng Sabbath, *79*
Bagong miyembro, mga, *20*
Dalamhati, *28*
Diyos Ama, *4, 7, 8, 14, 38, 63, 76*
Espiritu Santo, *68, 72*
Family history, *14*
Gawain sa templo, *14, 20, 66*
Jesucristo, *28, 50, 76*
Kamatayan, *28, 38*
Kapanatagan, *28, 72*
Kapayapaan, *28*
Kasaysayan ng simbahan, *44, 70, 74, 76*
Likas na kabanalan, Banal na katangian, *60*
Pag-aaral ng banal na kasulatan, *64*
Pag-aasawa, *22*
Pag-asa sa sarili, self-reliance, *32, 40, 41, 42, 43*
Pag-ibig, pagmamahal, *7*
Pagkadisipulo, *4*
Paglilingkod, *38, 75, 80*
Pagsisisi, *8*
Pamimilit ng barkada, *58*
Panalangin, *63, 64*
Pananampalataya, *28, 32, 62*
Pangkalahatang kumperensya, *54*
Patotoo, *63, 64*
Refugee, mga, *75*
Teacher council meeting, mga, *10*
Templo, mga, *66, 69*
Trabaho, *32, 41, 43*
Word of Wisdom, *58*

Ni Pangulong Henry B. Eyring
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

PAGIGING TUNAY NA MGA DISIPULO

Sa bawat sacrament meeting, may pribilehiyo tayong mangako sa Ama sa Langit na lagi nating aalalahanin ang Tagapagligtas at susundin ang Kanyang mga kautusan para mapasaatin ang Kanyang Espiritu upang makasama natin (tingnan sa Moroni 4:3; 5:2; D at T 20:77, 79). Ang pag-alaala sa Kanya ay laging likas na dumarating sa atin kapag tinaglay natin ang Kanyang pangalan. Ginagawa natin ito sa maraming paraan ngunit lalo na kapag naglilingkod tayo sa iba sa Kanyang pangalan, nagbabasa ng Kanyang mga banal na salita, at nagdarasal upang malaman kung ano ang ipagagawa Niya sa atin.

Nangyari iyon sa akin noong bininyagan ko ang isang binatilyo. Batid ko na ako ay tinawag ng mga inorden na lingkod ng Tagapagligtas bilang isang missionary upang ituro ang Kanyang ebanghelyo at magpatotoo sa Kanya at sa Kanyang tunay na Simbahan. Nangako kami ng aking kompanyo sa binatilyong iyon na siya ay magiging malinis sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo noong magsisi siya nang may pananampalataya sa Tagapagligtas at nabinyagan ng isa sa Kanyang mga awtorisadong lingkod.

Nang iniahon ko ang binatilyo mula sa tubig ng bautismuhan, ibinulong niya sa aking tainga, "Malinis na ako, malinis na ako." Sa sandaling iyon, naalala ko ang pagbibinyag ni Juan Bautista sa Tagapagligtas sa Ilog Jordan. Bukod pa rito, naalala ko na ginagawa ko ang nakapagliligtas na gawain ng isang nabuhay na mag-uli at buhay na Tagapagligtas—na dinaluhan ng Espiritu Santo, na tulad ng kay Juan noon.

Para sa akin at sa bawat isa sa atin, ang pag-alaala sa Tagapagligtas ay maaaring higit pa sa pag-asa sa isang alaala ng ating kaalaman at mga karanasan na kasama Niya. Araw-araw ay maaari tayong gumawa ng mga pagpili na naglalapit sa atin sa Kanya sa kasalukuyan.

Ang pinakasimpleng pagpili ay maaaring ang magbasa ng mga banal na kasulatan. Sa paggawa nito, madarama natin na malapit tayo sa Kanya. Para sa akin, ang pagiging malapit ay kadalasang dumarating kapag binabasa ko ang Aklat ni Mormon. Sa mga unang minuto ng pagbabasa ko sa mga kabanata ng 2 Nephi, naririnig ko sa aking isipan ang tinig nina Nephi at Lehi na inilalarawan ang Tagapagligtas na para bang kilala nila Siya mismo. Nadarama ang pagiging malapit.

Para sa inyo, maaaring mas mapalapit kayo sa Kanya sa iba pang mga talata sa banal na kasulatan. Ngunit saanman at kailanman kayo magbasa ng salita ng Diyos, nang may pagpapakumbaba at may tunay na layunin na alalahanin ang Tagapagligtas, madaragdagan ang hangarin ninyong taglayin ang Kanyang pangalan sa inyong buhay araw-araw.

Babaguhin ng hangaring iyon ang paraan ng paglilingkod ninyo sa Simbahan ng Panginoon. Mananalangin kayo sa Ama sa Langit upang humingi ng tulong sa pagganap sa inaakala ninyong maliit na tungkulin. Ang tulong na hihingin ninyo ay ang kakayahang kalimutan ang inyong sarili at mas

tumuon sa nais ng Tagapagligtas para sa mga pinaglilingkuran ninyo.

Nadama ko na ang Kanyang impluwensya at pagiging malapit sa paglilingkod ko sa aming mga anak nang magdasal ako upang malaman kung paano sila matutulungang madama ang kapayapaang tanging ebanghelyo lamang ang makapaghahatid. Sa gayong mga sandali, hindi ko masyadong inisip na makita ng iba na tagumpay ako bilang magulang, ngunit lubos kong pinahalagahan ang tagumpay at kapakanan ng aking mga anak.

Ang hangaring maibigay sa mga pinaglilingkuran natin ang ibibigay sa kanila ng Tagapagligtas ay humahantong sa mga panalangin ng *pagsamo* sa Ama sa Langit, sa pangalan ni Jesucristo. Kapag nagdarasal tayo sa gayong paraan—sa pangalan ng Tagapagligtas, nang may pananampalataya sa Kanya—sumasagot ang Ama. Isinugo Niya ang Espiritu Santo upang gumabay, magbigay ng kapanatagan, at maghikayat sa atin. Dahil palaging sumasaksi ang Espiritu sa Tagapagligtas (tingnan sa 3 Nephi 11:32, 36; 28:11; Eter 12:41), ang kakayahan nating mahalin ang Panginoon nang buong puso, isipan, at lakas ay nadaragdagan (tingnan sa Marcos 12:30; Lucas 10:27; D at T 59:5).

Ang mga pagpapala ng araw-araw at kasalukuyang pag-alaala ay dahan-dahan at unti-unting darating habang naglilingkod tayo sa Kanya, nagpapakabusog sa Kanyang salita, at nagdarasal nang may pananampalataya sa Kanyang pangalan. At ang pag-alaalang ito ay huhubog sa atin na maging tunay na mga disipulo ng Panginoong Jesucristo sa Kanyang kaharian dito sa lupa—at kalaunan sa piling ng Kanyang Ama sa maluwalhating daigdig na darating. ■

PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Pinayuhan tayo ni Pangulong Eyring na laging alalahanin ang Tagapagligtas sa ating mga pagpili araw-araw upang mas mapalapit tayo sa Kanya. Sa mga tinuturuan ninyo, maaari ninyong basahin ang mga panalangin sa sakramento, na nagsasaad ng tipan na lagi Siyang alalahanin (tingnan sa Moroni 4:3; 5:2; D at T 20:77, 79). Isiping anyayahan ang mga tinuturuan ninyo na ilista ang mga bagay na magagawa nila bawat araw upang alalahanin ang Tagapagligtas. Maaari rin ninyo silang anyayahang ipagdasal sa Ama sa Langit ang tagumpay at kapakanan ng bawat isa. Isiping ipagdasal sila sa gayon ding paraan.

MGA KABATAAN

Pag-alaala sa Panginoon Araw-araw



Mga kaibigan, mga gawaing-bahay, mga homework, TV—napakaraming umaagaw sa ating pansin. Ngunit bawat linggo, nangangako tayo sa Ama sa Langit "na sa tuwina ay aalalahanin [natin ang Kanyang Anak na si Jesucristo]" (D at T 20:79).

Sinabi ni Pangulong Eyring na maaari tayong "gumawa ng mga pagpili araw-araw" na nakakatulong sa ating alalahanin ang Tagapagligtas. Subukang gumawa ng isang mithiin ngayong buwan upang mas maalaala ang Tagapagligtas sa bawat araw. Maaari kayong gumawa ng kalendaryo at mangakong gawin ang isang bagay bawat araw para patatagin ang inyong kaugnayan sa Kanya. Naglista si Pangulong Eyring ng mga bagay gaya ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan, pagdarasal nang may pananampalataya, at paglilingkod sa Tagapagligtas at sa ibang tao. Kasama rin ang pagsusulat sa journal, pagdalo sa mga pulong ng Simbahan, pakikinig sa pangkalahatang kumperensya, pagpunta sa templo, pag-awit ng mga himno—marami pang iba! Habang inalaala natin ang Tagapagligtas araw-araw, nangako si Pangulong Eyring na "ang mga pagpapala . . . ay dahan-dahan at unti-unting darating . . . [at] huhubugin tayo upang maging tunay na mga disipulo ng Panginoong Jesucristo."

MGA BATA

Labis na Pagmamahal

Kapag tayo ay nagbabasa ng mga banal na kasulatan o nagdarasal, nadarama natin kung gaano tayo kamahal ng Ama sa Langit at ni Jesus. Kulayan ang isang puso tuwing magdarasal o magbabasa ka ng iyong mga banal na kasulatan. Ano pa ang iyong magagawa upang madama mo na malapit ka sa Ama sa Langit at kay Jesus?



MENSAHE SA VISITING TEACHING

Pagyakap nang May Pagmamahal sa mga Naliligaw ng Landas

Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at maghangad ng inspirasyon upang malaman kung ano ang ibabahagi. Paano iha-handa ng pagkaunawa sa layunin ng Relief Society ang mga anak na babae ng Diyos para sa mga pagpapala ng buhay na walang hanggan?

Pananampalataya
Pamilya
Kapanatagan

"Ang totoo ay wala namang perpektong pamilya . . . ," sabi ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan. "Anumang mga problema ang kinakaharap ng inyong pamilya, anuman ang kailangan ninyong gawin para malutas ito, ang simula at wakas ng solusyon ay pag-ibig sa kapwa-tao, ang dalisay na pag-ibig ni Cristo."[1]

Sa mga taong hindi lubos na nakikibahagi sa ebanghelyo, sinabi ni Linda K. Burton, dating General President ng Relief Society: "Mahal ng Ama sa Langit ang lahat ng anak Niya. . . . Saan man sila naroon—nasa tamang landas man o wala—nais Niya tayong makauwi."[2]

"Gaano man [kasuwail ang inyong mga anak], . . . kapag nagsasalita o kinakausap ninyo sila, huwag itong gagawin nang may galit, huwag itong gagawin nang may kabagsikan, sa isang mapanghatol na diwa," pagtutu-ro ni Pangulong Joseph F. Smith (1838–1918). "Magsalita sa kanila nang malumanay."[3]

Inulit ni Elder Brent H. Nielson ng Pitumpu ang tagubilin ng Tagapagligtas sa mga taong may 10 piraso ng pilak at nawalan ng isa: "Hanapin ito hanggang sa matagpuan ito. Kapag ang nawa-wala ay ang inyong anak na lalaki o babae, kapatid na lalaki o babae, . . . matapos ang lahat ng [ating] magagawa, [minama-hal natin] ang taong iyon nang buong puso. . . .

"Nawa'y makatanggap tayo ng paghahayag na malaman kung paano pinakamainam na matu-tulungan ang mga tao sa ating buhay na nalihis ng landas at, kung kinakailangan, ay magka-roon ng pagtitiyaga at pagmama-hal ng ating Ama sa Langit at ng Kanyang Anak na si Jesucristo, habang tayo ay nagmamahal, umaasam at naghihintay sa ali-bughang anak."[4]

Sabi ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan: "Ipinagdasal ko nang may pananampalataya na subukan at damhin ng isang mahal ko sa buhay ang kapang-yarihan ng Pagbabayad-sala. Ipinagdasal ko nang may pana-nampalataya na dumating ang mababait na tao para tulungan sila, at dumating nga ang mga ito.

"Gumawa ng mga paraan ang Diyos para mailigtas ang bawat isa sa Kanyang mga anak."[5]

Karagdagang mga Banal na Kasulatan at Impormasyon

Mateo 18:12; Alma 31:35;
3 Nephi 13:32; D at T 121:41–42
reliefsociety.lds.org

MGA TALA

1. Dieter F. Uchtdorf, "Bilang Papuri sa mga Taong Nagliligtas," *Liahona,* Mayo 2016, 79, 80.
2. Linda K. Burton, sa Sarah Jane Weaver, "Sister Burton, Sister Wixom Visit Church's Pacific Area," *Church News,* Abr. 2, 2013, lds.org/church/news.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (1998), 306.
4. Brent H. Nielson, "Naghihintay sa Alibughang Anak," *Liahona,* Mayo 2015, 103.
5. Henry B. Eyring, "Sa Aking mga Apo," *Liahona,* Nob. 2013, 71.

Isipin Ito

Paano tayo patuloy na magpapakita ng pag-ibig sa kapwa sa mga taong ayaw ipamu-hay ang mga alituntunin ng ebanghelyo?

HINDI PA HULI ANG LAHAT PARA SA PANGALAWANG PAGKAKATAON

Ni Amber Jensen

Sinabi ng ama ng isa sa mga nagsusumikap kong mga estudyante sa kanyang anak na babae, "Hindi pa huli ang lahat para magtagumpay ka." Iyon din ang mensahe ng Panginoon sa atin.

Si Sandra ay estudyante ko sa advanced English class. Ilang linggo na mula nang nagpasukan sa taong iyon, wala siyang nagawang anumang homework o mga proyekto. Nangarap lamang siya nang gising sa kanyang upuan. Marami siyang dahilan kung bakit hindi niya natapos ang kanyang mga homework, at hindi nakita sa ugali at kilos niya na gusto niyang pumasa sa isang napakahirap na kurso.

Ipinasiya namin ng kanyang counselor o tagapayo na kausapin sina Sandra, ang kanyang ama, at ang ilan sa iba pa niyang mga guro upang malaman ang direksyong dapat niyang tahakin: dapat ba niyang bitawan ang advanced courses niya at sa halip ay kumuha na lang ng mga karaniwang kurso? Ang pinakamahalaga ay ang di-masambit na tanong na bumabagabag sa isipan naming lahat: makakahanap ba kami ng paraan para matulungang pumasa si Sandra?

Sa paniniwalang nabigyan na si Sandra ng maraming pagkakataon para pumasa ngunit pinili pa rin niyang bumagsak, nagpunta ako sa miting na lubhang dismayado. Lihim kong inasam na magpasiya siyang bitawan ang klase ko para hindi ko na siya problemahin. Pakiramdam ko ay ginawa ko na ang lahat ng makakaya ko at huli na ang lahat.

Sa miting, nabunyag sa kilos ni Sandra na duda rin siya sa kakayahan niyang pumasa. Nakatitig siya sa mesa nang sabihin ko sa kanya na bagsak siya sa English class. Habang kinukumpirma ng history teacher ni Sandra na bagsak din siya sa klase nito, lalo siyang nanlupaypay sa kanyang upuan at nakita kong pumapatak ang luha sa kanyang mga pisngi.

Dahil sa habag, ipinaliwanag ko sa kanya at sa kanyang ama na kung gustong pumasa ni Sandra sa mahihirap na kursong ito, kailangan niyang baguhin ang ugali na nagpahamak sa kanya at magiging napakahirap nito.

Isang Mensahe mula sa Kanyang Ama

Pagkatapos ay bumaling ang counselor o tagapayo sa ama ni Sandra, isang lalaking kakaunti ang pinagaralan na tila hindi komportableng mapunta sa paaralan. Tinanong siya ng counselor o tagapayo kung may itatanong siya sa mga guro. Wala raw at nagpasalamat siya sa mga nagawa namin para kay Sandra. Pero pagkatapos ay sinabi niya na may sasabihin siya sa kanyang anak.

Kinabahan ako. Naging bahagi ako ng ilang kumperensya ng mga magulang at guro kung saan hayagang binulyawan ng mga magulang ang kanilang mga anak sa harap ng mga guro at tagapayo, pinagagalitan sila sa kanilang katamaran, pagpapabaya, at kawalan ng ganang magsikap. Inihanda ko ang sarili ko na marinig itong muli.

Sa halip ay nagulat ako sa narinig ko. Bumaling ang mapagpakumbabang ama ni Sandra sa kanyang lumuluhang 16-na-taong-gulang na anak na hiyang-hiya at nagsisisi at sinabi rito, "Hindi pa huli ang lahat. Hindi pa huli ang lahat para pumasa ka. Talagang hindi pa huli ang lahat."

Nilisan ko ang miting na iyon na nagpapasalamat sa kanyang mapagmahal na reaksyon ngunit nag-alala ako na wala siyang ideya kung ano ang kailangan para makapasa ang kanyang anak sa puntong ito. Tila imposible na. Dumating ang balita kalaunan na nagpasiya siyang bitawan ang kanyang history class pero hindi ang English class ko.

Kalaunan nang araw na iyon habang nakaluhod ako sa panalangin, pinag-iisipan ang sarili kong mga pagkukulang at humihingi ng tawad sa aking Ama sa Langit, natanto ko kung gaano kalaki ang natutunan ko mula sa ama ni Sandra. Sa mga pagkakataong naramdaman ko ang kawalan ng kapanatagan at damdamin ng kakulangan sa sarili kong buhay, naisip ko kung karapat-dapat o nararapat ba akong bigyan ng pangalawang

pagkakataon. Sa mga sandaling iyon, ang Panginoon, tulad ng ama ni Sandra, ay pinili na hindi ako pagalitan kundi sa halip ay muling tiyakin na: "Hindi pa huli ang lahat, anak ko." Hindi pa huli ang lahat."

Ang Mensahe ng Ebanghelyo

Gaano tayo kadalas naniwala sa mensahe ng kaaway na wala na tayong pag-asa? Ngunit iba ang sinasabi sa atin ng mga propeta. Ipinahayag ni Isaias, "Manumbalik siya sa Panginoon, at kaaawaan niya siya; at sa aming Dios, sapagka't siya'y magpapatawad nang sagana" (Isaias 55:7). Idinagdag ni Mormon ang kanyang patotoo, "Kasindalas na sila ay magsisi at humingi ng kapatawaran, nang may tunay na layunin, sila ay pinatatawad" (Moroni 6:8). Ang kagalakan ng ebanghelyo ay na hindi pa huli ang lahat. Sapagkat kapag madalas tayong humingi ng tawad, tutulutan tayo ng pagtubos ng Panginoon na magsimulang muli.

Ginanahang magsimulang muli, nakitaan si Sandra ng mga unti-unti ngunit malalaking pagbabago. Hindi naging madali ang pagbabago—kinailangan nito ng araw-araw na pagsisikap na daigin ang masasama niyang gawi—ngunit nakita niya ang mga gantimpala ng kanyang mga pagsisikap nang unti-unting tumaas ang kanyang marka.

Sa pananaw ng ebanghelyo, ang huling marka natin ay hindi isasa-alang-alang kung gaano katagal tayong pinanghinaan ng loob o gaano tayo napalayo sa Simbahan. Sa halip, hahatulan ng Panginoon ang ating buhay batay sa direksyong tinatahak natin, kung paano tayo nagsisi, at gaano tayo umasa sa Pagbabayad-sala ng Panginoon.

Sa limitadong pang-unawa ko, nagduda ako sa kakayahan ni Sandra na madaig ang mga pagkakamali niya noon. Sa kabilang banda, hindi nawawalan ng pag-asa ang ating sakdal na Ama kailanman sa kakayahan ng Kanyang mga anak na makamit ang kaligtasan sa pagiging sakdal kay Cristo. Hindi mahalaga kung gaano na tayo kalayo; lagi Niyang hahanapin ang nawawala. Nakikiusap sa atin ang Panginoon na huwag nang malihis sa landas ng pagkakasala bilang mga dayuhan kundi sa halip ay hanapin Siya nang may pag-asa at tamasahin ang mga pagpapala ng Kanyang walang-hanggang Pagbabayad-sala. Tunay ngang hindi pa huli ang lahat. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Virginia, USA.

PAGLALARAWAN NI KELLEY MCMORRIS

ISANG ELEPANTE SA LOOB NG KLASE

Ang mga teacher council meeting ay hindi lamang binabago ang paraan ng ating pagtuturo; binabago ng mga ito ang paraan ng ating pagkatuto.

Nina Jessica Griffith at Richard M. Romney
Mga Magasin ng Simbahan

Nahaharap si Mzwakhe Sitole sa isang hamon. Bilang ward Sunday School president, binigyan siya ng Diyos ng responsibilidad na tumulong na mapagbuti ang pagkatuto at pagtuturo ng ebanghelyo sa ward.[1]

Ngunit ang mga miyembro ng kanyang ward sa Johannesburg, South Africa, sa ilang pagkakataon, ay lubhang magkakaiba ang mga pinagmulan at inaasahan. Ang ilan ay mataas ang pinag-aralan; ang iba naman ay hindi. Naturuan ang iba na ang tungkulin ng estudyante ay makinig, at hindi magsalita. Ang ilan ay hinaharap ang pagkakaibang kultural sa pag-unawa na *kapwa* kalalakihan at kababaihan ay dapat makilahok sa pagtuturo sa simbahan at sa tahanan.

"Mayroon din kaming mga estudyante na iba't ibang wika ang gamit," sabi ni Brother Sitole. "Pero nais ng Espiritu na gabayan ang bawat isa."

Nang pasimulan ang mga teacher council meeting at ang *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas* noong nakaraang taon, nagsimulang magdaos ng mga teacher council meeting ang mga ward at branch sa buong Simbahan upang talakayin, matutunan, at magamit ang paraan ng pagtuturo ng Tagapagligtas.

Noon nagsimulang makita ni Brother Sitole kung paano magagawang pagpalain ng mga teacher council meeting ang kanyang ward. Malulutas ang mga hamong pang-kultura, madaragdagan ang pakikibahagi sa klase, at maaaring maging mga pagpapala ang iba't ibang pananaw ng mga miyembro.

Gaya ng marami pang iba sa buong mundo, natanto ni Brother Sitole na hindi ginagamit ng Panginoon ang mga teacher council meeting para lamang baguhin ang paraan ng ating pagtuturo; ginagamit Niya ito para baguhin din ang paraan ng ating pagkatuto.

Isang Elepante na Medyo Kakaiba

Ang isa sa pinaka-interesanteng tuklas para kay Brother Sitole ay habang binibigyang-kakayahan ng mga guro ang mga estudyante na makibahagi sa sarili nilang pagkatuto, lahat ay nakikinabang sa pinalawak na pananaw na ibinibigay ng iba't ibang perspektibo.

Dumating ang pag-unawang iyan kay Brother Sitole sa isang teacher council meeting nang ikuwento ng isang miyembro ng ward ang talinghaga ng mga bulag na lalaki at ng elepante, na medyo kakaiba. Sinasabi sa talinghaga kung paano magkakaibang inilarawan ng anim na bulag ang isang elepante (ang isang binti ay parang haligi, ang buntot ay parang lubid, ang nguso ay parang labasan ng tubig

sa poso, at iba pa) dahil magkakaiba ang parteng hawak ng bawat isa.[2]

"Pero sabihin nating kinakatawan ng elepante ang pagtuturo ng ebanghelyo," sabi ng Brother Sitole. "Sa gayon ay kailangan nating bigyang-kakayahan ang bawat miyembro ng klase na ibahagi ang kanilang pananaw, upang sama-sama tayong magkaroon ng iisang pag-unawa kung paano tayo pinagpapalang lahat ng ebanghelyo."

Kaya palaging umuupo nang magkakaharap sa isang mesa ang mga guro sa ward ni Brother Sitole sa oras ng teacher council meeting—upang mapadali ang talakayan. "Ipinapaalala nito sa atin na lahat ay maaaring magbigay ng opinyon," sabi niya.

Ayon sa *Kanilang* mga Pangangailangan

Sa Tokyo, Japan, nagduda si Natsuko Soejima kung mahusay nga siyang magturo. "Nang tinawag ako upang maging youth Sunday School teacher," sabi niya, "sinabi ko sa bishop na matatakot ako. Pero sinabi niyang ang tawag na iyon ay mula sa Diyos, kung kaya't tinanggap ko."

Bilang isang grupo, natakot siya sa klase dahil sa mga indibiduwal na hamong kanilang inilahad. Dalawa sa mga kabataan ang may kapansanan sa pandinig. Ang ilang miyembro ng klase na lumipat sa Japan mula sa ibang bansa ay Ingles lang ang wikang gamit. Natakot din siya sa agwat ng edad sa pagitan niya at ng mga miyembro ng kanyang klase.

Pagkatapos, sa isang teacher council meeting, nalaman ni Sister Soejima ang sagot. "Pinag-usapan namin ang pagmamahal sa bawat miyembro ng klase, pag-alam sa kanilang pangangalan, pagdarasal para sa bawat isa sa kanila, at pagtuturo—sa patnubay ng Espiritu—alinsunod sa *kanilang* mga pangangailangan," paliwanag niya, "kaya iyan ang sinimulan kong gawin." May iba rin siyang ginawa na natutunan niya sa council: "Gumamit ako ng pananalitang nagpadama ng aking pagmamahal."

Ang resulta? "Nagbago ang puso ko. Nakadama ako ng pagmamahal para sa mga estudyante ko. Pinahalagahan ko ang mga taong nawawala at ipinagdasal ko rin sila. Sa oras na matapos ang isang lesson, naghahanda na ako para sa susunod, para may oras pa akong mag-isip tungkol sa mga pagtuturo. Napuspos ako ng kagalakan."

Mga Partikular na Sagot

Sinisiguro ni Brad Wilson, isang Sunday School president sa Minnesota, USA, na hindi umaalis ang mga guro sa teacher council meeting hangga't hindi nila napag-uusapan kung paano sila magbabago dahil sa mga natutunan nila.



"Sinusunod namin ang balangkas na nasa *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas*," sabi ni Brother Wilson. "Tinatalakay namin ang mga karanasan ng mga guro, pagkatapos ay tinatalakay namin ang isa sa mga iminungkahing paksa. Bilang facilitator, nagtatanong ako at ibinubuod ko ang mga ideya. Pagkatapos ay ipinatutupad namin iyon. Naghahati-hati kami sa maliliit na grupo at pinag-uusapan namin, 'Ano ang gagawin ko dahil sa napag-usapan natin sa miting ngayon?'"

Sabi ni Ron Goodson, isang deacons quorum instructor sa ward ding iyon, na hanga raw siyang makita kung paano "tinuturuan" ni Brother Wilson ang council. "Pinag-uusapan namin kung paano magturo ang Tagapagligtas," sabi niya. "At kapag nadama mo ang Espiritu, iisipin mo, 'Dapat kong subukan ito sa klase ko.' Nagbabago ang iyong pamamaraan kapag inisip mo ang Tagapagligtas. Hindi mo na gaanong iisiping 'Kailangan kong maghanda ng lesson,' at mas iisipin mo kung, 'Ano ang kailangan ng mga deacon na ito at paano ako makatutulong na maibigay iyon sa kanila?'"

Naaalala niya ang isinulat niya sa kanyang journal, "Dumalo ako sa teacher council meeting ngayon, at ito ang kailangan kong gawin." Sa katunayan, puno ang journal niya ng gayong mga tala. Naghahanda na siya ngayon nang maaga: "Magsimula nang maaga at buong linggo kang tatanggap ng mga pahiwatig." Tinatanong niya ang mga deacon kung ano ang nangyayari sa kanilang buhay: "Mas epektibo ako sa pagtulong sa kanila kapag mas kilala ko sila." At inaanyayahan niya ang mga deacon na magturo: "Habang ginagawa nila iyon, mas natututo rin sila."[3]

Patuloy Akong Umaawit

"Sa aming council, pinag-usapan namin kung paano maaanyayahan ng musika ang Espiritu," sabi ni Jocelyn Herrington, isang Primary teacher sa ward ding iyon sa Minnesota. "Kalaunan, nagturo ako sa Sunbeams. Naisip ko, 'Aawit ako habang nagkukulay sila, at magiging masaya iyon.' Nagsimula akong umawit, at napatigil silang lahat

KARAGDAGANG IMPORMASYON

Upang malaman ang iba pa tungkol sa mga teacher council meeting at *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* bisitahin ang **teaching.lds.org.**

at nakinig. Kaya't nagpatuloy ako. Inihatid nga nito ang Espiritu, at nang matapos ako, mapitagan na sila, at hinintay nila akong magsalita. Napag-usapan na rin namin iyan [sa council], na magpatotoo kapag dumating ang pagkakataon. Kung kaya't nagpatotoo ako sa mga salitang nauunawaan nila."

Sabi ni Sister Herrington, nagpapasalamat siya dahil kasali ang mga Primary teacher sa mga council meeting. "Pinag-uusapan namin ang pagtuturo sa matatanda," sabi niya, "pero pagkatapos ay sasabihin ni Brother Wilson, 'Paano na ang pagtuturo sa mga kabataan? Paano na ang pagtuturo sa mga bata?' Ipinapaalala niya sa amin na lahat ng iba't ibang edad ay naroon."

Mula sa isang Council tungo sa isa pang Council

Sabi ni Adam Martin, isang ward Sunday School president sa Calgary, Alberta, Canada, pinasasalamatan daw niya ang mga mungkahi sa ward council. "Sasabihin ng Relief Society president o elders quorum president, 'Nais naming pagtuunan ito ng pansin ng mga guro,' kaya pinag-uusapan namin iyan sa teacher council [meeting]," sabi niya.

Noong unang pasimulan ang mga teacher council meeting, hindi matiyak ng mga guro kung ano ang aasahan, kung kaya't nagpaabot siya ng maraming personal na paanyaya at nagpasimula ng mga materyal sa pagsasanay na makukuha sa teaching.lds.org. "Ngayo'y palagi nang may miting," sabi niya. "Alam nila na doon pinag-uusapan kung ano ang nangyayari."

Isang miting kamakailan ang tumuon sa pagsunod sa Espiritu. "Pinag-usapan namin ang paghahanda nang mabuti nang hindi nag-aalalang pag-uusapan ang lahat ng mga paksa," sabi niya. "Sabi ng isang sister, palagi niyang nadarama na kailangan niyang banggitin ang bawat item sa kanyang lesson plan. Makikita ninyo na unti-unti siyang naliwanagan nang pag-usapan namin ang pagsunod sa inspirasyon habang ginagabayan ninyo ang isang talakayan."

Sama-samang Paghahanap ng mga Solusyon

Bawat sitwasyon sa pagtuturo ay may sariling mga oportunidad, hamon, at potensyal na mga pagpapala. Kung kaya't ang mga council ay epektibo, dahil tinutulutan nito ang mga guro, sa tulong ng Espiritu, na maghangad at makahanap ng mga sagot sa *kanilang* partikular na mga hamon.

Sabi ni Geoffrey Reid, isang stake Sunday School president sa Arizona, USA, pinakaepektibo ang mga teacher council meeting kapag nauunawaan ng mga guro na ang kanilang layunin ay magpayo: "Sa gayo'y nakikita nila na matutulungan nila ang bawat isa."

Ang stake, sabi niya, ay nakatuon sa pagtulong sa mga guro na baguhin ang kaisipan mula sa, "Mahusay ba akong magturo?" tungo sa, "Paano nila tinatanggap ang mensahe?"

Sabi ni Marisa Canova, isang Primary teacher sa stake, bilang sagot sa isang pahiwatig na nadama niya sa teacher council, hinihikayat na niya ngayon ang kanyang mga estudyante sa Valiant 8 na ipagdasal ang isa't isa. Epektibo iyon, subalit baka hindi iyon epektibo sa isang klase para sa mga nasa hustong gulang. "Napakahirap sigurong ipagdasal ang bawat miyembro sa isang malaking klase ng Gospel Doctrine," sabi niya. 'Mabuti na lamang, sinasabi ng mga gurong iyon, 'Sa palagay ninyo paano natin maiaakma iyan sa ating klase?' At sama-sama kaming naghahanap ng mga solusyon.

"Ang pinasasalamatan ko tungkol sa mga teacher council meeting," sabi niya, "ay binibigyan tayo nito ng oras upang pagnilayan kung ano ang lagay ng ginagawa natin at kung ano ang ating ginagawa. Nakakatulong ang makatanggap ng suporta at feedback, na nadarama na iisa ang mithiing pinagsisikapan ninyong matamo. Gusto ko rin ang iba't ibang pananaw na hatid ng maraming tao sa miting. Tinutulungan ako nitong isipin ang mga bagay na talagang hindi ko magagawang isiping mag-isa."

Habang nakikilahok at nagbabahagi tayo sa mga teacher council meeting, unti-unting lumilinaw ang pag-unawa natin sa elepante na tinatawag na "pagtuturo ng ebanghelyo." Gaya ni Brother Sitole sa Aprika, natutuklasan ng maraming miyembro sa buong Simbahan na habang nadaragdagan ang kakayahan nating magturo sa paraan ng Tagapagligtas, binabago nito hindi lamang ang paraan ng ating pagtuturo kundi maging ang paraan ng ating pagkatuto. ■

MGA PAGBABAGO SA MGA MITING SA LINGGO SA 2018

Simula sa Enero, magkakaroon ng mga pagbabago sa mga miting ng Melchizedek Priesthood at Relief Society. Ang mga pagbabagong ito ay nagmumula sa natutunan ng mga miyembro sa mga teacher council meeting. Isang paliwanag tungkol sa mga pagbabago, kabilang na ang mga bagong materyal sa lesson, ang ilalaan—simula sa susunod na buwan—sa mga edisyon ng mga magasin ukol sa kumperensya, sa Gospel Library app, at sa LDS.org.

MGA TALA

1. Tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 12.2.2.
2. Ang talinghaga ay kasama sa Dieter F. Uchtdorf, "Ano ang Katotohanan?" (debosyonal ng Church Educational System para sa mga young adult, Ene. 13, 2013), broadcasts.lds.org; at Dieter F. Uchtdorf, "What Is the Truth?" *Friend,* Mar. 2017, 2.
3. Para sa mga karagdagang mungkahi, tingnan sa Brian K. Ashton, "Pagtulong sa mga Kabataan na Magturo," *Liahona,* Ago. 2016, 24–25.

“Maraming [espiritung] umaasam na magawa ng kanilang mga kaibigang nabubuhay pa ang mga ordenansa sa templo para sa kanila,” sabi ng yumao kong lolo-sa-tuhod noong magpakita siya sa lolo kong si A. C. Nelson.

Buksan ANG Kalangitan

SA PAMAMAGITAN NG GAWAIN SA TEMPLO AT FAMILY HISTORY



Ni Pangulong Russell M. Nelson
Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol
At ni Wendy W. Nelson

Sa kanilang paglalahad sa 2017 RootsTech Family History Conference, inanyayahan ni Pangulong Russell M. Nelson at ng kanyang asawang si Wendy ang mga Banal sa mga Huling Araw na mapanalanging isaalang-alang kung anong klaseng sakripisyo ang kanilang magagawa upang makagawa ng mas maraming gawain sa templo at family history.

Pangulong Nelson: Noong bata pang asawa at ama ang lolo kong si A. C. Nelson, 27 anyos pa lamang siya noon, ay pumanaw na ang kanyang ama. Pagkaraan ng mga tatlong buwan, dinalaw siya ng kanyang yumaong ama, na aking lolo-sa-tuhod. Ang petsa ng pagdalaw na iyon ay gabi ng Abril 6, 1891. Hangang-hanga si Lolo Nelson sa pagdalaw ng kanyang ama kaya isinulat niya ang karanasang iyon sa kanyang journal para sa kanyang pamilya at mga kaibigan.

"Nakahiga na ako sa kama nang pumasok si Itay sa silid," pagsulat ni Lolo Nelson. "Lumapit siya at naupo sa tabi ng kama. Sabi niya, 'Anak, dahil may ilang minuto pa ako, tumanggap ako ng pahintulot na puntahan at makita ka nang ilang minuto. Maganda ang pakiramdam ko, anak, at napakarami kong gagawin mula nang pumanaw ako.'"

Nang tanungin siya ni Lolo Nelson kung ano ang ginagawa niya, sinagot siya ng kanyang ama na abala ito sa pagtuturo ng ebanghelyo ni Jesucristo sa daigdig ng mga espiritu.

"Hindi mo mawawari, anak, kung ilang espiritu ang nasa daigdig ng mga espiritu ang hindi pa nakakatanggap ng ebanghelyo," sabi niya. "Pero maraming tumatanggap nito, at dakilang gawain ang isinasakatuparan. Maraming umaasam na magawa ng kanilang mga kaibigang nabubuhay pa ang mga ordenansa sa templo para sa kanila."

Sabi ni Lolo Nelson sa kanyang ama, "Balak naming magpunta sa templo at mabuklod sa inyo, Itay, sa lalong madaling panahon."

MGA LARAWANG GUHIT NI BJORN THORKELSON; BACKGROUND, CELL PHONE, AT TABLET MULA SA GETTY IMAGES

A. C. Nelson, lolo ni Pangulong Russell M. Nelson.

Sumagot ang aking lolo-sa-tuhod: “Isang dahilan iyan, anak, kaya ako nakipagkita sa iyo. Bubuin pa natin ang pamilya at mabubuhay tayo sa buong kawalang-hanggan.”

Sa gayo’y itinanong ni Lolo Nelson, “Itay, totoo po ba ang ebanghelyong itinuturo ng Simbahang ito?”

Itinuro ng kanyang ama ang isang larawan ng Unang Panguluhan na nakasabit sa dingding ng silid.

“Anak, kung paano mo nakikita na totoo ang larawang iyan, ganyan din katotoo ang ebanghelyo. Nasa ebanghelyo ni Jesucristo ang kapangyarihan ng pagliligtas sa bawat lalaki at babae na susunod dito, at wala nang iba pang paraan para matamo nila ang kaligtasan sa kaharian ng Diyos. Anak, lagi kang kumapit nang mahigpit sa ebanghelyo. Maging mapagpakumbaba, maging madasalin, maging masunurin sa priesthood, maging totoo, at maging tapat sa mga tipang ginawa mo sa Diyos. Huwag kang gumawa kailanman ng anumang bagay na magpapagalit sa Diyos. Ah, kaylaking pagpapala ng ebanghelyo. Anak, magpakabait ka sana.”

Sister Nelson: Gustung-gusto ko ang lahat ng M na iyon. Maging mapagpakumbaba, maging madasalin, maging masunurin sa priesthood, maging totoo, at maging tapat sa mga tipang ginawa mo sa Diyos. . . . Magpakabait ka sana.” Anim na M na hatid sa iyo ng iyong pumanaw na lolo-sa-tuhod. Talagang para siyang si Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) nang ibinigay niya ang kanyang anim na M.[1]

Pangulong Nelson: Oo nga, ano? Napakahalaga sa akin na iniwan ng lolo ko ang rekord na iyon para sa amin. Nalaman namin na ang mga anak ng kanyang ama kalaunan ay nabuklod sa kanya. Kung kaya’t ang dahilan ng kanyang pagdalaw ay naisakatuparan.

Ang Diwa ni Elijah

Pangulong Nelson: Ipinaliliwanag ng isang pangalang may malaking kahalagahan sa mga banal na kasulatan kung bakit napakahalaga ng pamilya. Ang pangalang iyon ay Elijah. Ang literal na kahulugan ng EL-I-JAH sa Hebreo ay “Si Jehova ay aking Diyos.”[2] Isipin ninyo ito! Nakapaloob sa mga pangalan ni Elijah ang mga katagang Hebreo kapwa para sa Ama at sa Anak.

Sister Nelson: Si Elijah ang huling propetang may hawak ng kapangyarihan ng pagbubuklod ng Melchizedek Priesthood bago dumating ang panahon ni Jesucristo. Ang misyon ni Elijah ay ibaling ang puso ng mga anak sa mga ama, at ang puso ng mga ama sa mga anak, upang mabuklod sila, at kung hindi, “ang buong mundo ay *lubos na mawawasak* sa kanyang pagparito” (Joseph Smith—Kasaysayan 1:39; idinagdag ang pagbibigay-diin). Medyo matapang ang pananalitang iyon.

Pangulong Nelson: Gusto kong iturin ang diwa ni Elijah na “isang pagpapakita ng Espiritu Santo na nagpapatotoo sa likas na kabanalan ng pamilya.”[3] Ayon sa Bible Dictionary, “Ang kapangyarihan ni Elijah ay kapangyarihan ng pagbubuklod ng priesthood kung saan ang mga bagay na tinalian o kinalagan sa lupa ay tatalian o kakalagan sa langit” (“Elijah”).

Sister Nelson: Kaya kapag sinabi natin na ang diwa ni Elijah ay kumikilos sa mga tao upang hikayatin silang hanapin ang kanilang yumaong mga kamag-anak, sinasabi talaga natin na nagpapahiwatig sa atin ang Espiritu Santo na gawin ang mga bagay na magtutulot sa mga pamilya na mabuklod nang walang hanggan.

Pangulong Nelson: Masarap ibaling ang puso ng mga anak sa kanilang mga ama sa pagbabahagi sa kanila ng mahahalagang kuwento ng kasaysayan ng pamilya sa mga paraang madaling gawin at hindi malilimutan. Siguro kapag nasa harapan natin palagi ang mga dokumento ng kasaysayan, kuwento, retrato, at alaala ng ating pamilya, lalakas ang ating patotoo (tingnan sa Mosias 1:5). Kapag inilagay natin ang mga ito sa ating mga dingding, mesa, computer, mga iPad, at maging sa ating cell phone, mahihikayat siguro tayong gumawa ng mas mabubuting pasiya at mas mapapalapit sa Panginoon at sa ating pamilya.

Gayunman, kung iyon lamang ang gagawin natin, hindi pa talaga sapat ang nagawa natin. Bilang mga miyembro ng Simbahan, ang interes natin sa paggawa ng family history ay nahikayat ng utos mula sa Panginoon na hindi magagawang ganap ang ating mga ninuno kung wala tayo at hindi tayo magagawang ganap kung wala sila (tingnan sa D at T 128:15). Ibig sabihin ay dapat tayong mapag-ugnay ng mga sagradong ordenansa ng pagbubuklod sa templo. Dapat tayong maging matitibay na kawing sa kadena mula sa ating mga ninuno hanggang sa ating mga inapo. Kung pangongolekta ng mga kuwento at retrato lamang ang magiging tunguhin—kung kilala natin ang ating mga ninuno at alam natin ang kagila-gilalas na mga bagay tungkol sa kanila, ngunit iiwan natin sila sa kabilang-buhay nang hindi nagagawa ang mga ordenansa para sa kanila—hindi iyon makakatulong sa ating mga ninuno na nananatiling nakakulong sa bilangguan ng mga espiritu.

Sister Nelson: Mahalagang ingatan ang mga kuwento tungkol sa ating mga ninuno, ngunit hindi ito dapat maging kapalit ng pagkumpleto ng mga ordenansa para sa ating mga ninuno. Kailangan tayong maglaan ng oras sa pagkuha ng impormasyon tungkol sa pagkamarapat sa ordenansa ng ating mga ninuno.

Pangulong Nelson: At nangangahulugan iyan ng pagsasakripisyo ng oras na karaniwan nating ginugugol sa iba pang mga aktibidad. Kailangan tayong mag-ukol ng mas maraming oras sa templo at sa pagsasaliksik sa family history, kasama na ang indexing.

Sister Nelson: Talagang naghahatid ng mga pagpapala ng langit ang sakripisyo.[4] Napagpala akong makita ang maraming ninuno na tiwala akong handa nang makipagtipan sa Diyos at tumanggap ng kailangan nilang mga ordenansa. Sa paglipas ng panahon, nalaman ko na kung nagtatrabaho ako sa isang napakalaking proyekto at naubusan ako ng oras, lakas, at mga ideya,

kung magsasakripisyo ako ng oras sa paghahanap ng impormasyon tungkol sa pagkamarapat sa ordenansa para sa ilang ninuno o sa pagpunta sa templo upang mag-proxy para sa kanila, bumubukas ang kalangitan at nagsisimulang dumaloy ang lakas at mga ideya. Kahit paano nagkaroon ako ng sapat na panahon upang makaabot sa aking deadline. Imposible talaga, ngunit laging ganoon ang nangyayari. Ang gawain sa templo at family history ay nagdudulot sa akin ng galak na talagang hindi maibibigay ng mundong ito.

Family History at Gawaing Misyonero

Pangulong Nelson: Kung missionary ako ngayon, ang dalawang pinakamatalik kong kaibigan sa ward o branch na pinaglilingkuran ko ay ang ward mission leader at ang ward temple and family history consultant.

Likas na hangad ng mga tao na may malaman tungkol sa kanilang mga ninuno. Nagiging likas na pagkakataon iyan para sa ating mga missionary. Habang natututunan ng mga missionary na mahalin ang kanilang mga tinuturuan, natural na magtatanong sila tungkol sa kanilang pamilya. "Buhay pa ba ang inyong mga magulang? Buhay pa ba ang inyong mga lolo't lola? Kilala ba ninyo ang apat na lolo't lola ninyo?" Madaling dumadaloy ang mga pag-uusap kapag yaong mga naaakit na makipag-usap sa mga missionary ay hinihikayat na magsalita tungkol sa mga taong mahal nila.

Sa puntong iyon maaaring maging natural sa mga missionary, pati na sa mga member-missionary, na magtanong ng, "Kilala mo ba ang sinuman sa mga kanunu-nunuan ninyo? Alam ba ninyo ang kanilang mga pangalan?" Malamang na hindi alam ng mga investigator ang mga pangalan ng lahat ng kanilang walong lolo at lola-sa-tuhod.

Sa gayon ay maaaring magbigay ng ganitong mungkahi ang mga missionary: "May kaibigan ako sa simbahan namin na makakatulong. Kung mahahanap natin ang mga pangalan ng ilan o baka lahat pa ng kanunu-nunuan ninyo, magiging sulit ba ang ilang oras ninyo upang alamin kung sino ang inyong mga kanunu-nunuan?" Ang kaibigang iyon sa simbahan, mangyari pa, ay ang ward temple and family history consultant.

Sister Nelson: Palagay ko makapapanatag sa mga missionary ang malaman na hindi sila nag-iisa kailanman kapag naghahanap at nagtuturo sila sa mga taong nakikinig sa mga katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Si Pangulong George Q. Cannon (1827–1901), na naglingkod bilang tagapayo sa apat na Pangulo ng Simbahan, ay nagturo na sa mga huling araw na ito, yaong mga sumasapi sa Simbahan ay sumasapi sa kadahilanang matagal nang ipinagdarasal ng kanilang mga ninuno na sumapi ang isa sa kanilang mga inapo sa Simbahan upang matanggap nila, ang mga ninuno, ang kailangan nilang mga ordenansa sa pamamagitan ng proxy.[5]

Kadakilaan: Responsibilidad ng Buong Pamilya

Pangulong Nelson: Ang kadakilaan ay responsibilidad ng buong pamilya. Sa pamamagitan lamang ng nakapagliligtas na mga ordenansa ng ebanghelyo ni Jesucristo mapapadakila ang mga pamilya. Ang pinakadakilang layuning pinagsusumikapan natin ay maging masaya tayo bilang pamilya—tumanggap ng endowment, mabuklod, at handa para sa buhay na walang hanggan sa piling ng Diyos.

Sister Nelson: Bawat klaseng dinadaluhan natin sa Simbahan, bawat panahon na naglilingkod tayo, bawat pakikipagtipan natin sa Diyos, bawat ordenansa ng priesthood na tinatanggap natin, lahat ng ginagawa natin sa Simbahan ay maghahatid sa atin sa banal na templo, sa bahay ng Panginoon. Labis ang kapangyarihang matatanggap ng isang magasawa at kanilang mga anak sa pamamagitan ng ordenansa ng pagbubuklod kapag tinupad nila ang kanilang mga tipan.

Pangulong Nelson: Araw-araw pinipili natin kung saan natin gustong mabuhay nang walang hanggan sa ating iniisip, nadarama, sinasabi, at ikinikilos. Ipinahayag na ng ating Ama sa Langit na ang Kanyang gawain at Kanyang kaluwalhatian ay ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng Kanyang mga anak (tingnan sa Moises 1:39). Ngunit *nais* Niyang piliin nating makabalik sa Kanya. Hindi Niya tayo pipilitin sa anumang paraan. Ang katumpakan ng pagtupad natin ng ating mga tipan ay nagpapakita sa Kanya kung gaano

natin ninanais makabalik sa piling Niya. Bawat araw ay naglalapit o naglalayo sa atin mula sa ating maluwalhating posibilidad na mabuhay nang walang hanggan. Kailangan ng bawat isa sa atin na tuparin ang ating mga tipan, magsisisi araw-araw, at hangaring maging higit na katulad ng ating Tagapagligtas. Saka lamang magkakasama-sama ang mga pamilya magpakailanman.

Sister Nelson: Pinatototohanan ko na gaano man kaganda ang inyong buhay ngayon, o gaano man ito nakakapanghina at nakakasama ng loob, pagagandahin ito ng paggawa ninyo ng gawain sa templo at family history. Ano ang kailangan ninyo sa inyong buhay ngayon? Mas maraming pag-ibig? Mas maraming kagalakan? Higit na pagpipigil sa sarili? Mas maraming kapayapaan? Mas maraming makabuluhang mga sandali? Mas madama na nakakagawa kayo ng kaibahan? Mas maraming kasiyahan? Mas maraming sagot sa mapanuri ninyong mga tanong? Mas masinsinang pakikipag-ugnayan sa iba? Mas maunawaan ang binabasa ninyo sa mga banal na kasulatan? Higit na kakayahang magmahal at magpatawad? Higit na kakayahang manalangin nang mabisa? Mas maraming inspirasyon at malikhaing mga ideya para sa inyong gawain at iba pang mga proyekto? Mas maraming oras para sa mga bagay na talagang mahalaga?

Nakikiusap ako na magsakripisyo kayo ng panahon sa Panginoon sa pamamagitan ng pagdaragdag ng oras sa paggawa ninyo ng gawain sa templo at family history, at pagkatapos ay masdan ninyo kung ano ang mangyayari. Pinatototohanan ko na kapag ipinakita natin sa Panginoon na seryoso tayo sa pagtulong sa ating mga ninuno, mabubuksan ang kalangitan at matatanggap natin ang lahat ng ating kailangan.

Pangulong Nelson: Magkakainspirasyon tayo buong araw tungkol sa mga karanasan sa templo at family history na naranasan ng iba. Ngunit may kailangan tayong gawin upang tayo mismo ang makaranas ng kagalakang dulot nito. Gusto kong hamunin ang bawat isa sa atin para magpatuloy at mag-ibayo pa ang magandang pakiramdam sa gawaing ito. Hinihikayat ko kayo na mapanalanging isaalang-alang kung anong klaseng sakripisyo—mas mainam kung pagsasakripisyo ng oras—ang magagawa ninyo upang mas marami kayong magawa sa templo at family history sa taong ito.

Abala tayo sa gawain ng Diyos na Maykapal. Siya ay buhay. Si Jesus ang Cristo. Ito ang Kanyang Simbahan. Tayo ay Kanyang mga pinagtipanang anak. Makaaasa Siya sa atin. ■

Mula sa isang paglalahad sa RootsTech 2017 Family History Conference sa Salt Lake City, Utah, USA, noong Pebrero 11, 2017. Upang mapanood ang rekording ng paglalahad sa Ingles, Portuges, o Espanyol, bisitahin ang lds.org/go/1017Nelson.

MGA TALA

1. Tingnan sa Gordon B. Hinckley, "Payo at Panalangin ng Isang Propeta para sa Kabataan," *Liahona,* Abr. 2001, 30–41.
2. Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Elijah."
3. Russell M. Nelson, "A New Harvest Time," *Ensign,* Mayo 1998, 34.
4. Tingnan sa "Purihin ang Propeta," *Mga Himno,* blg. 21.
5. Tingnan sa *Gospel Truth: Discourses and Writings of President George Q. Cannon,* tinipon ni Jerreld L. Newquist, 2 tomo (1974), 2:88–89.

ALAMIN BAGO MAGPUNTA:

Mga Binyag sa Templo

Hindi na kailangang maghintay. Lahat ng karapat-dapat na miyembro, kabilang na ang mga kabataan at bagong miyembro, ay maaari nang maglingkod sa templo.

Ni Heather J. Johnson
Mga Magasin ng Simbahan

"Maging tunay na paladalo at mapagmahal tayo sa templo," sabi ni Pangulong Howard W. Hunter (1907–95). "Dapat tayong magmadaling pumunta sa templo nang madalas . . . hangga't itinutulot ng ating kalagayan. Dapat tayong magpunta hindi lamang para sa ating mga kamag-anak na namatay kundi para rin sa personal na pagpapala ng pagsamba sa templo, para sa kabanalan at kaligtasan sa loob ng pinabanal at inilaang mga pader niyon" ("A Temple-Motivated People," *Ensign,* Peb. 1995, 5).

Ang payong ito ay angkop sa lahat ng miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw—kahit na ikaw ay miyembrong kamakailan lamang nabinyagan. Hangga't ikaw ay karapat-dapat, hindi na kinakailangang maghintay bago ka makadalo sa templo. Oras na ikaw ay nabinyagan at nakumpirma, makakakuha ka na ng limited-use temple recommend.

Tutulutan ka ng recommend na ito na makapasok sa templo upang magsagawa ng mga proxy baptism at kumpirmasyon para sa mga yumaong ninuno. Habang ikaw ay naglilingkod at sumasamba sa templo, mapapalakas mo ang iyong patotoo sa ebanghelyo.

Tungkol sa una niyang karanasan sa templo, sinabi ni Natalia Lorena Figueroa na taga-Argentina, "Sa bautismuhan sa templo, pinanood ko ang pagbibinyag sa isang brother para sa lolo at mga tiyuhin ko. Pagkatapos ay nabinyagan ako para sa lola at mga tiyahin ko. Kamangha-mangha ang kagalakang nadama ko. Tumulo ang mga luha mula sa aking mga mata, at nadama kong nag-alab ang aking dibdib nang higit kaysa rati." Gayon din ang mga pagpapalang naghihintay sa mga karapat-dapat sa at gumagamit ng mga limited-use temple recommend. ■

MGA BAGAY NA MADALAS ITANONG

Paano ako makakakuha ng limited-use recommend?

- Kailangang ikaw ay edad 12 pataas at maging karapat-dapat na miyembro ng Simbahan. Ang mga kalalakihan ay kailangang tumanggap ng Aaronic Priesthood, na karaniwang ginagawa sa loob ng isang linggo matapos silang binyagan.
- Upang makatanggap ng recommend, iinterbyuhin ka ng iyong bishop o branch president. Ang panayam ay katulad ng ginawa sa iyo bago ka bininyagan. Pag-uusapan ninyo ang iyong patotoo sa ebanghelyo at pagsunod mo sa mga kautusan.
- Ang recommend ay may bisa sa loob ng isang taon.

Ano ang ilan sa mga pagpapala ng pagkakaroon ng limited-use recommend?

- Mapaglilingkuran mo ang iyong mga yumaong ninuno at iba pang pumanaw sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga proxy baptism at kumpirmasyon sa kanilang pangalan.
- Maaari mong alalahanin ang iyong sariling binyag at kumpirmasyon at mga tipang naisagawa mo.
- Kahit hindi ka makapunta nang madalas sa templo, maari mong dalhin ang iyong recommend bilang palagiang paalala ng templo at ng iyong pangako na maging karapat-dapat na dumalo.
- Ang pamumuhay nang karapat-dapat para sa limited-use recommend ay tumutulong sa iyong maghandang tanggapin ang sarili mong mga ordenansa sa templo na endowment at pagbubuklod.

Paano ko dapat planuhing bumisita sa templo?

- Magpatulong sa isang ward o branch leader, tulad ng ward mission leader o Relief Society president, sa pagpaplano ng pagbisita sa templo.
- Ang mga iskedyul para sa bawat temple baptistry ay makikita online sa temples.lds.org. Maaari ka ring tumawag sa templo para sa impormasyon.
- Kung ikaw ay dadalo sa unang pagkakataon, maaari kang tumawag sa templo upang magpaiskedyul. Sa ganitong paraan sila ay magiging handa upang salubingin ka at ipaliwanag sa iyo kung ano ang gagawin mo sa templo.

- Magsuot ng damit-pangsimba sa pagpunta sa templo.
- Magdala ng pamalit na puting panloob. Ang ilang templo ay naglalaan ng puting panloob, ngunit ang ilan ay hindi. Ang templo ay maglalaan ng puting jumpsuit at tuwalya.

Ano ang dapat kong asahan kapag dumalo ako sa templo upang magsagawa ng mga proxy baptism at kumpirmasyon?

- Pagpasok mo sa templo, pupunta ka muna sa recommend desk. Titingnan ng temple worker ang iyong recommend.
- Pagkatapos ay pupunta ang kalalakihan at kababaihan sa magkahiwalay na bihisan upang magpalit ng damit. May mga pribadong locker upang iyong mapalitan ng inilaang puting jumpsuit ang damit mo.
- Itituro sa iyo ng mga temple worker kung saan ka pupunta upang magsagawa ng mga proxy baptism at kumpirmasyon.
- Ang mga binyag at kumpirmasyon na sasalihan mo ay katulad sa sarili mong binyag at kumpirmasyon, subalit gagawin mo iyon para sa isang taong pumanaw.
- Matapos kang lumahok sa mga ordenansa, babalik ka sa bihisan at magbibihis ng sarili mong damit.
- Hindi ka kailangang kabahan tungkol sa pagdalo sa templo. Nasa paligid ang mga temple worker saan ka man magpunta sa templo. Tutulungan ka nila.

Paglutas ng Problema

sa Pagsasama Ninyong Mag-asawa

Ni S. Brent Scharman
Retiradong tagapayo, LDS Family Services

Pinatay nina Matt at Margaret (pinalitan ang lahat ng pangalan) ang telebisyon matapos ang huling sesyon ng pangkalahatang kumperensya. Nakapagbigay ng inspirasyon ang mga mensahe, at nagalak sila sa positibong kapaligirang lumaganap sa kanilang tahanan sa katapusan ng linggong iyon.

Lubhang nalungkot sina Matt at Margaret nang wala pang 24-oras kalaunan ay nagkaroon na sila ng mainitan na pagtatalo kung iipunin ang di-inaasahang bonus na natanggap ni Matt sa trabaho o kung ipambibili ito ng uniporme sa paaralan ng kanilang mga nakatatandang anak. Hindi nalutas ang pagtatalo, at gumawa na ng ibang gawain sina Matt at Margaret na kapwa nadarama na hindi siya naunawaan.

Upang maging walang hanggan at masaya ang pagsasama ng mag-asawa, kailangan nilang matutunang lutasin ang mga problema para madama ng bawat isa na nauunawaan siya at mabuo ang mga desisyon na may katanggap-tanggap na pagbibigayan.

May magagandang pagpapalang nagmumula sa paglutas ng mga problema sa isang kapaligirang may pagmamahalan.

Espirituwal na Babala at Patnubay

Ang mga banal na kasulatan at mga salita ng mga propeta at apostol ay nagbibigay ng sapat na mga babala tungkol sa pagtatalo. Sa 3 Nephi mababasa natin, "Siya na may diwa ng pagtatalo ay hindi sa akin, kundi sa diyablo, na siyang ama ng pagtatalo" (3 Nephi 11:29). Itinuro ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol na si Satanas ay "nagsusumikap upang hindi magkasundo at pag-awayin ang isang ama at isang ina. Inaakit niya ang mga anak na suwayin ang kanilang mga magulang. . . . Alam ni Satanas na ang pinakatiyak at pinakamabisang paraan upang sirain ang gawain ng Panginoon ay bawasan ang pagiging epektibo ng pamilya at ang kasagraduhan ng tahanan."[1]

Ang pagkakaiba-iba ng opinyon, ugali, o pinagmulan ay hindi maiiwasan, ngunit mayroon tayong sapat na mapagkukunan ng tulong upang malaman natin kung paano ito kakayanin. Ang doktrina at tagubiling itinuturo sa pagsamba tuwing Linggo at sa mga lathalain ng Simbahan ay makakatulong at madaragdagan ng de-kalidad na propesyonal na impormasyon kung kinakailangan. Maaaring

MGA LARAWANG GUHIT NI SALLY WERN COMPORT

matuto ang mga mag-asawa ng mga pamamaraan sa pagharap sa problema. Ang inspirasyon ay maaaring humantong sa pagbabago ng mga puso na magpapalambot sa damdamin ng bawat asawa.

Nagbabala si Pangulong Thomas S. Monson: "Ang ilan sa pinakamagagandang pagkakataong maipakita ang ating pagmamahal ay sa loob mismo ng sarili nating tahanan. Pag-ibig ang dapat maging sentro ng buhay-pamilya, subalit kung minsan ay hindi ito nangyayari. Maaaring napakaraming kawalan ng pasensya, pagtatalo, pag-aaway, pagluha."[2]

Kapag nananaig ang mga suliranin at nakakapinsala na sa buhay-pamilya, maaaring magkaroon ng mas mabibigat na sanhi ng pagtatalo, pati na ang pagkamainitin ng ulo, pagkamakasarili, hangaring manaig, at kayabangan. Itinuro ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), "Noon pa'y may palagay na akong ang pinakamalaking dahilan ng kaligayahan ng mag-asawa ay ang pag-aalala sa kaginhawahan at kapakanan ng isa't isa. Kadalasan ang pagkamakasarili ang pangunahing dahilan ng pagtatalo, paghihiwalay, diborsyo, at sama ng loob."[3]

Sabi rin ni Elder Marvin J. Ashton (1915–94) ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Kapag inisip ng isang tao ang sama ng loob at pagkayamot na dulot ng pagtatalo, mabuting itanong, 'Bakit ba ako nakikisali?' . . .

". . . Mahalagang kilalanin na pinipili natin ang ating inuugali. Ang ugat ng isyung ito ay ang walang-kamatayang problema ng kayabangan."[4]

Anuman ang dahilan, kailangan tayong matuto ng mga bagong kasanayan at palambutin ang ating puso kapag nagkaroon ng mga problema.

Mga Dahilan ng Pagtatalo

Maraming sanhi ng pagtatalo, mula sa mababaw na personal na opinyon hanggang sa matagalang nakaugaliang estilo ng pakikipag-usap. Bukod pa sa pagdaig sa pagkamakasarili at pagkamainitin ng ulo, daranas ang mga mag-asawa ng iba pang karaniwang mga sanhi ng pagtatalo kabilang na ang mga sumusunod:

Mga bagong kasal na pinag-aaralang makibagay sa estilo ng isa't isa	Likas na mga pagkakaiba sa pagitan ng kalalakihan at kababaihan	Kawalan ng pasensya dulot ng sobrang pagod	Magkaibang opinyon kung paano pinakamainam na palalakihin ang mga anak o babadyetin ang pera
Mga anak na natututong gumamit ng kalayaan	Magkaibang gusto at hindi gusto	Malabisang pagtugon sa stress	Kawalan ng pag-unawa o kasanayan sa paglutas ng problema

Mga Babala tungkol sa Galit

Nagkakaroon ng maraming problema ang mag-asawa o pamilya dahil sa di-mapigilang galit. Kung hindi tayo maingat, matapos makipagtalo sa ating asawa ay lagi nating maiisip kung paano niya tayo ginawan ng masama. Kapag lalo nating inisip ito, lalo tayong magkakaroon ng dahilan para panindigan na tayo ang nasa katwiran. Ang pagmamaktol na ito ay maaaring maging hadlang para kumalma tayo, at kapag muli tayong nagalit bago pa malutas ang unang problema, maaari pang madagdagan ang tindi ng ating galit.

Halimbawa, sa counselling session, inilarawan ni Marilyn kung paano nakayayamot ang mahiga sa kama pagkatapos silang magsigawan ng kanyang asawa. "Alam kong ako ang tama," sabi niya. "Alam kong bubuksan niya ang ilaw at hihingi ng tawad, pero hindi niya ginawa iyon kahit kailan. Habang lalo ko itong iniisip, lalo akong nagagalit. Nang marinig ko siyang maghilik, hindi ako nakatiis—bumangon ako mula sa kama at sinigawan ko pa siya at saka ako nagpunta sa ibaba. Akalain ba ninyong hindi pa rin siya humingi ng paumanhin?" Ang karanasan ni Marilyn ay isang magandang halimbawa ng hindi nararapat gawin kapag nagagalit.

Ang mga nakagawian, kahit sa loob lang ng maikling panahon, ay tila mahirap nang itigil. Ngunit maaaring matuto ang mga mag-asawa ng mga kasanayang makatutulong. Narito ang ilang makakatulong na gawi:

Suriin nang mabilisan ang isipan.
Sa ating halimbawa, sinabi siguro ni Marilyn sa sarili, "Parang ako ang tama, pero masyado ko itong pinalalaki. Mas mahalaga sa akin ang relasyon ko sa aking asawa kaysa sa pinagtatalunan namin."

Ipahayag ang damdamin mo sa makabuluhang paraan.
Ang pagsigaw tungkol sa nadarama mo ay hindi makakatulong sa iyo na "mailabas ang nasa kalooban mo." Kapag mas naglabas ka ng damdamin mo nang pagalit, mas titindi ang galit mo.

Magsimulang muli.
Pigilan ang sarili mo sa simula pa lang ng pagtatalo. Makikita sa mga pag-aaral na sa unang tatlo hanggang limang minuto ng pag-uusap nakasalalay ang maaaring mga susunod na pangyayari. Sabihing, "Masama ang kauuwian nito. Magsimula tayong muli."



Maghanap ng ibang mapagtutuunan mo ng pansin.
Piliing mag-isip ng ibang bagay o maglakad-lakad.

Pakalmahin ang damdamin
bago mo subukang lutasin ang problema. Maghintay hanggang lumipas ang galit na nadarama mo.

Makinig sa nakapapanatag na tugtugin
o magbasa ng nakasisiglang babasahin.

Isulat ang mga naiisip mo.
Para sa ilan, nakakatulong ito upang madagdagan ang kamalayan nila sa sarili.

Mga Hakbang sa Paglutas ng Problema

May inirerekomenda sa *Strengthening Marriage [Pagpapatibay sa Pagsasama ng Mag-asawa],* isang manwal ng LDS Family Services, na tatlong hakbang sa paglutas ng problema: (1) pagpapahayag ng mga opinyon, (2) pagsisiyasat sa mga problema, at (3) pagpili ng mga solusyon na makasisiya sa mag-asawa.[5] Ang mga hakbang na ito ay batay sa isang modelo ng pakikipag-ugnayan at pagbabahagi na nangangailangan ng kooperasyon at lumulutas sa mga problema ng lahat ng nasasangkot.

1. Pagpapahayag ng mga Opinyon	2. Pagsisiyasat sa mga Problema	3. Pagpili ng mga Solusyon na Kasiya-siya sa Mag-asawa
Bawat indibiduwal ay nagbabahagi ng mga opinyon nang tapat ngunit hindi agresibo. Kung minsa'y nalulutas ang problema sa maingat na pagninilay sa sinasabi ng kabilang panig habang lumilinaw na hindi lang sila nagkaunawaan kaya sila nagtalo. Halimbawa, maaaring maunawaan ng isang babae na nag-iisip na makasarili ang kanyang asawa dahil pinipilit siyang isama nito sa isang high school basketball game sa halip na maghapunan sila sa labas, na hindi ito gaanong interesado sa basketball kundi para bigyang-pansin ang isang manlalaro na hindi na dumadalo sa kanyang Sunday School class.	Sinisiyasat nang husto ng mag-asawa ang mga problema. Ang pokus ay nasa pag-unawa at pagtanggap sa mga problema ng isa't isa. Sa pagpapatuloy ng halimbawa ng basketball, ang babae, samantalang inuunawa ang problema ng kanyang asawa para sa estudyante, ay maaaring maniwala na nagiging ugali na ng asawa na laging unahin ang mga panganga-ilangan ng iba bago ang sa kanila. Sa kasong ito, kailangang mas maingat na pag-usapan ng mag-asawa ang damdamin ng bawat isa sa maingat na paraan at ang tunggalian ay mauuwi sa pagbibigayan.	Nagpapalitan ng opinyon ang mga mag-asawa at nagpapasiya kung anong mga solusyon ang makasisiya sa kanilang dalawa. Ang pokus ay nasa magagawa ng bawat indibiduwal upang malutas ang mga problema sa halip na sa magagawa ng kanilang asawa. Masusubukan ng gayong pag-aareglo ang kahustuhan ng isip at pasensya ngunit, sa paglipas ng panahon, humahantong ito sa paniniwala na maaari silang magpahayag ng damdamin at magtiwala na matutugunan ang mga hangarin ng bawat isa. Maaaring magkasundo ang ating mag-asawa na isang Biyernes ng gabi ay magkasama silang manonood ng basketball, isang Biyernes ng gabi ay mag-isang manonood ang lalaki, at dalawang Biyernes ng gabi ay magkasama sila sa mga aktibidad na para sa kanilang mag-asawa. Mas mahalaga na masiyahan ang mag-asawa sa kalidad ng pagdedesisyon nilang dalawa kaysa kung paano nila pipiliing palipasin ang Biyernes ng gabi.

Mga Resulta ng Paglutas sa Problema

May magagandang pagpapalang nagmumula sa paglutas ng mga problema sa isang kapaligirang may pagmamahalan. Kabilang dito ang seguridad; personal na paglago, na humahantong sa kapayapaan ng kalooban; nag-ibayong pananampalataya; yumayabong na pagkatao; at personal na kabutihan.

Kapag nalutas ang mga problema, maaari itong palitan ng mga bagong huwaran. Sa gayon ay nabubuksan ang daan upang magpahayag ang mag-asawa ng mga positibong ideya at magpakita ng suporta. Sinabi ni Sister Jean B. Bingham, Relief Society General President: "Matindi ang epekto ng mga salita, nagpapasaya at nagpapalungkot ito. Marahil ay maaalala nating lahat ang mga negatibong salitang nakapagpahina ng ating loob at ang iba pang mga salitang magiliw na sinambit na nagpasigla sa ating espiritu. Ang pasiyang sabihin lamang ang mababuting bagay tungkol sa—at sa—iba ay nagpapasigla at nagpapalakas sa mga nasa paligid natin at tumutulong sa iba na sumunod sa paraan ng Tagapagligtas."[6]

Ang mga mag-asawang nagkaroon ng pangmatagalang pag-unlad sa paglutas ng problema ay umaani ng nakasisiyang mga gantimpala. Ganito ang sabi ng isang lalaki tungkol sa kanyang dating nagkaproblemang relasyon, "Masakit gunitain ang nakaraan at maniwala na totoo iyon. Paano ko naatim na tratuhin nang gayon ang asawa ko? Nagpapasalamat ako na pinukaw ako ng Espiritu at sa pagtitiyaga sa akin ng asawa ko."

Konklusyon

Ang hindi pakikipagtalo ay nangangailangan ng sadyang pagsisikap at pagkilos. Ang mismong isusunod mong sabihin o gawin ay maaaring magpasimula ng mas positibong komunikasyon sa pagitan ninyong mag-asawa. Kayo man ay makakaani ng mga bunga ng Espiritu tulad ng naranasan ng mga Nephita: "Hindi nagkaroon ng alitan sa lupain, dahil sa pag-ibig sa Diyos na nananahan sa mga puso ng tao.

"At walang mga inggitan, ni sigalutan, ni alitan . . . ; at tunay na wala nang mas maliligayang tao pa sa lahat ng tao" (4 Nephi 1:15–16). ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

MGA TALA

1. M. Russell Ballard, "The Sacred Responsibilities of Parenthood" (Brigham Young University devotional, Ago. 19, 2003), 3, speeches.byu.edu.
2. Thomas S. Monson, "Pag-ibig—ang Pinakadiwa ng Ebanghelyo," *Liahona,* Mayo 2014, 92.
3. Gordon B. Hinckley, "Katapatan," *Liahona,* Mayo 2003, 59.
4. Marvin J. Ashton, "No Time for Contention," *Ensign,* Mayo 1978, 9.
5. Tingnan sa *Strengthening Marriage: Resource Guide for Couples [Pagpapatibay sa Pagsasama ng Mag-asawa: Mapagkukunang Gabay para sa mga Mag-asawa]* (2006), 19–20.
6. Jean B. Bingham, "Dadalhin Ko ang Liwanag ng Ebanghelyo sa Aking Tahanan," *Liahona,* Nob. 2016, 7.

Mga Patakaran sa Pagtalakay sa mga Problema

Nakalista sa ibaba ang ilang ideyang nagpapaibayo sa posibilidad na magtagumpay ang paglutas sa problema:

- Humingi ng espirituwal na tulong.
- Pagpasiyahan ang oras at lugar para makapag-usap kayo kung malubha ang mga problema.
- Humingi ng pang-unawa sa halip na makipagtalo.
- Hayaang magsalita ang iyong asawa.
- Magsalita nang mahina at maging mabait.
- Magpahinga sandali kung kailangan.
- Gumamit ng angkop na pananalita.
- Manatili sa paksa. Ang kasalukuyang problema lamang ang pag-usapan.
- Huwag gumamit ng karahasan kailanman.
- Huwag magbantang makikipagdiborsyo o makikipaghiwalay.
- Humanap ng mga solusyon na makikita kaagad, tulad ng "Ako ang magpapasimula sa panalangin ng pamilya, at ikaw ang bahala sa family home evening."
- Pagplanuhan ang mga eksepsyon.
- Magkasundo sa mga paalalang walang pinapanigan, tulad ng "Ang kalendaryo ang magsasabi sa atin kung sino na ang maghuhugas ng mga pinggan."
- Muling suriin at baguhin ang mga solusyon kung kinakailangan.



Natagpuan ang Tulong
Matapos ang Pagpanaw ni Nancy

Ano ang kinailangan kong gawin upang magkaroon ng bisa ang nagpapagaling na kapangyarihan ni Jesucristo sa buhay ko?

Ni Darren Wilcox

Noong Pebrero ng 2016, pumanaw ang asawa kong si Nancy matapos makibaka nang 11 taon sa kanser sa suso. Ang matinding dalamhating nadama ko sa mga unang buwan ng kanyang pagpanaw ay mahirap ilarawan sa isang taong hindi pa nakaranas ng ganitong uri ng kawalan. Pighati, pagdurusa, kalungkutan, pasakit—hindi sapat ang mga salitang ito upang ilarawan ang nadama ko. Hindi ko ito makayanan.

Ang Nagpapagaling na Kapangyarihan ng Tagapagligtas

Nauunawaan ko na noon pa man na si Jesucristo ay "nagpakababa-baba sa lahat ng bagay" (D at T 88:6) upang Kanyang "[ma]tulungan [mapaginhawa o maalalayan] ang kanyang mga tao alinsunod sa kanilang mga kahinaan" (Alma 7:12). Nangangahulugan na ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay higit pa sa paglalaan ng Pagkabuhay na Mag-uli at pagkatubos mula sa kasalanan. Sa kapangyarihang ito, mapapagaling rin Niya tayo sa mga panahon ng ating pagdurusa at pangangailangan. Sa aking dalamhati, agad kong sinikap—na parang baliw—na malaman ang kailangan kong gawin upang maging epektibo ang aspetong ito ng kapangyarihan ng Tagapagligtas sa buhay ko. Ilang linggo kong sinaliksik ang mga banal na kasulatan at mensahe ng mga General Authority ng Simbahan. Taos-puso akong naniwala na, kahit labis Siyang nagdusa at nagsakripisyo, alam ng Tagapagligtas ang sakit na nadarama ko. Ngunit paano nakatulong sa akin ang pagkabatid Niya rito? Dahil pinagdusahan Niya ito *para sa* akin, ano ang kinailangan kong gawin upang matanggap ang pagtulong na alam Niya kung paano ibigay?

Matapos ang maraming pagsasaliksik, pag-aaral, panalangin, at pagsamba sa templo, nagsimula akong makaunawa. Una sa lahat, nasimulan kong makita nang mas malinaw na noon pa man ay tinutulungan, pinapanatag, at sinusuportahan na ng Panginoon ang aming pamilya, lalo na noong mga linggo bago pumanaw si Nancy. May kagila-gilalas na mga espirituwal na karanasan na kinikilala ko ngayon na mga pagpapalang nagmumula sa nagpapagaling at nagpapalakas na kapangyarihang makakamtan natin dahil sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. At ang pagkaalam lamang na pinangangalagaan na kami ng Tagapagligtas sa napaka-personal na paraan, kung tutuusin, ay lubos na nakapapanatag. Tulad nina Sadrach, Mesach, at Abed-nego noong araw, nakasama namin Siya sa "hurnong nagniningas" (Daniel 3:17) ng aming pagdurusa.

Magtiwala sa Panginoon

Nalaman ko rin na may ilang bagay na hinihingi sa atin upang matanggap ang kapanatagan at pagpapagaling ng Panginoon. Ang pinakamahalaga, kailangan nating magtiwala sa Kanya. Maaaring mahirap gawin iyan. Bakit ako magtitiwala sa Diyos samantalang sa simula pa lang ay nahadlangan sana Niya ang pagpanaw ni Nancy? Bilang sagot sa tanong na ito, patuloy kong pinagninilayan ang isang bagay na sinabi ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith:

"Hindi ninyo mamamasdan ng inyong likas na mga mata, sa kasalukuyan, ang balangkas ng inyong Diyos hinggil sa mga bagay na yaon na darating pagkaraan nito, at ang kaluwalhatiang susunod matapos ang maraming kapighatian" (D at T 58:3).

Biniyayaan kami ng maraming palatandaan na ang paraan at takdang panahon ng pagpanaw ni Nancy ay ayon sa kalooban ng Panginoon. Naunawaan ko na isang mapagmahal na Amang nakababatid sa lahat ng bagay ang nagtulot na pagdusahan natin ang mga bagay na ito

MGA IGINUHIT NA LARAWAN NI IKER AYERSTARAN

IGINUHIT NA LARAWAN NG ATLANTA GEORGIA TEMPLE

dahil, sa Kanyang perpektong plano para sa kadakilaan ng ating pamilya, ang paghihirap na ito kahit paano ay kinakailangan. Nababatid iyan, nauunawaan ko na ang bahagi ko sa Kanyang plano ay hindi lamang ito pagtiisan kundi "pagtiisang mabuti" (D at T 121:8). Hangga't maiaalay ko sa Kanya ang paghihirap na ito, hindi lamang ako matutulungan kundi mapapabanal din. Naranasan ko na ito sa maraming paraan.

Pinayuhan ko ang aming mga anak na gawin ang natutunan ko mismo sa prosesong ito:

- Hayaang itulak kayo ng sakit ng mahihirap na karanasan na maging mas magiting na disipulo.
- Ibuhos sa panalangin ang inyong niloloob.
- Kung nakakaramdam kayo ng galit sa Diyos dahil tinulutan Niyang mangyari ang mga trahedya, magsumamo sa Kanya na palitan ang galit na iyan ng pananampalataya at pagsuko.
- Makipagtipan na mahalin Siya at maging tapat hanggang wakas.
- Laging magpatid-uhaw sa mga salita ng Diyos—mula sa mga banal na kasulatan at mensahe at isinulat ng mga makabagong propeta at inspiradong guro.
- Magpunta sa templo nang may hangaring maturuan ng mga bagay ukol sa kawalang-hanggan.
- Maghanap ng mga taong nahihirapang manampalataya dahil sa isang personal na problema, at palakasin sila gamit ang inyong patotoo tungkol sa mga doktrinang ito.

Patotoo ng Isang Apostol

Mga isang buwan pagkamatay ni Nancy, sumapit ang isang gabi na tunay na nadurog ang puso ko sa labis na dalamhati. Buong araw akong nalulunod sa sama ng loob at kalungkutan. Naalala kong itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol na "ang landas ng kaligtasan ay laging pinamumunuan . . . sa pagtahak sa Getsemani."[1] Bagama't hindi maikukumpara ang pagdurusa ko sa pagdurusa ng Tagapagligtas, nang gabing iyo'y nahirapan ako sa sarili kong "madidilim at mapapait na sandali."[2]

Matapos itong maranasan nang kaunting panahon at humingi ng tulong sa panalangin, naisip ko ang isang bagay na nabasa at minarkahan ko sa computer ko ilang taon na ang nakararaan. Nakita ko ang dokumento at binasa ito upang makita ang hinahanap ko. Isang panayam iyon kay Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol (1928–2015) kung kailan tinanong siya tungkol sa pagkamatay mula sa kanser ng kanyang asawa, si Jeanene, noong 1995. Sumagot si Elder Scott, "Una sa lahat . . . hindi siya nawala sa akin. Nasa kabilang panig siya ng tabing. Nabuklod kami sa banal na ordenansang iyon ng templo, at magkakasama kami magpakailanman."[3]

Nang gabing iyo'y dumating ang mga salitang iyon na may kapangyarihang noon ko lamang nadama. Para itong isang tanglaw sa parola na sinisindihan sa dilim ng gabi. Hindi pa ako nakabasa ng gayong bagay na biglaan at malalim ang epekto sa akin. Naglaho ang kadiliman at sakit. Para iyong si Alma noong "hindi [niya] na naalaala pa

ang [kanyang] mga pasakit" (Alma 36:19). Ang patotoong ito ng apostol ay tumimo sa kaibuturan ng puso ko. Namangha ako na biglang parang napaka-pambihira ng isang konseptong naunawaan ko mula pa sa pagkabata. Naisip ko kung paano posibleng malaman ni Elder Scott ang isang bagay na katulad nito. At sa sandaling iyon, natanto ko na alam ko rin ito. Kung tapat ako, mapapasa-akin ang lahat ng pag-asang tinaglay ni Elder Scott. Kahit talagang nalungkot at nagluksa ako simula noon, hindi ko na muling nadama ang tindi ng pasakit at kalungkutang naranasan ko noong gabing iyon.

Ito ang kapangyarihang ibinibigay sa atin ng Tagapagligtas upang tulungan tayo sa ating mga pagsubok. Alam ko na hindi kailanman lubusang maglalaho ang dalamhati ng aming pamilya, ngunit napapasakop ito sa tinatawag na "nagpapalakas" at "nakasasakdal" na mga pagpapala ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas.[4] Mas napalapit tayo sa Tagapagligtas, nadama natin ang Kanyang mga pagtiyak, at napalakas tayo ng tiyak na pundasyon ng ating mga tipan. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Georgia, USA.

MGA TALA

1. Jeffrey R. Holland, "Lessons from Liberty Jail" (Brigham Young University devotional, Set. 7, 2008), 6, speeches.byu.edu.
2. Dieter F. Uchtdorf, "Yakap ng mga Bisig ng Kanyang Pagmamahal," *Liahona,* Mar. 2015, 5.
3. "A Sure Witness of Jesus Christ: Elder Richard G. Scott," lds.org/prophets-and-apostles.
4. Tingnan sa Bruce C. Hafen at Marie K. Hafen, *The Contrite Spirit: How the Temple Helps Us Apply Christ's Atonement* (2015), 34–52.

Pagkaraan ng 11-taong pakikibaka sa kanser sa suso, pumanaw si Nancy Jean Newton Wilcox noong 2016.

PINALAKAS NI JESUCRISTO

"Itinuro ni Isaias na dadalhin ng Mesiyas ang ating 'mga karamdaman' at 'kapanglawan' (Isaias 53:4). Itinuro rin ni Isaias ang pagpapalakas Niya sa atin: 'Huwag kang matakot; sapagka't ako'y sumasaiyo; huwag kang manglupaypay; sapagka't ako'y iyong Dios: aking palalakasin ka; oo, aking tutulungan ka' (Isaias 41:10). . . .

"Kaya nga nakikita natin na dahil sa Kanyang Pagbabayad-sala, may kapangyarihan ang Tagapagligtas na sumaklolo—tumulong—sa lahat ng pasakit at paghihirap ng tao. Kung minsa'y pinagagaling ng Kanyang kapangyarihan ang isang kahinaan, ngunit natutuhan natin sa mga banal na kasulatan at sa ating mga karanasan na kung minsa'y sumasaklolo o tumutulong Siya sa pagbibigay sa atin ng lakas o tiyagang mapagtiisan ang ating mga kahinaan. . . .

". . . Ang Pagbabayad-sala ng ating Tagapagligtas ay higit pa ang ginagawa kaysa tiyakin sa atin ang imortalidad sa pamamagitan ng pagkabuhay na mag-uli ng buong sansinukob at naglalaan ng pagkakataon na maging malinis tayo mula sa kasalanan sa pamamagitan ng pagsisisi at pagpapabinyag. Binibigyan din tayo ng Kanyang Pagbabayad-sala ng pagkakataong manawagan sa Kanya na dumanas ng lahat ng ating mortal na kahinaan upang pagalingin at palakasin tayo na dalhin ang mga pasanin ng mortalidad. Alam niya ang ating dalamhati, at nariyan Siya para sa atin. Gaya ng mabuting Samaritano, kapag nakita Niya tayong sugatan sa tabing-daan, bebendahan Niya ang ating mga sugat at aalagaan tayo (tingnan sa Lucas 10:34). Ang nagpapagaling at nagpapalakas na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay para sa ating lahat na hihingi. Pinatototohanan ko iyan tulad ng pagpapatotoo ko sa ating Tagapagligtas, na ginagawang posible ang lahat."

Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Pinalakas ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo," *Liahona,* Nob. 2015, 62, 64.

"MAGING SELF-RELIANT TAYO AT TUMAYO SA SARILI NATING MGA PAA"

Sa pagtanggap ng mga Banal sa mga Huling Araw sa buong mundo sa mga aliituntunin at doktrina ng proyektong self-reliance ng Simbahan, tinatamasa nila ang mga pagpapala ng "mas malaking pag-asa, kapayapaan, at pag-unlad."

Bago siya naging miyembro ng Simbahan, tumanda na si Peter Uglow sa pagsisikap na magkaroon ng pinansyal na tagumpay. Sa kanyang panlabas na anyo, tila natagpuan na niya ito. Tutal, nagkaroon at nagpatakbo na siya ng maraming negosyo.

Noong inanyayahan ng isang lokal na lider ng Simbahan sa West Midlands, England si Peter na sumali sa isang personal finances group na iniaalok sa inisyatibo ng self-reliance ng Simbahan, nagduda siya na baka wala siyang anumang matutunan mula sa kurso. Gayunman, nang magsimulang dumalo si Peter sa grupo, agad niyang natanto na napakarami pa niyang kailangang matutunan.

"Hindi lamang tungkol sa pananalapi ang kurso; bahagi lamang iyon ng kurso," sabi niya. "Ang pinakamahalagang bagay para sa akin ay natutunan kong manampalataya sa Ama sa Langit—kung paano Niya tayo binibigyan ng lahat ng temporal na pagpapala at ng kakayahang tunay na umasa sa sarili kung susundin natin ang Kanyang espirituwal na patnubay."

Bilang miyembro ng isang personal finances group, natuto ng mga praktikal na kasanayan si Peter tulad ng pagsubaybay sa paggastos ng pamilya, paglikha ng badyet at pagsunod dito, pagbabawas ng utang, at pag-iipon para sa kinabukasan. Gamit ang mga kasanayang ito, pati na rin ang pagsampalataya kay Jesucristo at pagsusumikap, nabayaran ni Peter at ng kanyang asawa ang isang malaki nilang pagkakautang.

"Mas magaan at malaya ang pakiramdam ko na wala ang takot na nauugnay sa utang at di-planadong paggastos," sabi niya. "Dama ko ang saganang mga pagpapala ng Ama sa Langit sa paraang noon ko lamang nadama. Nalaman ko kung paano manalangin sa Kanya at makinig sa Kanyang mga sagot kapag kailangan ko ng tulong sa aking mga temporal na gawain."

Inisyatibo ng Self-Reliance

Ang self-reliance ay higit pa sa pagkakaroon ng magandang trabaho, pag-iimbak ng pagkain, o pera sa bangko. Bagkus, ito ay "ang abilidad, pangako, at pagsisikap na tustusan ang espirituwal at temporal na mga pangangailangan sa buhay para sa sarili at sa pamilya. Habang natututong umasa sa sarili ang mga miyembro [ng Simbahan],



mas napaglilingkuran at napapangalagaan din nila ang iba”[1] kapag ginawa nilang alituntunin sa buhay ang pagtatrabaho.

Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson: “Ang *self-reliance* ay resulta ng ating gawain at sumusuporta sa lahat ng iba pang gawaing pangkapakanan. Ito ay isang mahalagang elemento sa ating kapakanang espirituwal gayundin sa temporal. . . . ‘Magtrabaho tayo para sa ating pangangailangan. Maging self-reliant tayo at tumayo sa sariling mga paa. Ang kaligtasan ay hindi matatamo sa pamamagitan ng iba pang alituntunin. Ang kaligtasan ay responsibilidad ng tao sa kanyang sarili, at dapat nating isagawa ang ating sariling kaligtasan ukol sa mga bagay na temporal gayundin sa espirituwal.’”[2]

Sa ilalim ng pamamahala ng mga lokal na lider ng priesthood, mahigit 500,000 Banal sa mga Huling Araw sa mahigit 100 bansa ang nakalahok sa inisyatibo ng self-reliance simula pa noong 2014. Sinisimulan na ngayon ng Simbahan ang inisyatibo sa buong Hilagang Amerika.

Kabilang sa inisyatibo ang mga kurso at mga kagamitan “upang makatulong sa mga miyembro ng Simbahan na matutunan at magawa ang mga alituntunin ng pananampalataya, edukasyon, kasipagan, at pagtitiwala sa Panginoon. Sa pagtanggap at pagsasabuhay ng mga alituntuning ito,” sinabi ng Unang Panguluhan, “higit [nating] makakamtan ang mga temporal na biyayang ipinangako ng Panginoon.”[3]

Masaya at Puno ng Pag-asa

Nawalan na ng pag-asa si Maria Edilene Romão. Hindi siya makahanap ng trabaho, isa siyang ina na walang asawa, at marami siyang anak na kailangang itaguyod.

Noon siya niyaya ng dalawang miyembro ng kanyang ward sa Santa Catarina, Brazil, sa isang self-reliance devotional. Matapos ang debosyonal, sumali si Maria sa isang grupo upang matulungan siyang makahanap ng trabaho.

“Sa unang pagkakataon sa buhay ko, naniwala ako sa isang kinabukasan na kung saan maaalagaan ko ang aking pamilya,” paggunita niya. “Naniwala ako na tutulungan ako ng self-reliance group na baguhin ang buhay ko.”

Nakatulong nga iyon.

Nang sumunod na 12 linggo, inilaan ni Maria ang kanyang sarili sa kanyang grupo, sa kanyang pag-aaral, at sa

INAANYAYAHAN KAYO

Ang landas tungo sa higit na pagiging self-reliant ay nagsisimula sa isang paanyaya sa debosyonal sa Ang Aking Landas Patungong Self-Reliance. Sa debosyonal, hihikayatin kayong suriin ang kasalukuyan ninyong sitwasyon, magbuo ng plano para sa pagsulong, at saka ninyo idulog ang inyong plano sa Panginoon. Pagkatapos ng debosyonal, aanyayahan kayong pumili ng isang self-reliance group na makakatulong sa inyo na:

- Makahanap ng trabaho o paghusayin pa ang sitwasyon ninyo sa trabaho.
- Mas mapangasiwaan ang inyong sariling pera at ang pera ng pamilya.
- Pumili ng kursong pag-aaralan at magtagumpay sa paaralan.
- Magsimula o magpalago ng inyong maliit na negosyo.

Sa inyong self-reliance group, kayo ay:

- Dadalo sa dalawang-oras na group meeting linggu-linggo sa loob ng tatlong buwan.
- Magkakaroon ng at kikilos ayon sa personal na mga pangakong makamit ang mga mithiin sa self-reliance.
- Matututo, makikipagsanggunian, at susuporta sa iba pang mga miyembro ng grupo.
- Magkakaroon ng mas malaking pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang kapangyarihang tulungan kayo na tulungan ang inyong sarili na maging self-reliant.

Ang isang self-reliance group ay parang council. Nagtutulungan ang mga kalahok at nananagot sila sa isa't isa. Ang mga nangangasiwa sa group ay nag-aanyaya ng pakikipag-ugnayan, naghihikayat ng pakikibahagi, nagpapalabas ng mga training video, at tumutulong sa mga self-reliance group na sundan ang proseso ayon sa nakabalangkas sa kaugnay na mga materyal.

Matatagpuan ng mga miyembro ang mga video at materyal na ginagamit sa self-reliance training sa srs.lds.org o sa Gospel Library mobile app.



kanyang mga pangako. Nagtrabaho siya na may bagong-tuklas na lakas tungo sa kanyang mga mithiin. Nagsanay siya sa mga pamamaraan sa interbyu sa trabaho. Sa loob ng dalawang linggo, nakapasa siya sa isang interbyu sa trabaho. Nagkatrabaho siya dahil sa interbyu na iyon.

"Nagbago ang buhay ko magpakailanman," sabi ni Maria, na hindi na nahihirapang itaguyod ang kanyang pamilya. "Ngayo'y masaya na ako, natutuwa, matiyaga, at puno ng pag-asa. Naniniwala ako na ang Ama sa Langit ay buhay at mahal Niya ako. Alam ko na kapag sumasampalataya ako kay Jesucristo, pinagpapala ako."

"Ang Pinaka-kagila-gilalas na Kasangkapan"

Ang self-reliance ay isang paraan upang makamit ang isang mas mataas na mithiin, sabi ni Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Ang pinakamimithi natin ay maging katulad ng Tagapagligtas, at ang mithiing iyan ay pinag-iibayo ng ating di-makasariling paglilingkod sa iba. Ang kakayahan nating maglingkod ay nadaragdagan o nababawasan [ayon] sa antas ng ating pag-asa sa sarili."

Sa pagkakaroon lamang ng sapat para sa sarili, dagdag pa ni Elder Hales, "natin tunay na matutularan ang Tagapagligtas sa paglilingkod at pagpapala sa iba."[4]

Nalaman mismo ni Sergio Galbuchi ang katotohanang iyan nang magsimula siya ng sarili niyang negosyo matapos siyang tawagin ng stake presidency bilang stake self-reliance specialist. Taglay ang pananampalataya, mga kasanayan, at kaalamang natamo bilang miyembro ng komite, nagbukas ng tindahan si Sergio at ang kanyang asawang si Silvia sa Buenos Aires tampok ang "katutubong-gawa at pagkain" ng Argentina.

"Palagay ko ang pagiging self-reliant ay isang paraan upang isabuhay ang pananampalataya," sabi ni Sergio. Bago nangyari iyon, hindi nila natamo ni Silvia ang tagumpay na kanilang inaasam, kung kaya't patuloy silang nanampalataya. Ngunit habang hinihintay nilang kumita ang kanilang negosyo, nagsumikap sila at napagpala ang mga suki nila sa kanilang mga produkto *at* sa mga pagsisikap nilang ibahagi ang ebanghelyo.

"Marami kaming nakikilala," sabi ni Sergio. "At nagkaroon kami ng pagkakataong mamigay ng mga kopya ng Aklat ni Mormon."

Noong una, tumukoy ng 10 miyembro ang stake self-reliance committee sa stake ni Sergio na nangailangan ng tulong upang makaasa sa sarili. Ngunit pagkatapos ay sumali ang mga bishop.

"Ngayo'y 35 tao na ang alam namin na nangangailangan," sabi ni Sergio nang lumaki na ang proyekto. "Inanyayahan silang isa-isa ng kanilang bishop na sumali sa mga grupo."

PAGHAHAYAG AT SELF-RELIANCE

Ang mga stake at district presidency ang nagpapatupad, pumapatnubay, at gumagabay sa inisyatibo ng self-reliance ng Simbahan. Ginagawa nila ito sa pamamagitan ng pakikipagtulungang mabuti sa Relief society at sa pag-organisa ng isang self-reliance committee.

Ang komite ay kinabibilangan ng isang miyembro ng stake high council, isang miyembro ng stake Relief Society presidency, chairman ng welfare council ng bishop, at mga stake self-reliance specialist. Tinuturuan at hinihikayat ng komite ang mga ward council na ipagdasal at anyayahan ang mga miyembro na makilahok sa proyekto. Nag-oorganisa sila ng mga self-reliance group at nakikipagtulungan sa lokal na Self-Reliance Services manager sa pagtitipon at pagbabahagi ng mga kagamitan ng komunidad.

"Ang inisyatibo ng self-reliance ng Simbahan ay tumutulong sa mga indibiduwal na tumanggap ng personal na paghahayag sa pamamagitan ng pagsunod sa mahahalagang alituntunin ng ebanghelyo. Tumatawag ng mga tagapangasiwa upang lumikha ng isang kapaligiran [sa pagtutulungan sa talakayan] kung saan maaaring ituro ng Espiritu Santo sa mga participant ang 'lahat ng bagay na nararapat [nilang] gawin' (2 Nephi 32:5; tingnan din sa 2 Nephi 32:3)."[5]

Makikita ang iba pang impormasyon sa srs.lds.org.

Lumago ang kanilang pananampalataya, binago nila ang mga kailangang baguhin, at gumamit sila ng mga bagong kasanayan.

"Tuwing kakausapin ko ang mga lider ng priesthood, sinisikap kong ipahayag sa kanila na ito ang pinakakagila-gilalas na kasangkapang natanggap namin mula sa Unang Panguluhan," dagdag pa ni Sergio. "Mas maganda ito kaysa anumang perang maibibigay upang tulungan ang isang tao, at ang mga turo nito ay mas malinaw kaysa karamihan sa mga lesson na pinag-aralan ko noong nag-aaral pa lamang ako sa unibersidad."

Higit sa lahat, yaong mga nakatapos ng 12-linggong mga kurso nila sa self-reliance ay nagiging mas mabubuting disipulo ni Jesucristo at natututong gamitin ang kanilang mga kasanayan upang itayo ang kaharian ng Diyos.

"Ang [self-reliance] group na ito ay hindi lang nakatuon sa aming negosyo; nakatuon ito sa relasyon namin sa Diyos at sa ibang tao," sabi ni Sergio. "Nagiging mas mabubuting



SELF-RELIANT AT NAKATATAYO SA SARILING MGA PAA

"Iniutos ng Panginoon sa Simbahan at mga miyembro nito na tumayo sa sariling mga paa at magsarili. (Tingnan sa D at T 78:13–14.)

Ang responsibilidad para sa kapakanang panlipunan, emosyonal, espirituwal, pisikal, o pangkabuhayan ng bawat tao ay nakasalalay una sa kanyang sarili, ikalawa sa kanyang pamilya, at ikatlo sa Simbahan kung siya ay tapat na miyembro nito."

***Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (2006), 139.**

disipulo ni Jesucristo kami sa tatlong buwang ginugol namin sa grupong ito. Tutal, baka matulungan kami ng negosyo na mas umasa sa sarili, ngunit ang tunay na layunin ay maglingkod."

Paglago at Pagkilos

"Palagian nang pangunahing turo sa mga Banal sa mga Huling Araw," sabi ni Pangulong Joseph F. Smith (1838–1918), "na ang isang relihiyon na walang kapangyarihang iligtas ang mga tao sa buhay temporal, at gawin silang maunlad at maligaya dito, ay hindi maaasahang mailigtas sila sa espirituwal, at dakilain sila sa susunod na buhay."[6]

Hindi tayo dapat magulat, kung gayon, na sa pagpapalakas sa temporal, pinatatatag din natin ang espirituwal. Nakita mismo nina Elder David at Sister Theresa Nish, na naglingkod bilang mga self-reliance missionary sa Solomon Islands, ang ugnayang iyon sa mga miyembro ng Simbahan doon.

"Ang espirituwal na paglago at pagdalo sa templo ay malinaw na dahil sa mga alituntunin, kasanayan, at gawing itinuro sa *Ang Aking Saligan* at sa komprehensibong paliwanag sa *Ang Aking Landas patungong Self-Reliance,*" sabi nila tungkol sa mga buklet ng proyekto. "Tinutulungan [nila] ang mga tao na umunlad sa espirituwal gayundin sa temporal, na humahantong sa espirituwal at temporal na pag-asa sa sarili."

Ipinaliwanag ni Cheryl Redd, isang self-reliance facilitator sa Utah, USA, kung paano nakatulong sa kanyang temporal na pag-unlad ang espirituwal na mga alituntunin ng proyekto: "Natanto ko na ang mga alituntunin at saligang ito ay magagamit sa lahat ng aspeto ng ating buhay. Nakatulong sa akin ang mga workshop na ito na mas magtuon ng pansin sa aking mga responsibilidad bilang asawa at ina. Ngayo'y may mga instrumento na ako upang mas maunawaan ko ang ukol sa pera ng aking pamilya. Nakikita ko kung paano maituturing na negosyo, sa isang paraan, ang pakikipagtulungan sa ating asawa na hawakan nang maayos ang pera. Kailangan natin ang mga kasangkapang ito upang magtagumpay ang ating pamilya."

Sa buong Simbahan, ang ibayong pag-unawang ito ay nagiging ibayong katapatan at espirituwal na lakas. Dahil dito, tumindi ang pangako ng mga miyembro na magsimba, magbayad ng ikapu, at manatiling karapat-dapat sa templo.

"Napukaw nito ang aking pansin," sabi ng bagong miyembrong si George Echevarría tungkol sa inisyatibo ng self-reliance. Sabi ni George, na nagmamaneho ng taxi sa Peru, tinulungan siya ng proyekto na magkaroon ng patotoo sa ebanghelyo habang pinalalakas nito ang kanyang hangaring mapagbuti pa ang kanyang sarili. Ngayo'y umaasa siyang maging electrician, na nagkukumpuni ng maliliit na moto-taxi na ilang taon na niyang minamaneho.

"Hindi tayo dapat maupo at maghintay na may mangyari sa atin," sabi niya. "Dapat tayong kumilos."

"Pagpapalain ang Inyong Buhay"

Inaani ng mga Banal sa mga Huling Araw sa buong mundo ang ipinangakong mga pagpapala ng Panginoon kapag masigasig silang nag-aaral, namumuhay, at gumagamit ng mga alituntunin ng espirituwal at temporal na pag-asa sa sarili. Habang maaaring makinabang ang lahat, pinagpala ng inisyatibo lalo na yaong mga kulang o kailangan ng pagpapalakas sa temporal at espirituwal na pag-asa sa sarili. Sinusuportahan ng Perpetual Education Fund ang inisyatibo ng self-reliance sa pagtulong sa mga taong may planong mag-aral na magamit ang kailangang mga kagamitan.

Ipinapangako sa mga banal na kasulatan ang tulong ng Panginoon kapag nagsisikap tayong maging self-reliant. Sabi ng Panginoon, "Layunin ko ito na maglaan para sa aking mga banal" (D at T 104:15).

Sa pagbibigay ng komentaryo tungkol sa layuning iyan, ipinahayag ng Unang Panguluhan: "Ang paghahayag na ito ay isang pangako mula sa Panginoon na magbibigay Siya ng mga temporal na biyaya at mga oportunidad para maging self-reliant, na ibig sabihin ay kaya nating tustusan ang mga pangangailangan natin at ng ating pamilya sa buhay na ito."

Kapag pinag-aralan, ginamit, at itinuro natin ang mga alituntuning ito sa mga miyembro ng pamilya, nangangako ang Unang Panguluhan na, "mabibiyayaan ang inyong buhay. Matututo kayo kung paano kumilos sa inyong pagsulong tungo sa lalo pang pagiging self-reliant. Mabibiyayaan kayo ng mas malaking pag-asa, kapayapaan, at pag-unlad."[7] ■

ANG DIWA NG ATING RELIHIYON

Tulad ng dalawang mukha ng isang barya, ang temporal at espirituwal ay hindi mapaghihiwalay. . . .

"Ang pagtulong sa paraan ng Panginoon ay hindi lang isa sa mga nakalistang programa ng Simbahan. Hindi ito dapat kaligtaan o isantabi. Ito ay mahalaga sa ating doktrina; ito ang diwa ng ating relihiyon."

Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Pagtulong sa Paraan ng Panginoon," *Liahona,* Nob. 2011, 53–56.

MGA TALA

1. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 6.1.1.
2. Thomas S. Monson, "Guiding Principles of Personal and Family Welfare," *Ensign,* Set. 1986, 3; tingnan din sa Marion D. Romney, sa Welfare Services Meeting Report, Okt. 2, 1976, 13.
3. Unang Panguluhan, sa *Ang Aking Saligan: Mga Alituntunin, Kasanayan, at Gawi* (buklet, 2015), 2.
4. Robert D. Hales, "Isang Pananaw ng Ebanghelyo sa Pagkakawanggawa: Pagkilos ayon sa Pananampalataya," sa *Mga Pangunahing Tuntunin sa Pagkakawanggawa at Pag-asa sa Sarili* (buklet, 2009), 2.
5. *You're Invited: A Leader's Guide to the Self-Reliance Initiative* (booklet, 2016), 9.
6. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (1999), 198.
7. Unang Panguluhan, sa *Ang Aking Saligan,* 2.

Ang serbisyo o paglilingkod ay hindi palaging kumbinyente, ngunit bilang isang ama at bishop, sinikap ni Ilir Dodaj na ipakita sa kanyang mga anak na palaging sulit ito.

CODY BELL, RETRATISTA

Ilir Dodaj

Durrës, Albania

Isang matandang babae sa ward ang nagkaroon ng tumor o bukol sa kanyang tiyan at kinailangan niya ng tulong sa bawat araw dahil hindi siya makagalaw sa kanyang kinahihigaan. Sa huli, itinanong niya kung maaari bang ako ang pumunta, hindi ang iba pang maytaglay ng priesthood o iba pang tao, dahil malubha ang kanyang karamdaman at mamamatay na siya. Panatag ang kalooban niya na tutulungan siya ng kanyang bishop.

Isang araw naoperahan ako sa puso, at hindi ko siya nadalaw nang ilang panahon. Nang bumalik ako para bisitahin siya, sinabi niyang, "Bishop, paano mo ako matutulungan niyan samantalang kaoopera mo lang?"

Sinabi ko sa kanya na, "Tungkulin kong maglingkod sa iba."

Tingnan pa ang mga larawan ni Bishop Dodaj at ng kanyang pamilya sa **lds.org/go/101738.**

Para malaman ang iba pa tungkol sa gawain ng isang bishop, bumisita sa **lds.org/go/101739.**

MAY MALASAKIT ANG AMA SA LANGIT SA AKING NEGOSYO

Bilang ina na mag-isang nagtataguyod sa limang anak, nadama ko ang bigat ng responsibilidad ng pagtustos sa pangangailangan ng aking pamilya. Ako ay isang kasambahay, pero hindi sapat ang kinikita ko sa trabaho ko para matustusan ang pamilya ko. Sumali ako sa isang self-reliance group para malaman ko kung paano mapapabuti ang situwasyon ko.

Nabigyang-inspirasyon ako ng grupong "Starting and Growing My Business" at nagpasiya ako na maaari akong manahi at magbenta ng mga insulated bag para sa mga slow cooker. Tatahiin ko ang mga bag sa gabi pagkauwi ko mula sa trabaho ko sa araw.

Isang gabi tinatahi ko ang isang malaking bulto ng order na kukunin na kinabukasan nang umaga nang tumigil ang aking makinang panahi. Hatinggabi na noon kaya walang mekanikong makakatulong sa akin. May kasamang maliit na tool kit ang makina, pero hindi pa ako nakapagkumpuni ng makinang panahi. Wala akong ideya kung saan ako mag-uumpisa.

Pagkatapos ang lesson sa manwal na *My Foundation* na pinamagatang "Exercise Faith in Jesus Christ" ay pumasok sa isip ko. Nang sandaling iyon, alam ko na kailangan kong magtiwala sa Panginoon. Lumuhod ako at sumamo: "Ama sa Langit, tulungan po Ninyo ako na makumpuni itong makina para matapos ko po ang order na kukunin ng kostumer ko mamayang umaga. Ama sa Langit, tulungan po ninyo ako!"

At nadama ko ang malinaw na impresyon na kunin ang distornilyador sa tool kit at gamitin ito para itulak ang isang bahagi ng makina. Ginawa ko ito, na lubusang umaasa sa aking pananampalataya. Pigil ko ang aking hininga nang muli kong i-switch ang makina. Umandar ito!

Natapos ko sa oras ang ginagawa ko. Natuklasan ko kung ano ang pakiramdam ng maging kasosyo sa negosyo ang Ama sa Langit at si Jesucristo. Alam kong patuloy akong mabibiyayaan sa paghahanap ng mga oportunidad na magamit ang natutunan ko sa self-reliance group. ■

Buyisile Zuma, KwaZulu-Natal, South Africa

Isang gabi tinatahi ko ang isang malaking bulto ng order na kukunin na kinabukasan nang umaga nang tumigil ang aking makinang panahi.

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

ISANG INSPIRADONG TUGON SA ISANG INTERBYU SA TRABAHO

Pagkatapos akong maatasang mamuno sa isang stake self-reliance committee, natanto ko na ako mismo ay hindi tugma ang kakayahan ko sa trabaho ko. Nang mapagtanto ko ito, naghangad akong magamit pa ang aking propesyon.

Nakadama ako ng hangaring maghanap ng mas mabuting trabaho at nagpatulong sa paggawa ng professional résumé. Ipinadala ko ang aking bagong résumé sa ilang kumpanya at hindi nagtagal ay tinawagan ako para sa mga interbyu.

Sa isa sa mga interbyu, binigyang-diin ng interviewer ang nasa résumé ko tungkol sa trabaho ko bilang counselor sa stake presidency at nagtanong, "Puwede bang sabihin mo sa akin sa loob ng limang segundo kung ano ang ibig sabihin ng serbisyong ito sa simbahan?"

Sinabi ko na nasa pamunuan ako ng isang organisasyon na responsable sa paggabay at kapakanan ng mahigit 2,500 tao. Naging interesado ang interviewer at nagsabing, "Mayroon kang isang minuto para magpasiya kung paano mo ako bibigyan ng limang-segundong sagot sa tanong na ito: paano mo ginagabayan ang 2,500 kataong iyon?"

Alam ko na dito ibabatay ang desisyon sa interbyu na ito. Nagdasal ako at humingi ng tulong sa aking Ama sa Langit at agad kong naalala ang mga lesson na natutunan ko mula sa self-reliance group. Nakadama ako kaagad ng kumpiyansa.

Pagkatapos ng isang minuto, nagtanong ang interviewer, "Paano mo ginagabayan ang 2,500 kataong iyon?"

Alam ko na ang limang segundong ito ang pagbabatayan ng desisyon sa aking interbyu. Nagdasal ako at hiningi ang tulong ng aking Ama sa Langit.

"Tinutulungan namin silang magtakda ng mga mithiin," sagot ko.

Tumindig ang interviewer, kinamayan ako, at sinabing, "Tanggap ka na."

Kagila-gilalas kung paano ako tinulungan ng Diyos at dininig ang aking panalangin. Nagpapasalamat ako sa aking Tagapagligtas sa pagbibigay-inspirasyon sa ating mga lider na lumikha ng inisyatibo sa self-reliance. Ako mismo ay napagpala nito, at nakita ko ang simple, inspiradong mga proseso ng inisyatibo sa self-reliance na nagpala sa marami pang tao sa aming stake. Kumbinsido ako sa kakayahan ng mga alituntunin ng self-reliance na nag-aangat ng buhay kung kaya't nang maging lider ako ng mahigit sa 15 empleyado sa bago kong trabaho, sinimulan kong ituro sa kanila ang mga alituntunin ng self-reliance.

Umunlad ako at mas may kakahayan ako kaysa inakala ko. Kumikita ako ngayon nang sapat para itaguyod ang sarili ko at ang aking pamilya. Tinutulungan tayo ng inisyatibong ito na humusay sa bawat araw sa pagtulong sa atin na mas lalong maging self-reliant. ■

Gibrair Padilha Dos Santos,
São Paulo, Brazil

MGA PAGLALARAWAN MULA SA GETTY IMAGES



PAGPAPALAGO NG AKING NEGOSYO NA PAGLULUTO NG BIBINGKA

Nais kong makapagmisyon ang anak kong lalaki, pero ang pagbebenta ng isang kilo (2 lbs.) ng *bibingka* (rice cakes) sa isang linggo ay hindi sapat para masuportahan siya sa misyon.

Tumulong ang anak ko sa pinansiyal na pangangailangan ng pamilya at masyadong nag-aalala sa aming pinansiyal na katayuan kung kaya't hindi siya komportableng umalis. Palaging hirap noon ang aming pamilya sa pagkita ng pera. Ipinagmalaki ko ang mabuting hangarin ng aking 25-anyos na anak na maglingkod sa Panginoon, ngunit natanto ko na kailangan namin ng himala para matupad ang kanyang pangarap na makapagmisyon.

Sumali ako sa isang self-reliance group. Sa pagiging aktibo at pagsampalataya ko, alam kong pagpapalain ang aming pamilya. Sa isang pulong, nadama kong dapat akong magpunta sa palengke. Doon ay nakita ko ang maraming babae na nagbebenta ng mga katutubong kakanin. Nakipagkasundo ako sa isang babae. Sinabi kong iiwan ko sa kanya ang mga produkto ko sa umaga para ibenta niya at kokolektahin ko ang kinita sa hapon. Kapwa kami makikinabang sa kasunduan. Di-nagtagal nakakita ako ng mas marami pang nagbebenta. Umabot sa 10 ang tagabenta ng negosyo ko noong nasa self-reliance group ako.

Natutunan kong ihiwalay ang sarili kong pera sa perang kinikita ng negosyo ko at sinahuran ko ang sarili ko. Natutunan kong tumigil sa paggugol ng oras sa paggawa ng mga produktong hindi mabenta at tumututok na lamang sa mga mas malaki ang kita. Natuto rin ako ng pagmemerkado sa social media. Tinulungan ako ng action partner ko sa self-reliance group na gumawa ng account sa Facebook. Mula doon ay natutunan namin ang tungkol sa branding at packaging. Lumago ang negosyo ko sa punto na

maaari nang tumigil ang asawa ko sa mahirap niyang trabaho at maghanapbuhay na kasama ko.

Kamakailan ay may nangumusta sa benta ko. May pagmamalaking sinabi ko sa kanya na nakakabenta na ako ngayon ng 12 kilo (26 lbs.) ng bibingka.

"Napakalaki na ng 12 kilo sa bawat linggo!" sabi niya.

"Hindi, brother," sabi ko. "Nagbebenta ako ng 12 kilo *araw-araw*."

Kalaunan ay sinabi sa akin ng anak ko na masaya siya na kaya nang tustusan ng aking negosyo ang aming mga pangangailangan.

"Mukhang makakapaglingkod na po ako sa full-time mission," sabi niya.

Siya ngayon ay naglilingkod sa Philippines San Pablo Mission. Nagpapasalamat talaga ako sa inisyatibo ng self-reliance. Talagang totoo ang Panginoon nang sabihin Niyang, "Layunin ko ito na maglaan para sa aking mga banal" (D at T 104:15). ■

Lordita Yagomyom, Misamis Occidental, Philippines

PAGKAKAROON NG PAGGALANG SA SARILI SA PAMAMAGITAN NG SELF-RELIANCE

Sa isang pulong ng self-reliance group, nadama kong dapat akong magpunta sa palengke. Kinausap ko ang isang babae para ibenta niya ang bibingka ko.

Nag-asawa ako, nagkaroon ng tatlong anak, at wala akong trabaho noon. Dahil sa walang mapasukang trabaho nakadama ako ng kawalan ng pag-asa. Nag-alala ako para sa kaligtasan ng pamilya ko, at tumigil na akong paniwalaan ang sarili ko.

Hinikayat ako ng asawa kong si Carla na dumalo sa isang self-reliance group. Nakakahiyang aminin na wala akong trabaho noon, pero hinikayat niya akong dumalo sa grupo para mapangalagaan ko ang aming pamilya.

Sinubukan ko ito kahit atubili ako. Habang dumadalo sa grupo, natanto ko na ang kasanayan ko sa wikang Ingles ay isang katangiang hinahanap sa isang empleyado. Pinag-aralan ko ang Ingles sa aking misyon, pero ang alam ko lang noon ay magsalita tungkol sa relihiyon. Nag-enrol ako sa mga klase sa Ingles na iniaalok ng Simbahan para madagdagan ang aking bokabularyo. Pag-uwi ko mula sa klase sa Ingles isang araw ay iniabot sa akin ni Carla ang telepono.

"Sino 'yan?" tanong ko.

"Hindi ko alam," sagot niya. "Ingles ang salita nila."

Kinatawan pala iyon ng human resources mula sa isa sa pinakamalalaking kumpanya sa Costa Rica na nagtatanong kung pwede akong mainterbyu. Nagulat ako, ngunit naging napakaayos ng interbyu. Nalaman ko kalaunan na si Carla pala ang nagtakda nito.

Natanggap ako sa trabaho, at naalala ko kung paano ako tinulungan ng aking self-reliance group. Pagkatapos ay naisip ko kung paano ko mas maisasagawa ang natutunan ko. Nagsimula akong maghanap ng mas magandang trabaho at natanggap naman ako. Pagkatapos ay sinikap kong simulan ang sarili kong construction business.

Hindi ko maubos-maisip kung nasaan na kaya ako at ang pamilya ko kung hindi namin natanggap ang inisyatibo mula sa self-reliance. Natuto akong magpakumbaba at humingi ng tulong sa Panginoon. Natutunan ko ring hayaan ang mga taong nais tumulong sa akin na pagpalain ang aking buhay. Napakarami ng aming mga pagpapala. Ngayon ay may paggalang na ako sa sarili ko, at napagpapala ko ang pamilya ko sa perang kinikita ko. Alam kong pinagpapala tayo ng Espiritu kapag tayo ay mapagpakumbaba. ■

José Alberto Navas (isinalaysay kay Miriam Sweeney), San José, Costa Rica

PAGLALARAWAN NI CAROLYN VIBBERT

Limang Aral para sa mga Young Adult mula sa mga Bata pang Apostol

Ni Matthew C. Godfrey
Church History Department

Ang kanilang mga edad ay nasa pagitan ng 23 hanggang 35 anyos, gayunman tumulong sila para mabago ang daigdig. Ang mga unang Apostol ng ipinanumbalik na Simbahan ay mga bata pa. Dama ng ilan ang kanilang kakulangan. Ang ilan ay nakagawa ng mga pagkakamali. Ngunit silang lahat ay gumawa ng kaibahan sa mundo. Narito ang limang aral na matututunan natin mula sa kanilang mga karanasan.

1. Hindi Mo Kailangang Madama na Sapat ang Iyong Kabutihan para Maging Sapat na Mabuti

Nadama ni Heber C. Kimball ang kanyang kakulangan nang matanggap niya ang tawag sa kanya sa Korum ng Labindalawang Apostol noong Pebrero 1835. Wala pa siyang tatlong taon sa Simbahan at siya ay 33 taong gulang lamang noon.

Ano ang matututunan natin ngayon mula sa mga karanasan ng mga unang Apostol ng Pagpapanumbalik?

"Hindi ko ito inasahan," paggunita ni Heber kalaunan.[1] Ngunit handa siyang tanggapin ang tungkulin, at sa kanyang basbas ng ordinasyon sinabihan siya na "milyun-milyon" ang "mangagbabalik-loob sa pamamagitan niya."[2]

Bilang Apostol naglingkod siya sa dalawang napakamatagumpay na misyon sa England. Napabalik-loob niya ang maraming tao na ang mga inapo ngayon ay maaaring milyun-milyon na ang bilang. Para kay Heber, ang pagsulong kahit na dama niyang kakaunti lang ang maibibigay niya ay nagpala sa kanya at sa marami pang iba.

MGA PAGLALARAWAN NI ELIZABETH THAYER

2. Tayo ay Nakikilala Batay sa mga Desisyon, Hindi sa Kalagayan sa Buhay

Si Thomas B. Marsh ay naglayas sa kanilang tahanan sa New Hampshire sa edad na 14. Nagtrabaho siya sa bukid sa Vermont; bilang waiter o serbidor sa Albany, New York; sa isang otel sa New York City; pagkatapos ay bilang katulong sa Long Island. Hindi matatag ang kanyang kalagayan sa buhay hanggang sa kanyang nakilala at pinakasalan si Elizabeth Godkin.

Kalaunan sila ni Elizabeth ay inakay ng Espiritu papunta sa kanlurang bahagi ng New York. Doon nila narinig ang tungkol sa Aklat ni Mormon. Nakita ni Thomas ang mga kopya ng unang 16 na pahina nang lumabas ito sa imprenta, at pinayagan siya ng naglimbag na basahin ang proof sheet. Naniniwalang ang aklat ay sa Diyos, pinili ni Thomas na sumapi sa Simbahan. Nabinyagan siya noong Setyembre 3, 1830.[3]

Ipinangaral ni Thomas ang ebanghelyo sa maraming lugar. Napagtiisan niya ang hirap nang itaboy ang mga Banal mula sa Jackson County, Missouri, noong Nobyembre 1833. Siya ay orihinal na miyembro ng mataas na lupon ng Missouri nang itatag ito noong Hulyo 1834. Pagkatapos siyang tawagin bilang Apostol sa edad na 34 anyos, naglingkod siya bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawa. Bagamat masigasig niyang ipinagtanggol si Joseph Smith laban sa mga nag-alsa noong una, kalaunan si Thomas mismo ay nagbago at namali ng akala. Noong 1838 nagpasiya siyang umalis sa Simbahan.[4]

Mula kay Thomas Marsh matututunan natin na ang mabuway na kalagayan ay hindi kailangang humadlang sa pagkakamit natin ng mga pagpapala ng ebanghelyo—o sa pagpapala sa buhay ng iba.

3. Mag-ingat: Walang Taong Napakabuti para Hindi Magkasala

Si Lyman Johnson ang pinakabata sa mga tinawag—23 taon at apat na buwang gulang noong panahong iyon. Naorden siyang high priest sa loob lang ng ilang araw pagkatapos niyang mag-20 anyos noong 1831 at nakapaglingkod na sa ilang misyon para sa Simbahan. Habang nasa isa sa mga misyon na ito, ipinangaral niya ang isang sermon na naaalala bilang "isa sa mga pinakamalakas na patotoo hinggil sa misyon ni Joseph Smith, at sa dakilang gawain sa mga huling araw."[5]

Sa kasamaang-palad, ang paglilingkod ni Lyman bilang Apostol ay hindi nagtagal. Noong may problema sa ekonomiya sa Kirtland, Ohio, noong 1837, kinalaban niya si Joseph Smith. Si Lyman ay na-excommunicate noong 1838.

Kahit gaano siya kahusay mangaral, kahit ano pa ang hinawakan niyang katungkulan sa Simbahan, nag-apostasiya pa rin si Lyman. Sinabi ni Brigham Young na kalaunan ay inamin ni Lyman na sana ay kaya pa rin niyang paniwalaan ang ebanghelyo: "Punung-puno ako noon ng galak at saya. . . . Masaya ako araw at gabi. . . . Pero ngayon ay sobra ang kadiliman, pasakit, dalamhati, at kalungkutan."[6]





4. Ang Pagsunod ay Hindi Nagbibigay ng Garantiya ng Kaluwagan, Ngunit Sulit Ito

Pagkatapos na si Parley P. Pratt ay inorden na Apostol, si Oliver Cowdery, na isa sa mga inatasang tumulong sa pagpili ng mga Apostol, ay nag-utos kay Parley, na nagsasabing siya ay "mahihirapang tulad ng mga Apostol noong una sa pagtupad sa ministeryong ito." Sinabi niya na si Parley ay makukulong sa "matitibay at mapanglaw na mga bilangguan," ngunit ang gayong mga kalagayan ay hindi dapat magpahina sa kanya, dahil sa mga pagsubok na ito ay "matatanggap niya ang kaluwalhatian" na laan ng Panginoon para sa kanya.[7]

Ganoon nga ang naging buhay ni Parley. May mga pagkakataon na naharap siya sa matinding kahirapan. Naranasan niyang maalipusta sa pangangaral ng ebanghelyo. Nabilanggo siya noong 1838 at 1839 sa mga paratang na nag-ugat sa mga kahirapang nakaharap ng mga miyembro ng Simbahan noon sa Missouri. Gayunman ay naranasan din ni Parley ang mga pagpapalang ipinangako ni Oliver. Hindi nagtagal nang makalaya siya mula sa bilangguan, isinulat niya, "Napakainam ng aming katayuan, at talagang pinaunlad ng Panginoon, pagkatapos ng lahat ng aming mga paghihirap."[8]

5. Hindi Mahalaga ang Edad Kumpara sa Pananampalataya

Si Orson Pratt, na kapatid ni Parley, ang pangalawang pinakabata sa mga Apostol. Naorden sa edad na 23, ilang linggo lang ang tanda niya kay Lyman Johnson. Ang paglilingkod na ibinigay ni Orson sa Simbahan ay napakagandang halimbawa kung paanong ang mga young adult ay maaaring maging puwersa para sa kabutihan.

Si Orson ay nabinyagan noong Setyembre 19, 1830—sa kanyang ika-19 na kaarawan. Kaagad pagkatapos niyon, nakatanggap si Joseph Smith ng paghahayag na nagsasabing si Orson ay anak ng Diyos, na siya ay pagpapalain dahil naniwala siya, at responsibilidad niyang ipangaral ang ebanghelyo (tingnan sa D at T 34:3–6). Kaugnay nito, si Orson ay maraming beses na nagmisyon, kabilang na ang isang kasama niya si Lyman Johnson noong 1832 kung saan nakapagbinyag sila ng halos 100 tao at nag-orden ng ilang elder.

Noong tinawag si Orson bilang Apostol, wala siya sa Kirtland. Noong Abril 23, 1835, sa lungsod ng Columbus, nalaman niya na kailangan ang kanyang presensya sa isang pulong sa Kirtland noong Abril 26.

Hindi batid ang layon ng pulong, kaagad siyang nagpunta doon. Dahil hindi alam na tinawag siya bilang Apostol, pumasok siya sa kongregasyon na noon ay "nagdarasal, at umaasam sa kanyang pagdating."[9] Dama ang suporta ng mga Banal, tinanggap ni Orson ang pagtawag sa kanya.

Bilang Apostol, inihanda niya ang polyeto na naglalaman ng pinakaunang nakalimbag na salaysay ng Unang Pangitain ni Joseph Smith. Bilang pioneer noong 1847, nagtala siya ng detalyadong ulat ng paglalakbay papuntang kanluran. Nagsulat rin siya ng maraming polyeto ng mga missionary at naging malakas na tagapagtanggol ng Aklat ni Mormon.

Kaiba Ngayon . . . Tama Nga Ba?

Sa maraming paraan, ang mga young adult ngayon *ay* kaiba kaysa noong 1835. Gayunman ang mga aral na ito ay makatutulong sa mga young adult ngayon sa pagsisikap nilang mamuhay nang ayon sa kanilang potensyal. Narito ang buod:

- Kung dama mong may kakulangan ka, sumulong ka lang kahit paano.
- Lahat ay may mga hamon. Malalampasan mo ang sa iyo.
- Mas magiging maligaya ka kung mananatili kang aktibo sa Simbahan.
- Manatiling tumutupad sa pangako. Maging masunurin at matapat. Darating ang mga pagpapala.
- Mayroon kang mahalagang bagay na maibibigay. Umaasa ang Panginoon sa iyo. ■

MGA TALA

1. "Extracts from H. C. Kimball's Journal," *Times and Seasons,* Abr. 15, 1845, 868.
2. "Minutes, Discourse, and Blessings, 14–15 February 1835," sa *The Joseph Smith Papers, Documents, Volume 4: April 1834–September 1835,* ed. Matthew C. Godfrey and others (2016), 229.
3. Tingnan sa "History of Thos. Baldwin Marsh," *The Deseret News,* Mar. 24, 1858, 18.
4. Tingnan sa "History of Thos. Baldwin Marsh," *The Deseret News,* Mar. 24, 1858, 18; Kay Darowski, "The Faith and Fall of Thomas Marsh," sa *Revelations in Context: The Stories behind the Sections of the Doctrine and Covenants,* Matthew McBride at James Goldberg, eds. (2016), 57–59.
5. Edward W. Tullidge, *Tullidge's Histories* (1889), vol. 2 (supplement), 175.
6. Brigham Young, Discourse, Hunyo 17, 1877, sa *Journal of Discourses,* 19:41.
7. Oliver Cowdery, sa "Minutes and Blessings, 21 February, 1835," sa *Joseph Smith Papers, Documents, Volume 4: April 1834–September 1835,* 240–41.
8. "Letter from Parley P. Pratt, 22 November 1839," josephsmithpapers.org/paper-summary/letter-from-parley-p-pratt-22-november-1839/1.
9. "Extracts from H. C. Kimball's Journal," *Times and Seasons,* Abr. 15, 1845, 869.

Ang Pagtawag sa mga Orihinal na Apostol ng Pagpapanumbalik

Noong Pebrero 8, 1835, hiniling ni Joseph Smith sa magkapatid na sina Brigham at Joseph Young na awitan siya. Pagkatapos ay nakatanggap ang Propeta ng paghahayag na panahon na para tawagin ang Labindalawang Apostol.[1]

Hiniling ni Joseph Smith kay Brigham na magpadala ng pabatid na magdaraos ng kumperensya nang sumunod na Sabado. Sinabihan niya si Brigham na isa siya sa tatawaging Labindalawa.[2]

Makalipas ang anim na araw, nagtipon ang mga Banal. Sinabi ni Joseph Smith na isa sa mga pangunahing layunin ng pulong ay para pumili ang Tatlong Saksi ng Aklat ni Mormon—Oliver Cowdery, David Whitmer, at Martin Harris—"ng labindalawang lalaki mula sa simbahan bilang mga Apostol."[3] Nauna nang natanggap nina Oliver at David ang atas na iyon noong Hunyo 1829, ngunit kahit na "hiniling nila sa Panginoon sa pagaayuno at panalangin" na tukuyin ang Labindalawa, hindi pa dumating ang tamang oras para dito.[4] Ngayon, sabi ni Joseph, ay dumating na ang oras.

Ang Labindalawa (ayon sa kaayusang inilahad sa pulong) ay sina Lyman Johnson, edad 23; Brigham Young, 33; Heber C. Kimball, 33; Orson Hyde, 30; David W. Patten, 35; Luke Johnson, 27; William E. McLellin, 29; John F. Boynton, 23; Orson Pratt, 23; William Smith, 23; Thomas B. Marsh, 34; at Parley P. Pratt, 27. Lahat sila ay nakapagmisyon. Walo ang nakasama ni Joseph Smith sa Zion's Camp expedition sa nakaraang tag-init.[5]

Pagkatapos silang matukoy, bawat isa sa mga Apostol ay inordenan.[6] Ang mga pagpapala ng kanilang ordenasyon ay puno ng mga pangako ng tagumpay bilang missionary. Kalaunan ay naalala ni Heber C. Kimball ang mga pagpapalang "nagpropesiya sa maraming bagay na magaganap, na magkakaroon kami ng kapangyarihang magpagaling ng maysakit, magtaboy ng mga diyablo, magpabangon ng patay, magbigay ng paningin sa bulag, . . . magpalipat ng mga bundok, at lahat ng bagay ay susunod sa amin sa pamamagitan ng pangalan ni Jesucristo."[7]

Binigyang-diin din ni Oliver Cowdery ang kakaharapin nilang mga kahirapan: "Maging handa sa lahat ng oras na isakripisyo *[sic]* ang inyong buhay, sakaling hilingin ito ng Diyos para sa pagpapasulong at pagtatatag ng kanyang layunin." Hinikayat ni Oliver ang mga Apostol na hangaring magkaroon ng personal na kaalaman tungkol kay Jesucristo para makapagpatotoo sila na Siya ay buhay nang may katiyakan: "Huwag tumigil sa pagsisikap hanggang sa makita ninyo ang Diyos, nang harap-harapan."[8]

Simula noong Mayo 1835, ang mga Apostol ay nagsagawa ng ilang proselyting mission para sa Simbahan, at ang kanilang pamumuno sa pangkalahatan ay nagpala rin sa maraming indibiduwal. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa History, 1838–1856 (Manuscript History of the Church), volume B-1 [1 September 1834–2 November 1838]," addenda, note A, page 1, josephsmithpapers.org/paper-summary/history-1838-1856-volume-b-1-1-september-1834-2-november-1838/304.
2. Tingnan sa Joseph Young, *History of the Organization of the Seventies* (1878), 1.
3. "Minutes, Discourses, and Blessings, 14–15 February 1835," sa *Joseph Smith Papers, Documents, Volume 4: April 1834–September 1835,* 224–28.
4. "Minutes and Blessings, 21 February 1835," sa *Joseph Smith Papers, Documents, Volume 4: April 1834–September 1835,* 242, 243.
5. Ang apat na hindi bahagi noon ng kampo ay sina David W. Patten, Thomas B. Marsh, William E. McLellin, at John F. Boynton.
6. Siyam lamang sa Labindalawa ang dumalo sa pulong noong Pebrero 14, 1835. Si Parley P. Pratt ay inorden noong Pebrero 21, 1835, samantalang sina Thomas B. Marsh at Orson Pratt ay kapwa inorden noong Abril 26, 1835.
7. "Extracts from H. C. Kimball's Journal," *Times and Seasons,* Abr. 15, 1845, 868.
8. "Minutes and Blessings, 21 February 1835," sa *Joseph Smith Papers, Documents, Volume 4: April 1834–September 1835,* 244.

Para malaman pa ang tungkol sa katungkulan ng orihinal na Labindalawang Apostol sa dispensasyong ito, bisitahin ang **history.lds.org.**

Ni Elder David A. Bednar
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang PAGKATAONG Tulad ng kay Cristo

Si Jesus, na pinakamatinding nagdusa, ang may sukdulang pagkahabag sa ating lahat na mas kaunti ang pagdurusa.

Itinuro ni Elder Neal A. Maxwell (1926–2004) ang isang prinsipyo na labis na tumatak sa akin at naging pokus ng aking mga pag-aaral, pag-iisip, at pagninilay. Sabi niya, "Wala sanang naganap na Pagbabayad-sala kung hindi dahil sa pagkatao ni Cristo!"[1] Mula nang marinig ko ang diretsahan at tumitimong pahayag na ito, sinikap kong alamin pa ang tungkol sa at mas unawain ang salitang "pagkatao." Pinag-isipan ko na rin ang kaugnayan ng pagkatao ni Cristo at ng Kanyang Pagbabayad-sala—at ang mga implikasyon ng pagkataong ito sa bawat isa sa atin bilang mga disipulo.

Ang Pagkatao ng Panginoong Jesucristo

Marahil ang pinakamainam na tanda ng pagkatao ay ang kakayahang makakilala at tumugon sa angkop na paraan sa iba pang mga tao na dumaranas ng mismong hamon o hirap na kagyat at sapilitang nagpapabigat sa atin. Halimbawa, naipapakita ang ating tunay na pagkatao sa kakayahang mapansin ang pagdurusa ng ibang mga tao kapag tayo mismo ay nagdurusa rin; sa kakayahang maramdaman na nagugutom ang iba habang nagugutom rin tayo; at sa kakayahang tumulong sa iba at magpakita ng pagkahabag sa mga taong dumaraan sa mga espirituwal na pagsubok kapag tayo rin ay nasa ganitong kalagayan. Samakatwid, naipapakita ang tunay na pagkatao sa pamamagitan ng pagmamalasakit at pagtulong kahit ang natural at likas na reaksyon ay magtuon lamang sa sarili at sa sariling problema. Kung ang gayong kakayahan ang talagang pinakadakilang pamantayan ng mabuting pagkatao, samakatwid ang Tagapagligtas ng mundo ang pinakadakilang halimbawa ng gayong hindi pabagu-bago at matulungin at mapagmahal na pag-uugali.

DETALYE MULA SA *ILAW NG SANGLIBUTAN*, NI HOWARD LYON.

ANG LABINDALAWANG ITO NA ISINUGO NI JESUS, NI WALTER RANE

Mga Halimbawa ng Pagkatao ni Cristo

Sa silid sa itaas sa gabi ng Huling Hapunan, ang mismong gabi kung saan daranasin Niya ang pinakamatinding pagdurusa na naganap sa lahat ng mga daigdig na Kanyang nilikha, binanggit ni Cristo ang tungkol sa Mang-aaliw at kapayapaan:

"Ang mga bagay na ito'y sinalita ko sa inyo, samantalang ako'y tumatahang kasama pa ninyo.

"Datapuwa't ang Mangaaliw, samakatuwid baga'y ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa aking pangalan, siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat na sa inyo'y aking sinabi.

"Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man" (Juan 14:25–27).

Nalalaman na Siya mismo ay daranas ng matindi at personal na kawalan ng kaginhawahan at kapayapaan, at sa sandaling marahil ang Kanyang puso ay nababagabag at natatakot, naisip ng Panginoon ang ibang tao at inialok sa iba ang mismong mga pagpapala na makapagpapalakas sana sa Kanya.

Sa dakilang Panalangin ng Pamamagitan, na inialay bago humayo si Jesus kasama ng Kanyang mga disipulo sa batis ng Cedron papunta sa Halamanan ng Getsemani, ang Panginoon ay nanalangin para sa Kanyang mga disipulo at para sa lahat ng "mga nagsisisampalataya sa akin sa pamamagitan ng kanilang salita;

"Upang silang lahat ay maging isa; na gaya mo, Ama, sa akin. . . .

". . . Upang sila'y malubos sa pagkakaisa; upang makilala ng sanglibutan na ikaw ang sa akin ay nagsugo, at sila'y iyong inibig, na gaya ko na inibig mo. . . .

"At ipinakilala ko sa kanila ang iyong pangalan, at ipakikilala ko: upang ang pagibig na sa akin ay iniibig mo ay mapasa kanila, at ako'y sa kanila" (Juan 17:20, 21, 23, 26).

Paulit-ulit kong itinatanong sa aking sarili ang sumusunod habang pinagninilayan ko ito at ang iba pang mga pangyayaring naganap malapit sa pagkakanulo sa Kanya at sa Kanyang pagdurusa sa halamanan: Paano Niya naipanalangin ang kapakanan at pagkakaisa ng iba bago Siya dumanas mismo ng hirap at pasakit? Ano ang naging daan para hangarin Niya ang kaginhawahan at kapayapaan ng mga taong ang pangangailangan ay hindi kasingtindi ng sa Kanya? Habang lalong nagpapabigat sa Kanya ang nahulog na kalagayan ng mundong Kanyang nilikha, paano Siya lubusang nakapagpokus at para lamang sa kalagayan at kapakanan ng iba? Paano nagawang isipin ng Panginoon ang iba samantalang ang mas mababang uri ng nilalang ay sarili ang iisipin? Isang pahayag mula kay Elder Maxwell ang sasagot sa bawat isa sa makapangyarihang mga tanong na ito:

"Ang pagkatao ni Jesus ay naglaan ng suportang kailangan para sa Kanyang kagila-gilalas na pagbabayad-sala. Kung wala ang sukdulang pagkatao ni Jesus hindi sana nagkaroon ng sukdulang pagbabayad-sala! Ang Kanyang pagkatao ay gayon Siya ay '[nagdanas ng] lahat ng uri ng tukso' (Alma 7:11), gayunman 'hindi [Siya] nagpadaig' sa mga ito (D at T 20:22)."[2]

Si Jesus, na pinakamatinding nagdusa, ang may sukdulang pagkahabag sa ating lahat na mas kaunti ang pagdurusa. Tunay na ang tindi ng pagdurusa at pagkahabag ay may kaugnayan sa tindi ng pagmamahal na nadarama ng taong naglilingkod.

Aktibong Paghahangad ng Pag-ibig sa Kapwa-tao

Maaari nating hangarin sa mortalidad na pagpalain at magtaglay ng mahahalagang elemento ng pagkatao na tulad ng kay Cristo. Tunay na

posible para sa ating mga mortal na sikapin sa kabutihan na tumanggap ng mga espirituwal na kaloob na may kinalaman sa kakayahang isipin at tulungan ang iba, at tumugon sa angkop na paraan sa iba pang mga tao na dumaranas ng mismong hamon o hirap na kagyat at sapilitang nagpapabigat sa atin. Hindi natin tataglayin ang gayong kakayahan sa pamamagitan lamang ng kagustuhan o personal na determinasyon. Sa halip, tayo ay nakaasa sa at nangangailangan ng "kabutihan, at awa, at biyaya ng Banal na Mesiyas" (2 Nephi 2:8). Ngunit "taludtod sa taludtod, tuntunin sa tuntunin" (2 Nephi 28:30) at "sa paglipas ng panahon" (Moises 7:21), nabibigyan tayo ng kakayahang isipin at tulungan ang iba kapag ang likas na tendensya ay isipin ang ating sarili.

Hayaang imungkahi ko na ikaw at ako ay kailangang magdasal, maghangad, magsikap, at kumilos para linangin ang pagkataong tulad ng kay Cristo kung umaasa tayong matatanggap ang espirituwal na kaloob na pag-ibig sa kapwa-tao—ang dalisay na pag-ibig ni Cristo. Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay hindi katangian o pag-uugali na nakakamit lamang natin sa pamamagitan ng sarili nating pagsisikap at determinasyon. Tunay na kailangan nating igalang ang ating mga tipan at mamuhay nang marapat at gawin ang lahat sa abot kaya natin para maging karapat-dapat sa kaloob na iyon; ngunit sa huli ang kaloob na pag-ibig sa kapwa-tao ang mag-aangkin sa atin—hindi tayo ang nag-aangkin nito (tingnan sa Moroni 7:47). Ang Panginoon ang nagpapasiya kung at kailan natin tatanggapin ang lahat ng espirituwal na kaloob, ngunit kailangang gawin natin ang lahat sa abot ng ating makakaya para naisin, hangarin, anyayahan, at maging

kuwalipikado sa gayong mga kaloob. Kapag lalo pa tayong kumikilos nang naaayon sa pagkatao ni Cristo, sa gayon marahil ay ipinakikita natin sa langit sa pinakamabisang paraan ang paghahangad natin sa pambihirang espirituwal na kaloob ng pag-ibig sa kapwa-tao. At malinaw na binibiyayaan tayo ng ganitong kagila-gilalas na kaloob kapag lalo nating inisip ang ibang tao kapag ang likas na tao na nasa ating kalooban ay karaniwang ang sarili ang iisipin.

Si Jesus ang Cristo, ang Bugtong na Anak ng Amang Walang Hanggan. Alam kong Siya ay buhay. At nagpapatotoo ako na ginawang posible ng Kanyang pagkatao na magkaroon tayo ng mga oportunidad kapwa para sa imortalidad at buhay na walang hanggan. Nawa'y isipin at tulungan natin ang iba kapag ang natural na gawi ay tingnan lamang ang ating sarili. ■

Mula sa isang mensahe na ibinigay sa Brigham Young University–Idaho Religion Symposium noong Enero 25, 2003.

MGA TALA

1. Neal A. Maxwell, "The Holy Ghost: Glorifying Christ," *Ensign,* Hulyo 2002, 58.
2. Neal A. Maxwell, "O How Great the Plan of Our God!" (mensahe sa mga religious educator ng Church Educational System, Peb. 3, 1995), 6, si.lds.org.

Paanong ang Isang Mensahe sa Kumperensya ay

MAGPAPABAGO NG IYONG BUHAY



IMAHE NG DESK, NOTEPAD MULA SA GETTY IMAGES

Talagang maaari kang maging higit na katulad ni Jesucristo. Tutulungan ka ng mga instrumentong ito upang makita kung paano.

Ni Hadley Griggs

Para bang nanghihina ang iyong espiritu? Makakatulong kaya ang kaunting espirituwal na patnubay? Kung gayon, mapalad ka, dahil maaaring ang pangkalahatang kumperensya ang hinahanap mong kasagutan! Sinabi ni Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Sa mga batang miyembro ng Simbahan, nangangako ako na kung makikinig kayo [sa pangkalahatang kumperensya], madarama ninyo ang Espiritu na nag-uumapaw sa inyong kalooban. Sasabihin ng Panginoon sa inyo ang nais Niyang gawin ninyo sa inyong buhay."[1]

At hindi ito kailangang magwakas sa pagtatapos ng linggo ng kumperensya—maaari mong patuloy na madama ang Espiritu sa pamamagitan ng pag-aaral sa mga mensahe pagkatapos nito!

Tinutulungan tayo ng kumperensya sa maraming paraan. Marahil ang pinakamahalaga, mas inilalapit tayo nito sa Tagapagligtas sa pagtuturo sa atin kung paano maging higit na katulad Niya. Ang isang napakainam na paraan para makinabang nang husto sa kumperensya ay ang magtuong mabuti sa mga katuruan tungkol sa mga katangiang tulad ng kay Cristo—sa kasalukuyan man ng brodkast o habang pinag-aaralan mo ang mga mensahe pagkatapos nito. Habang ikaw ay nakikinig o nagbabasa na iniisip ang ilang katangian ni Cristo, matutulungan ka ng mga salita at ng Espiritu na malaman kung paano maging higit na katulad ni Cristo.

Maaari mong kunin ang maikling pagsusulit na ito para makita kung aling katangian ang puwede mong pagtuunan ng pansin habang pinag-aaralan mo ang mga mensahe sa kumperensya. (Para sa mas malalim na pagsusulit, tingnan ang Oktubre 2016 *New Era* o kabanata 6 ng *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*.)

Para sa bawat isa sa siyam na mga katangian ni Cristo na nasa ibaba, piliin ang pangungusap na pinaka-angkop na naglalarawan sa iyo.

1. PANANAMPALATAYA:

a. Hindi ko tiyak kung si Jesucristo ang aking Tagapagligtas.
b. Naniniwala ako kay Jesucristo at tinatanggap ko Siya bilang aking Tagapagligtas.
c. Umaasa akong si Jesucristo ang aking Tagapagligtas.

PAGMAMAHAL PARA SA LIMANG BAGONG KAIBIGAN

Sa eskuwelahan ay may isang maliit na grupo ng mga bata na iniisip ng karamihan sa mga estudyante na "mga walang halaga" dahil kakaiba sila. Hindi ko sila kinakausap noon. Hindi naman ako salbahe sa kanila, pero hindi rin ako mabait.

Nang marinig ko ang ibinigay ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, na mensaheng "Ang Mahabagin ay Kahahabagan" (pangkalahatang kumperensya ng Abril 2012), mayroong nagbago. Sinabi niya na may isang bagay na dapat gawin sa panghuhusga: "Itigil na ito!" Natulungan ako ng kanyang mensahe na sa halip na husgahan ang mga batang ito sa paaralan, dapat kong palitan ang masama kong isipan at damdamin ng "pusong puno ng pagmamahal para sa Diyos at sa Kanyang mga anak."

Nang Lunes na iyon pagpunta ko sa eskuwela, sa halip na makipagkita sa mga dati kong kaibigan, nagpunta ako sa kinaroroonan ng grupo na iniisip ng mga tao na "mga walang halaga." Nagsimula kaming mag-usap, at natanto ko na ang mga taong ito ay hindi naman talaga kakaiba. Nang mag-ukol ako sa kanila ng oras, nagkaroon ako ng matibay na kaugnayan sa kanila. Nagkaroon ako ng limang bagong kaibigan.

Natanto ko na ang mga bago kong kaibigan ay hindi naman "mga walang halaga" talaga—sa Diyos sila ay mahalaga noon pa man. Masayang-masaya akong malaman pa ang tungkol sa pagmamahal ng Diyos sa Kanyang mga anak.

Holly H., edad 19, California, USA

2. PAG-ASA:

a. Panatag ako at maganda ang pananaw ko ukol sa hinaharap.
b. Natatakot ako sa mangyayari sa hinaharap!
c. Karaniwan ay hindi ko pinapansin ang hinaharap—kung hindi ko ito iisipin, hindi ako kailangang mag-alala tungkol dito.

3. PAG-IBIG SA KAPWA-TAO AT PAGMAMAHAL:

a. Sinisikap kong mahalin ang ibang tao, pero may ilang tao na parang palaging kinaiinisan ko.
b. Masyado akong abala sa pag-aasikaso sa buhay ko kaya nahihirapan akong isipin ang tungkol sa ibang tao.
c. Hangad ko ang walang hanggang kapakanan at kaligayahan ng ibang tao.

4. KABANALAN:

a. "Pagiging dalisay sa kaisipan at kilos." Parang hindi masaya yun!
b. Ako ay malinis at dalisay ang puso ko.
c. Nahihirapan akong manatiling malinis at dalisay.

5. KAALAMAN:

a. Masyadong maraming nangyayari sa buhay ko kaya halos wala akong oras para hanapin ang mga sagot sa tanong ko.
b. Naku. Pag-aaral? Kung minsan nakakabagot ang pagsisikap na matutunan ang mga bagay-bagay.
c. Buong sigasig kong hinahangad na maunawaan ang katotohanan at mahanap ang mga sagot sa aking mga tanong.

6. PAGTITIYAGA:

a. Nahihintay ko ang mga bagay nang hindi nagagalit o pinanghihinaan ng loob.
b. Sa palagay ko puwede kong hintayin ang mga bagay-bagay, pero maaaring ikagalit ko ito.
c. Ang paghihintay sa mga bagay-bagay ang pinakaayaw ko. Gusto kong narito na ang lahat ngayon.

7. PAGPAPAKUMBABA:

a. Gusto kong matiyak na ako lang ang gagawa ng lahat ng bagay.
b. Umaasa ako sa tulong ng Panginoon.
c. Kapag may ginagawa akong isang bagay, kadalasan ay nalilimutan ko na maaari akong humingi ng tulong sa Ama sa Langit.

8. KASIGASIGAN:

a. Maraming oras ang iniuukol ko sa panonood ng TV, pakikisama sa aking mga kaibigan, at pag-iwas sa responsibilidad!
b. Kadalasan ay nahihirapan akong magpokus sa mahahalagang bagay sa aking buhay, pero sinusubukan ko.
c. Iniuukol ko ang oras at panahon ko sa pinakakamahalagang bagay.

9. PAGSUNOD:

a. Kusa kong sinusunod ang payo ng aking mga lider at mga magulang.
b. Karaniwang sarili ko ang amo ko—kadalasan ay nahihirapan akong makinig sa iba.
c. Sinusunod ko ang payo ng aking mga lider at mga magulang, pero kung minsan ay nagmamaktol ako tungkol dito.

Ngayon ay tingnan ang iyong mga sagot. Aling mga katangian ang gusto mong pagbutihin pa? Para malaman kung paano tataglayin ang mga ito, maaari kang pumili ng isa o dalawang katangian at bigyang pansin ang mga ito habang nakikinig ka sa kumperensya.

At kung ang sagot mo ay napakahusay mo na sa bawat isa rito, ipagpatuloy ito! Maaari ka pa ring pumili ng isa o dalawa na pumasok sa isip mo habang kinukuha mo ang quiz at magpokus doon sa pag-aaral mo ng kumperensya. Saan ka man naroon sa iyong paglalakbay sa pagiging tulad ni Cristo, maaari kang bumaling sa tuwina sa mga turo ng ating mga lider para tulungan ka sa iyong landas.

Kung hindi mo maisip kung anong katangian ang gusto mong pagtuunan ng pansin, huwag mag-alala! Maaari mong pakinggan ang kumperensya sa tuwina at tingnan kung ano ang makakaagaw ng iyong pansin.

Kapag napili mo na ang katangiang gusto mong pagtuunan ng pansin, maaari mong isulat ito para handa ka nang tumanggap ng pag-hahayag tungkol dito habang pinakikinggan mo ang kumperensya o habang pinag-aaralan mo ang mga mensahe pagkatapos nito. Habang pinakikinggan at pinag-aaralan mo ito, hayaang gabayan ka ng Espiritu sa ilang partikular na paraan para mapagsikapan mong gawin ang katangian. Tingnan mo ang halimbawang ito na nasa ibaba! ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

TALA

1. Robert D. Hales, "Pangkalahatang Kumperensya: Nagpapalakas ng Pananampalataya at Patotoo," *Liahona,* Nob. 2013, 6.



PAGPAPAKITA NG PAG-IBIG SA KAPWA SA ORCHESTRA CLASS

Sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2015, may isang mensahe na nakatawag sa aking pansin. Si Elder Dale G. Renlund, ng Korum ng Labindalawang Apostol ay nagbigay ng mensaheng pinamagatang "Sa Paningin ng Diyos." Nagsalita siya tungkol sa kahalagahan ng pagtingin sa ibang tao sa pamamagitan ng mga mata ng mapagmahal na mga magulang. Nang marinig ko iyon, nadama ko na kailangan kong pakasikapin na mahalin ang mga taong nasa paligid ko.

Isang umaga pagkatapos ng kumperensya, pinagtuunan ko ng pansin ang pagbibigay ng kasiyahan sa isang tao. Nagpunta ako sa aking orchestra class at nakita ko ang isang batang lalaki na hindi ko masyadong pansin noon. Halata kong may ikinagagalit siya, kaya nilapitan ko siya at kinumusta siya. Hindi siya madaldal, kaya tinanong ko kung nagugustuhan ba niya ang orchestra class. Sinabi niyang hindi niya talaga alam ang tugtog at nag-aalala tungkol sa konsiyerto. Nag-alok akong rebyuhin itong kasama niya, at magkasama namin itong tinugtog. Ang ganda ng tunog! Pagkatapos niyon, nag-usap na kami tungkol sa aming mga instrumento. Naging mas malapit kami, at natutuwa talaga ako na nag-ukol ako ng oras para makipag-usap sa kanya.

Christa M., edad 12, Texas, USA

MANINDIGAN

Ni Lindsay Hiller

Lumaki akong kasama ang mga kaibigan na mga miyembro ng Simbahan, at nasabik akong mabinyagan at maging miyembro mismo. Nang lumipat ako sa kabilang dulo ng bansa para mag-aral sa kolehiyo, sinimulan kong pakinggan ang mga lesson ng mga missionary. Sa kasamaang palad, dahil sa pamimilit ng mga bago kong kabarkada ay nahirapan akong sundin ang mga pamantayan ng ebanghelyo. Ang mga kapwa ko freshmen ay nag-ukol ng maraming oras sa mga parti at umiinom ng alak. Hindi pa ako nakatikim ng alak noon, pero palagi akong pinipilit ng mga bago kong kaibigan na uminom nito. Alam ko na totoo ang ebanghelyo, pero ang tukso mula sa mga kabarkada ko ay mahirap paglabanan.

Nagsimula akong magdasal sa Ama sa Langit na bigyan ako ng lakas na gawin ang tamang desisyon. Hindi ko pa naman ibinaba ang aking mga pamantayan, pero natakot ako na hindi ako magkaroon ng lakas na tanggihan ang alak sa susunod na ialok ito sa akin. Nangulila ako sa mga kaibigan ko na katulad ko ang mga pinahahalagahan.

Isang Sabado ng gabi nagpunta ako sa isang parti kasama ang mga tao na nasa dorm ko. Kaagad na nagsiinom ang mga kaibigan ko at hinikayat akong subukang tikman ang alak.

Natukso ako. Kinuha ko ang baso ng serbesa na iniabot sa akin. Inilapat ko ito sa aking bibig, hindi ako komportable pero natutuwa na sa akin nakatuon ang pansin ng mga kaibigan ko. Pagkatapos si Nick, ang binatilyong kilala sa pag-inom ng alak, ay lumapit sa grupo namin.



"Hindi ka umiinom niyan, di ba?" tanong niya.

"Hindi pa," sagot ko.

"Kung iinumin mo iyan," sabi ni Nick, "pagsisisihan mo iyan habambuhay."

Nabigla ako. Alam kong tama siya. Ayaw kong uminom ng alak. Gusto kong sumapi sa Simbahan. Isinauli ko ang baso at nilisan na ang parti, nagpapasalamat na hindi ako gumawa ng masamang desisyon.

Kinaumagahan nagsimba ako, nakita ko ang mga missionary, at itinakda ang petsa ng binyag ko. Mula

PAGLALARAWAN NI ANDREW BOSLEY

Malaki ang nagagawang kaibhan ng mga kaibigan sa kung gaano kadali—o kahirap—ang ipamuhay ang ating mga pamantayan.

noong araw na iyon iniwasan ko na ang mga parti na may lasingan. Nagkaroon ako ng mga kaibigan sa simbahan na kapareho ko ang mga pinahahalagahan at pamantayan. Kaibigan ko pa rin ang mga tao sa dorm ko, ngunit nilinaw ko na sa kanila ang mga pamantayan ko. Nang malaman nila kung gaano ka-importante sa akin ang mga pinahahalagahan ko, iginalang nila ang mga ito at tumigil na sa pamimilit sa akin. Napapansin at iginagalang nila ito sa paglabas ko ng silid kapag nanonood sila ng di angkop na mga pelikula at nakikinig sa di angkop na musika.

Napalakas ang patotoo ko ng karanasang ito, at sisikapin kong hindi ibaba kailanman ang mga pamantayan ko dahil sa pamimilit ng barkada. Alam ko rin na ang pinakamainam na paraan sa pagharap sa mahihirap na desisyon ay alamin ang iyong mga pamantayan at panghawakan ang mga ito mula sa simula.

Alam ko na sinagot ng Ama sa Langit ang aking mga dalangin na bigyan ako ng lakas na paglabanan ang tukso. Nagpapasalamat ako na hinikayat ako ng Espiritu Santo na gawin ang tamang desisyon. Alam ko na nariyan ang mga pamantayan ng Simbahan para protektahan tayo, at nagpapasalamat ako na ang desisyon kong sundin ang mga ito ay tumulong sa akin na piliing sumapi sa Simbahan. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

PAGSASABI NG HINDI SA TUKSO

"Gusto ng mga taong gumagawa ng mali na makiisa kayo sa kanila dahil nagiging mas komportable sila sa ginagawa nila kapag ginagawa rin ito ng iba. Maaari ding gusto nilang pagsamantalahan kayo. Natural lamang na gustuhin mong tanggapin ka ng mga kaibigan mo, para maging bahagi ng isang grupo. . . . Ang isa sa mga bagay na pinakamahirap alamin ay kung gaano kayo kalakas at kung gaano kayo tahimik na iginagalang ng iba. . . . Hindi ninyo kailangang ikompromiso ang inyong mga pamantayan para matanggap ng mababuting kaibigan. Kapag naging mas masunurin kayo, mas naninindigan kayo sa tunay na mga alituntunin, at mas lalo pa kayong tutulungan ng Panginoon na malabanan ang tukso."

Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Making the Right Choices," *Ensign*, Nob. 1994, 37.

Maging Kaiba sa mga “TIPIKAL NA TINEDYER” Ngayon

Kalimutan ninyo ang sinasabi ng mundo. Paano kayo nakikita ng Ama sa Langit?

Ni Charlotte Larcabal
Mga Magasin ng Simbahan

Maraming sinasabi ang daigdig tungkol sa mga tinedyer ngayon. Siguro alam na ninyo ang ilang stereotype o bansag, o may narinig na kayong nagreklamo tungkol sa “mga kabataan ngayon.” Marami ring pag-aaral at estadistika tungkol sa inyo—inyong mga kaugalian sa social media, ang binibili ninyo, maging kung gaano kaikli ang inyong atensyon.

Ngunit si Pangulong Russell M. Nelson, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay nagsabing siya ay “di-komportable” kapag naririnig niya ang paglalarawan ng mga mananaliksik sa kanilang pag-aaral tungkol sa kabataan. “At ang totoo,” hindi ako gaanong interesado sa sasabihin ng *mga eksperto* tungkol sa inyo kaysa sa sinabi sa akin ng Panginoon tungkol sa inyo.”[1]

Hindi kailangan ng Panginoon ng mga pag-aaral o stereotype para makilala kayo. Hindi Niya kayo itinuturing na bahagi lamang ng estadistika o isang taong mababa ang turing batay sa sinisikap ng “daigdig” na ilarawan tungkol sa inyo.

“Mahal Niya kayo hindi lang dahil sa uri ng pagkatao ninyo sa araw na ito, kundi sa potensyal at hangarin ninyong maging isang nilalang na may kabutihan at liwanag,” sabi ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan.[2]

Hindi lang kayo nakikita ng Diyos; mahal Niya kayo.

Gusto ba ninyong maging kaiba sa mga tao ngayon sa mundo? Simulang tingnan ang inyong sarili sa paraan ng pagtingin sa inyo ng Ama sa Langit at ng Kanyang mga piling tagapaglingkod? Gusto ba ninyong patunayang mali ang mga stereotype o bansag ng tao tungkol sa inyo? Panahon na para aktibong sumali at kumilos! Noong si Cristo ay 12 taong gulang, ipinaalala Niya sa Kanyang mga magulang sa lupa na kailangan Siyang “maglumagak sa bahay ng [Kanyang] Ama” (Lucas 2:49).

Hindi na Siya napakabata noon, at gayon din kayo. Kaya ang kasunod na tanong ay ito: Paano kayo maglulumagak sa bahay ng inyong Ama?

Ang Kanyang “business” o gawain ay tungkol lahat sa pagsasakatuparan “ng kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao” (Moises 1:39), kaya makapaglulumagak kayo sa bahay ng inyong Ama sa paggawa ng lahat sa abot-kaya ninyo para makamit ang inyong potensiyal at sa pagtulong sa iba na makamit rin ang kanilang potensyal.

Ngayon ang panahon para magkaroon ng pananagutan para sa inyong sariling kinabukasan. Ano ang magagawa ninyo *ngayon mismo* para matiyak na kayo ay nagiging ang taong alam ng Ama sa Langit na kaya ninyong maging, hindi lamang sa mga kawalang-hanggan kundi dito rin sa buhay na *ito*?

PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER

Kaya ninyong marating ang iniisip Niyang potensiyal ninyo.

Gusto ba ninyong makasal sa templo? Magpasiya ngayon na maging dalisay sa isip, salita, at gawa. Nakikita ba ninyo ang inyong sarili na nag-aaral sa isang unibersidad? Simulan nang magkaroon ng mabuting kaugalian sa pag-aaral ngayon. Gusto mo bang magmisyon? Idagdag ang *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* sa pag-aaral mo ng ebanghelyo (lalo na ang kabanata 3). Gusto mo bang matustusan ang pangangailangan ng isang pamilya? Matutong gumawa ng badyet at sundin ang nakasaad doon ngayon.

Maaari mo ring tingnan ang mga bagay na nagpapaligaya sa iyo *ngayon.* Gusto mo ba ang math? Pagtugtog ng piano? Pagsusulat ng mga kuwento? Patuloy itong gawin! Tingnan kung may mga paraan para mapagbuti mo pa ito: mga klase sa eskuwela, mga online tutorial, kompetisyon, workshop, at marami pang iba.

Maging kaiba at patunayang mali ang mga stereotype o bansag! Magpasiya kung ano ang nais ninyong marating sa hinaharap. Ano ang ginagawa mo para maging ang pinakamainam na sarili mo? Ipaalam sa amin sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa liahona@ldschurch.org o pag-iiwan ng mensahe sa LDS Youth Facebook o sa Instagram pages. ■

MGA TALA

1. Russell M. Nelson, "Manindigan Bilang mga Tunay na Isinilang sa Milenyong Ito," *Liahona,* Okt. 2016, 46.
2. Dieter F. Uchtdorf, "Masayang Ipinamumuhay ang Ebanghelyo," *Liahona,* Nob. 2014, 123.

PINAGBUBUTI KO ANG SARILI KO SA PAMAMAGITAN NG . . .

Pagkatutong magbadyet? Pag-iibayo ng pag-aaral ko ng ebanghelyo? Pagkahilig na maglingkod? Ibahagi kung paano ka nagpapasiya tungkol sa nais mong marating sa hinaharap sa pamamagitan ng pagpapadala ng mensahe sa liahona@ldschurch.org o sa LDS Youth Facebook o sa Instagram pages.

PUMAILANLANG NANG MAY PANANAMPALATAYA

Pag-alabin ang iyong pananampalataya para madaig ang pagdududa.

MGA LARAWAN MULA SA GETTY IMAGES

Ni Pangulong Henry B. Eyring
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

PAANO MO AALAMIN SA IYONG SARILI

Mahal naming mga batang kaibigan, hangad namin na malaman ng bawat isa sa inyo sa inyong sarili, nang hindi umaasa sa iba, na ang Diyos ng langit ay tunay, na kilala Niya kayo, at na tinubos ng Kanyang Anak ang mga kasalanan ng mundo.

Umaasa kami na magkakaroon kayo ng matatag na patotoo na ang ebanghelyo ni Jesucristo ay naipanumbalik sa lupa sa huling pagkakataon. Ang misyon ni Joseph Smith ay kakaiba, gayunman ang kanyang mapagpakumbabang panalangin ay huwarang makatutulong sa inyo at sa akin. Nagpunta si Joseph sa kakahuyan upang **manalangin nang may pananampalataya** na sasagutin ng mapagmahal na Diyos ang kanyang panalangin at iibsan ang kanyang pagkalito. Nagkaroon siya ng gayong katiyakan sa **pagbabasa ng salita ng Diyos** at **pagtanggap ng patotoo** na ito ay tunay. Nanalangin rin si Joseph sa layon na hindi lang makinig kung hindi para sumunod anuman ang mangyari. Talagang **gagawin niya anuman ang sabihin ng Diyos** sa kanya.

Sa ganyang diwa, nais kong iparating ang isang hamon sa mga kabataan ng Simbahan. Ito ang hamon: alamin ninyo sa inyong sarili na ang mga bagay na ito ay totoo. Magagawa ninyo ito sa pamamagitan ng pagsunod sa halimbawa ni Joseph Smith: **pag-aralan ang mga banal na kasulatan,** hayaang bumaon sa inyong puso ang mga salita, **pagnilayan ang mga ito** nang paulit-ulit, at pagkatapos ay **magtanong sa Diyos,** nang may kahandaang tanggapin ang Kanyang patnubay—nang totoo, ang Kanyang kalooban ay masusunod.

Bagaman ang hamong ito ay tila isang simpleng imbitasyon, ipinapangako ko sa inyo na maaaring mangailangan ito ng malaking pagsisikap. Hindi ko maipapangako na ang mga sagot sa inyo ay darating sa loob ng isang araw o sa loob ng isang linggo, ngunit maipapangako ko na mangungusap ang Diyos sa inyo sa Kanyang sariling paraan at sa Kanyang takdang panahon, kung magtatanong kayo nang may pananampalataya. Sa inyong **pagtanggap** at **pagkilos sa imbitasyong ito,** matutuklasan ninyo na hindi lamang darating ang mga sagot, kundi magkakaroon din kayo ng huwaran ng pagtatamo ng espirituwal na kaalaman na magpapala sa inyo habambuhay. ■

Mula sa Marso 2017 Face to Face event kasama sina Pangulong Henry B. Eyring at Elder Jeffrey R. Holland.

PAANO NINYO ITO NASUNOD?

Sa komentaryo tungkol sa Face to Face event: "Ang talagang nakintal sa akin ay ang malinaw na pagpokus sa kahalagahan ng pag-aaral ng ating mga banal na kasulatan at ang mga sagot na makukuha natin mula sa mga ito. Nasiyahan rin talaga ako sa talakayan tungkol sa panalangin at kung paano tayo dapat lumapit sa Diyos kapag nananalangin. Natanto ko na ang mga panalangin ay maaari at dapat maging personal pero dapat may kamalayan tayo kung paano tayo lumalapit sa Diyos at lumapit sa Kanya nang buong paggalang sa panalangin, bilang ating Ama sa Langit, hindi bilang kabarkada."

Joshua C., Hawaii, USA

"Bukod sa panalangin at pag-aaral ng mga banal na kasulatan, ano ang pinakamainam na paraan para mapalakas ang aking patotoo?"

Malamang na hindi kaagad dumating ang iyong patotoo. Lalago ito sa bawat espirituwal na karanasan—gaya ng nakasaad sa mga banal na kasulatan, "taludtod sa taludtod, tuntunin sa tuntunin" (2 Nephi 28:30). Pagkatapos ay kailangan mong pangalagaan at palakasin ang iyong patotoo, tulad ng binhing lumalago (tingnan sa Alma 32:28–43). At gaya ng isang halaman na hindi mabubuhay sa tubig lamang, walang iisang "pinakamainam" na paraan upang palakasin ang inyong patotoo. Kailangan mo ng kombinasyon ng mga paraan.

Ang panalangin at pag-aaral ng mga banal na kasulatan ay tunay na mabubuting paraan para mapangalagaan ang iyong patotoo. Habang pinag-aaralan mo ang ebanghelyo at nananalangin nang may tunay na layunin para malaman kung totoo ang isang bagay, tutulungan ka ng Espiritu Santo na madama ang katotohanan ng ebanghelyo (tingnan sa Moroni 10:4–5).

Mapalalakas mo rin ang iyong patotoo sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan. Kapag ipinamumuhay mo ang isang alituntunin ng ebanghelyo—gaya ng pag-aayuno, pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath, o pagtanggap ng sakramento—nagsisimula kang magkaroon ng patotoo kung *paano* at *bakit* ito totoo, sa halip na basta *ito* ay totoo. Sinabi ni Jesus na kapag pinili mong "gawin ang kanyang kalooban," iyong "makikilala ang doktrina [o mga turo]" (Juan 7:17).

Ang isa pang paraan para mapangalagaan mo ang iyong patotoo ay sa pamamagitan ng pagbabahagi nito. Sinabi ni Pangulong Boyd K. Packer (1924–2015), Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol na, "Ang patotoo ay *matatagpuan* sa *pagbabahagi* nito!" ("The Candle of the Lord," *Ensign,* Ene. 1983, 54; *Tambuli,* Hulyo 1983, 34). Maibabahagi mo ang iyong patotoo sa simbahan at sa seminary, sa tahanan, at sa mga kaibigan. Kapag ginagawa mo ito, maaaring magpatotoo ang Espiritu Santo sa *iyo* na ang ibinabahagi mo ay totoo.

Habang pinalalakas mo ang iyong patotoo sa maraming paraan, ito ay lalago at lalalim, at makadarama ka ng kapayapaan at kagalakan.

Sumama sa mga Missionary

Ang gawaing misyonero ang pinakamabisang paraan para mapalakas ko ang aking patotoo. Sa tuwing sumasama ako sa mga missionary, nadarama ko ang pagmamahal ni Cristo.

Joy D., edad 19, Leyte, Philippines

Sikaping Maging Disipulo

Mapalalakas mo ang iyong patotoo sa pagsisikap na maging palaging tunay na disipulo ni Jesucristo. Ang pagsunod sa mga kautusan ng Diyos ay nagpapatatag sa atin sa ating patotoo, at dahil dito ang ating patotoo ay lalong lumalakas at nagiging handa para sa kaharian ng Diyos (tingnan sa D at T 76:79). Maaari mo ring palakasin ang iyong patotoo sa pamamagitan ng pagbabahagi nito.

Elder Mule Simon, edad 23, Democratic Republic of the Congo Lubumbashi Mission

Magmisyon

Ang pagmimisyon ay magpapalakas sa iyong patotoo at sa patotoo ng ibang tinuturuan mo. Sa misyon matututo kang umasa nang lubusan sa Panginoon at hindi sa sarili mong lakas. Ang misyon ay magpapalakas sa iyo, at habang pinaglilingkuran mo ang Panginoon at ginagawa ang Kanyang gawain, palalakasin nito ang iyong patotoo.

Elder Bailey Peaali'I Williams, edad 19, Singapore Mission

Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.

Makinig sa Espiritu Santo

Ang pagsisimba, pagbabasa ng mga banal na kasulatan, pakikinig sa mga mensahe ng kumperensya, at marami pang iba ay makatutulong lamang sa pagpapalakas ng iyong patotoo kung makikinig ka sa Espiritu Santo. Patutunayan Niya sa iyo ang katotohanan. Palaging pakinggan ang Espiritu Santo, dahil nariyan Siya at tutulong para palakasin ang iyong patotoo.

Alyssa B., edad 16, Virginia, USA

Ibahagi ang Alam Mong Totoo

Natutunan ko na ang isa sa mga pinakamagandang paraan para mapalakas ang aking patotoo ay ang pagbabahagi nito sa iba. Sa tuwing ibabahagi ko ang pinaniniwalaan ko at alam kong totoo ito—gaano man ito kasimple o kaliit—nakadarama ako ng pag-aalab sa aking dibdib, at dumarating ito nang may mas malakas na pagpapatibay sa aking puso na ang mga bagay na sinabi ko ay totoo! Sa madaling salita, nadarama kong pinalalakas ang aking patotoo.

Douglas S., edad 20, São Paulo, Brazil



Maging Higit na Katulad ni Cristo

Mapapalakas natin ang ating patotoo sa pagiging higit na katulad ni Cristo. Napalakas ko ang aking patotoo nang ipahayag ko ang dalisay na pag-ibig ni Cristo at naglingkod sa iba tulad ng ginawa ng Tagapagligtas.

Kyung Jin P., edad 17, Seoul, South Korea

Ibahagi ang Iyong Patotoo

Ang isang mabuting paraan upang mapalakas ang iyong patotoo ay ibahagi ito. Kung minsan kapag ibinabahagi mo ang iyong patotoo, natatagpuan mo ito. Maaari ka ring mag-ayuno para malaman mo mismo kung totoo ang itinuturo sa iyo. Pareho ko nang nagawa ang mga ito, at talagang napalakas nito ang aking patotoo.

Porter S., edad 12, Idaho, USA

Paglingkuran ang Iba

Bukod sa panalangin at pag-aaral ng mga banal na kasulatan, palagay ko ang pinakamainam na paraan para mapalakas ang iyong patotoo ay sa pamamagitan ng paglilingkod. Kapag naglilingkod tayo sa iba, ipinakikita natin sa Diyos na may malasakit tayo sa Kanyang mga anak. At matatanggap din natin ang Espiritu kapag ginagawa natin ang gawain ng Diyos. Alam ko na maraming beses na akong nakatanggap ng kapanatagan sa mahihirap na panahon at mga sagot sa mga tanong habang naglilingkod ako.

Caroline J., edad 18, Utah, USA

PANGANGALAGA SA IYONG PATOTOO

"Gaya ng lumalagong halaman, [ang patotoo ay] kailangang alagaan dahil kung hindi ito ay malalanta. . . . Ang pagsunod sa mga kautusan ay bahagi ng pangangalagang kailangan ninyo sa inyong patotoo."

Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Isang Buhay na Patotoo," *Liahona*, Mayo 2011, 125.

SUSUNOD NA TANONG

Paano ko maaanyayahan ang Espiritu sa aking tahanan samantalang nag-aaway at nagtatalo ang mga tao roon?

Ipadala ang iyong sagot at, kung nais mo, isang high-resolution na larawan bago sumapit ang Nobyembre 15, 2017, sa liahona.lds.org (i-klik ang "Submit an Article") o sa pamamagitan ng e-mail sa liahona@ldschurch.org.

Isama lamang ang mga sumusunod na impormasyon: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang 18 taong gulang, ang nakasulat na pahintulot ng iyong magulang (tinatanggap ang email) na ilathala ang iyong sagot at larawan.

Ang mga sagot ay maaaring i-edit ayon sa haba o paglilinaw.

Mula Paris

Mula sa mga interbyu ni Amie Jane Leavitt, Utah, USA

Nakatira kami sa magkabilang panig ng mundo, pero pareho ang pakiramdam namin nang itinayo ang mga templo malapit sa amin!



Ang spiral staircase sa Paris France Temple

Ako si Rachel. Nakatira ako malapit sa Paris France Temple.

Talagang mahalaga ang templo sa ating buhay. Bago itinayo ang Paris Temple, nagpupunta ang aming pamilya sa Frankfurt Germany Temple nang ilang beses sa isang taon. Kailangan ng 10 oras na biyahe para makapunta roon at makabalik!

Labis kaming natuwa habang pinapanood namin ang pagtatayo ng bagong templo. Bawat linggo pagkatapos magsimba, dinadala kami roon ng mga magulang namin para makita namin ang nangyayari sa konstruksyon nito. Una ay sinira nila ang isang lumang gusali at humukay ng malaking butas. Pagkatapos ay sinimulan nilang itayo ang templo at pataas ito nang pataas. Hindi nagtagal naroon na ang bahay ng Panginoon!

Ako at ang mga kapatid ko ay sabik nang makapunta sa templo balang-araw. Ang panganay kong kapatid na si Esther, ang unang makapagsasagawa ng mga binyag. Sabik kaming lahat na makapunta na para magawa rin ito. Mahal namin ang templo at maligaya kami na mayroon na kami sa mismong lungsod namin!

Hanggang Sapporo

Ang chandelier sa celestial room ng Sapporo Japan Temple

Ako si Koshi. Nakatira ako malapit sa Sapporo Japan Temple. Gustung-gusto kong umuupo sa tabi ng bintana ng aming bahay at pinanonood ang pagtatayo ng templo.

Sa open house, inimbitahan ko ang kaibigan ko na sumama sa amin. Nagandahan siya sa lahat ng naroon.

Gusto kong isipin ang paglalaan ng templo bilang kaarawan nito. Iyon rin ang araw ng kaarawan ko. At ni Pangulong Monson rin! Nakapunta kami ng mga magulang ko sa templo nang ilaan ito.

Nagpapasalamat ako na nakatira ako malapit sa templo. Kapat nahihirapan ako sa eskuwela, maaari akong makapaglakad sa paligid nito sa pag-uwi ko. Dama ko ang pagmamahal ng Ama sa Langit para sa akin kapag naroon ako. Inaasam ko ang araw na makakapasok ako para magsa-gawa ng mga pagbibinyag at kalaunan ay maikasal doon. ■

MGA LARAWAN NG KALANGITAN AT EROPLANO MULA SA GETTY IMAGES

Ni Elder Robert D. Hales
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Paano ako matutulungan ng Espiritu Santo?

Ang Espiritu Santo ang ikatlong miyembro ng Panguluhang Diyos. Nagpapatotoo Siya ukol sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.

Nangungusap Siya nang marahan sa ating puso at isipan. Maaaring iba ang pagkadinig ng bawat isa sa atin sa Kanya.

Binibigyan Niya tayo ng mga espirituwal na kaloob. Binibigyan Niya tayo ng kaalaman at tinutulungan tayong maalala ang mahahalagang bagay.

Tinuturuan Niya tayo. Binibigyan Niya tayo ng pag-asa. Tinutulungan niya tayong gumawa ng mabuti.

Tinutulungan din tayo ng Espiritu Santo na gumawa ng mahahalagang desisyon.

Tinutulungan Niya tayong maging malinis mula sa kasalanan. Pinapanatag Niya tayo.

PAGLALARAWAN NI DUSTIN BAIRD

Mula sa "Ang Espiritu Santo," Liahona, *Mayo 2016, 105–107.*

ANG ATING PAHINA

Pangitain ni Lehi, ni Maria V., edad 10, Brazil

Lima Peru Temple, ni Valeria T., edad 9, Peru



Salt Lake Temple, nina Melissa L., edad 5, at Ameila L., edad 2, Estonia

Guayaquil Ecuador Temple, ni Landys Z., edad 10, Ecuador

Ang Paglalakbay ni Jane

Ni Jessica Larsen
Batay sa tunay na buhay

New York, USA, 1843

Minasdan ni Jane Manning ang paglutang ng bangka mula sa daungan palabas ng Lake Erie. Pakiramdam niya ay kasama nitong lumulutang palayo ang kanyang mga pangarap.

Isang taon pa lamang ang nakalilipas, sumapi siya sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at nagpasiyang lumipat para makasama ng iba pang mga Banal na nasa Nauvoo. Ang kanyang ina at pito pang kapamilya ay naglakbay na kasama niya mula sa Erie Canal papuntang Buffalo, New York. Ngunit sa Buffalo, hindi sila pinasakay sa bangka dahil sa kulay ng kanilang balat.

"Ano ang gagawin natin ngayon?" ang mahinang tanong ng kapatid niyang si Isaac.

Umalingawngaw ang tanong sa napakalamig na hangin. Ang Nauvoo ay 800 milya (1,287 km) pa ang layo. Puwede na sana silang sumuko at umuwi na lamang, o sikapin na lang maglakbay kalaunan. . . .

Pero hindi na makapaghintay pa si Jane! Alam niyang totoo ang Aklat ni Mormon. Ang Diyos ay muling nangusap sa pamamagitan ng mga propeta. Kailangan niyang makapunta sa Nauvoo kasama ang kanyang pamilya.

Iniunat ni Jane ang kanyang mga balikat at tumingin pakanluran. "Lalakad tayo."

At ginawa nga nila ito. Hanggang sa mapudpod ang kanilang mga sapatos. Hanggang sa magbitak ang kanilang mga paa at dumugo at kinailangan nilang magdasal para gumaling. Kung minsan ay natutulog sila sa labas, at sa sobrang kapal ng namuong hamog tila umuulan ng niyebe. Nagbanta ang ilang tao na ikukulong sila, iniisip na sila ay mga takas na alipin. Hindi nila alam na ang mga Manning ay pamilyang negro na malaya. At naglakad pa rin sila, na umaawit ng mga himno para palipasin ang oras.

MGA PAGLALARAWAN NI JIM MADSEN

Si Jane Manning ay tumira kina Emma at Joseph Smith nang ilang buwan. Napangasawa niya si Isaac James, at kabilang sila sa mga unang nanirahan sa Utah Valley. Nanatili siyang matapat na miyembro ng Simbahan kahit na marami siyang naging hamon sa buhay. Nang mamatay siya noong 1908, si Pangulong Joseph F. Smith (1838–1918) ay nagsalita sa kanyang libing.

Malapit na sila sa Nauvoo nang makarating sila sa isang ilog.

"Walang tulay," sabi ni Isaac.

Tumango si Jane. "Lalakad lang tayo patawid rito, kung gayon." Nang humakbang siya sa ilog, hanggang bukung-bukong niya ang tubig. Dahan-dahan siyang lumusong. Umabot na ng hanggang tuhod ang tubig at mabilis na umabot hanggang baywang niya. Nang nasa kalagitnaan na siya ng ilog, hanggang leeg na niya ang tubig! Buti na lang hanggang doon lang ang lalim ng ilog at ligtas na nakatawid ang pamilya Manning.

Sa wakas nakarating sila sa Nauvoo. Tanaw ni Jane ang magandang mga batong-apog na pader ng Nauvoo Temple sa tuktok ng isang burol na nakatunghay sa lambak. Bagaman hindi pa ito tapos noon, manghang-mangha siya. May isang taong nagturo sa kanila papunta sa bahay na tinitirhan ni Propetang Joseph.

Isang babaeng matangkad na maitim ang buhok ang nakatayo sa pintuan. "Halikayo, tuloy kayo!" sabi niya. "Ako si Emma Smith."

Ang sumunod na ilang minuto ay naging parang guni-guni. Nakilala ni Jane ang Propeta, at naglagay ng mga upuan sa silid para sa pamilya Manning. Buong pasasalamat na naupo si Jane at nakinig habang ipinakikilala sila ni Joseph sa lahat ng naroon, pati na sa kaibigan niyang si Dr. Bernhisel. Pagkatapos ay bumaling si Joseph kay Jane, "Ikaw pala ang pinuno nitong munting grupo, tama ba?" tanong niya.

"Opo!" sagot ni Jane.

Ngumiti si Joseph. "Pagpalain kayo ng Diyos! Ngayon gusto kong marinig ang tungkol sa paglalakbay ninyo."

Ikinuwento ni Jane ang tungkol sa sugatan nilang mga paa at pagtulog sa niyebe at pagtawid sa ilog. Lahat ay tahimik na nakinig. "Pero hindi naman po iyon nakapanghihilakbot," pagtatapos niya. "Naglakad po kami na nagagalak, kumakanta ng mga himno at nagpapasalamat sa Diyos sa Kanyang walang katapusang kabaitan at habag sa amin sa pagpapala sa amin, pagproteka sa sa amin, at pagpapagaling sa aming mga paa."

Nagkaroon ng sandaling katahimikan. "Ano sa palagay mo, Doc?" ang sinabi ni Joseph sa huli, at tinampal ang tuhod ng lalaki. "Hindi ba't pananampalataya iyan?"

"Kung ako iyon, baka umatras na ako at bumalik na lang sa aking tahanan!" pag-amin ni Dr. Bernhisel.

Tumango si Joseph at muling bumaling kay Jane at sa kanyang pamilya: "Pagpalain kayo ng Diyos. Kayo ay nasa piling ng inyong mga kaibigan." ■

Ang awtor ay naninirahan sa Texas, USA.

Si Sarah at ang MRI

Ni Juliann Doman

Batay sa tunay na buhay

*“Noong nasa lupa si Cristo’y nangako, Espiritu Santo sa tin Kanyang isusugo” (*Aklat ng mga Awit Pambata, *56).*

“Parang kailangan ni Sarah na ma-MRI ang kanyang likod,” sabi ni Dr. Frank. Ngumiti siya kay Sarah. “Ipapaiskedyul ko ang MRI mo bukas. Babalik ako pagkalipas ng ilang minuto.”

Medyo matagal nang sumasakit ang likod ni Sarah. Paggising niya nang umagang iyon, matindi ang sakit nito kaya nahirapan siyang tumayo nang tuwid, at halos hindi siya makalakad. Kumonsulta si Sarah at ang kanyang ina kay Dr. Frank para malaman kung ano ang diperensya.

PAGLALARAWAN NI DAVID HABBEN



Analise F., edad 6, Utah, USA

Noong limang taong gulang ako, inoperahan ako para alisin ang tonsils at adenoids ko. Talagang kabado at takot ako noon. Binasbasan ako ng tatay ko. Pagkatapos ng basbas, hindi na ako kabado, at pareho na kaming masaya dahil nadama namin ang Espiritu Santo.

"Isa pang MRI?" tanong ni Sarah, habang nakatingala sa kanyang Inay. Na-MRI na siyang minsan noon. Naalala niya kung gaano siya natakot sa loob ng malaking tubo na kumuha ng mga larawan ng loob ng kanyang katawan.

"Sori, Sarah," sabi ni Inay. "Pero makakatulong ang mga larawan para malaman ni Dr. Frank kung ano ang diperensya ng likod mo. Alam kong kaya mo iyan. At sasamahan kita doon." Pinisil ni Inay ang kamay ni Sarah.

"Pero hindi po kayo puwedeng pumasok sa loob na kasama ko," sabi ni Sarah. Napayuko siya, at tumulo ang luha sa kanyang pisngi. Puwedeng sumama sa kanya si Inay sa silid, pero kapag nasa loob na siya ng machine, mag-isa na lang siya.

Niyakap ni Inay si Sarah. "Totoo iyan, pero alam mo ba kung sino ang *maaaring* naroon para panatagin ka?"

Naalala ni Sarah ang isang pangalan na narinig niyang tawag sa Espiritu Santo: *ang Mang-aaliw.* Siguro matutulungan siya ng Espiritu Santo na hindi masyadong matakot.

"Ang Espiritu Santo?" tanong ni Sarah.

Tumango si Inay. "Tama ka. Maaari mong ipagdasal na tulungan ka ng Espiritu Santo. Ipagdarasal ka rin namin ni Itay."

Nagbigay iyon kay Sarah ng magandang ideya. "Puwede po ba akong humingi ng basbas kay Itay?"

Ngumiti si Inay. "Siyempre naman. Alam kong gustung-gusto niyang gawin iyon."

Nang gabing iyon ipinatong ni Itay ang kanyang mga kamay sa ulo ni Sarah at binigyan siya ng basbas ng priesthood. Nang basbasan niya si Sarah na panatagin siya ng Espiritu Santo, nakadama siya ng pag-init ng kanyang katawan. Nadama niya iyon sa buong magdamag.

Kinabukasan nakahiga na si Sarah sa bangko na maglalagay sa kanya sa malaking tubo sa MRI machine. Inulit niya sa kanyang isipan ang mga salitang ginamit ni Itay habang binabasbasan siya: *Ang Espiritu Santo ay paroroon para panatagin ka.* Mahigpit na pinisil ni Sarah ang kamay ni Inay. Pagkatapos ay ipinasok na siya ng nars sa tubo.

Nakakatuwa ang ingay ng MRI machine habang kinukuhanan nito ng mga larawan ang kanyang likod. Kinailangang hindi gumalaw si Sarah para hindi maging malabo ang mga larawan. Saglit siyang nataranta, ngunit muli niyang nadama ang mainit na pakiramdam na iyon. Para itong yakap ni Inay. O isang malambot na kumot. Alam niyang magiging maayos ang lahat. Bago pa niya namalayan, tapos na ang MRI!

Sa opisina ni Dr. Frank, ipinakita niya kay Sarah at kay Inay ang mga larawan ng likod ni Sarah. "Ang galing mo, hindi ka gumalaw habang nakahiga ka roon," sabi ni Dr. Frank kay Sarah habang nakaluhod siya sa tabi nito. "Ipinakikita ng mga larawang ito ng likod mo na kailangan kang operahan para matulungan kang lumakad nang mas maayos."

Napalunok si Sarah.

"Maganda kung maooperahan ka kaagad," sabi ni Dr. Frank, habang nakatingin sa nanay ni Sarah. Pagkatapos ay bumaling siya kay Sarah. "Maaaring pagkaraan ng ilang linggo matapos iyon ay madama mong muli ang dating ikaw, pero pagkatapos kitang makita ngayon, alam kong kakayanin mo."

Sinikap isipin ni Sarah ang lahat ng gagawin niya pagkatapos ayusin ni Dr. Frank ang kanyang likod. *Makakatakbo at makakalangoy at makakatalon na ako sa matataas na bunton ng mga dahon.* Matagal na niyang hindi nagagawa ang lahat ng iyon. Pero mas nakakatakot ang operasyon kaysa sa MRI! Pagkatapos ay naalala ni Sarah ang kanyang mga dasal at ang espesyal na basbas sa kanya. Ipinadala sa kanya ng Ama sa Langit ang Mang-aaliw. Tutulungan siyang muli ng Mang-aaliw.

Tumingin siya kay Dr. Frank. "Pagkatapos makakatalon na ako sa mataas na bunton ng mga dahon?" tanong niya.

Ngumiti siya. "Pagkatapos makakatalon ka na sa mataas na bunton ng mga dahon." ■

Ang awtor ay naninirahan sa Colorado, USA.

Isang Bagong Propeta

Gupitin ang mga figure na ito para tulungan kang ibahagi ang mga kuwento ng kasaysayan ng Simbahan.



Joseph at Hyrum





Brigham Young

Noong 1844, sina Joseph at Hyrum Smith ay nagpunta sa Carthage Jail para hintayin ang paglilitis sa kanila. Nakapasok ang masasamang tao sa bilangguan at pinatay ang Propeta at ang kanyang kapatid! Hindi tiyak noon ng mga Banal kung sino ang dapat na susunod na propeta. Kalaunan, sa isang miting kung saan nagsalita ni Brigham Young, isang himala ang nangyari. Maraming tao ang nagsabi na kamukha at kaboses siya ni Joseph Smith! Nalaman nila na siya ang susunod na propeta. Ngayon ay alam na natin na kapag namatay ang isang propeta, ang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol ang susunod na magiging propeta. ■

Hanapin ang iba pang mga figure sa kasaysayan ng Simbahan sa liahona.lds.org.

MGA PAGLALARAWAN NI BETH WHITTAKER

PAGTULONG, sa Paisa-isang Lapis

Ni Caleb H., edad 10, Germany

Nagsimula ang lahat nang magtakda ang aking stake ng isang proyekto para tulungan ang mga refugee. Nagustuhan ko talaga ang proyekto, kaya hiniling ko sa nanay ko na sabihin sa guro sa eskwela ang tungkol dito, at gusto ng guro ko na may gawin kasama ang grade four. Para magpakita ng halimbawa ng proyekto, kami ng kapatid kong si Maddie, ay nagbahay-bahay para humingi ng mga donasyon.

Dumating ang araw para ilahad ang proyekto sa mga nasa grade four. Medyo kabado ako noon. Ang totoo, sobra ang takot ko, pero ginawa ko ang lahat ng makakaya ko. Sinabi ko sa iba pang nasa grade four kung ano ang kailangan namin para sa mga school kit na ibibigay sa mga refugee. Ikinuwento ko na nagbahay-bahay kami, at hinamon ko sila na gawin ang mas mainam pa kaysa sa ginawa ko sa paglikom ng pera. Sama-sama kaming nakagawa ng mahigit 100 mga kit! Naglagay kami ng mga notbuk, lapis, at iba pang gamit sa eskuwela. Naglagay din kami ng munting mensahe na, "Maligayang pagdating sa Germany."

Dinala namin ni Inay ang mga kit sa refugee camp. Hindi ko masasabing maganda ang kampo, pero mayroong palaruan at isang lugar para sa pag-aaral ng akademya. May tren na malapit sa kampo na talagang napakaingay, at sinabi sa akin ng mga bata na ang tunog nito ay parang mga jet na lumilipad sa Syria at sa iba pang lugar na katulad niyon. Siguro para itong tunog ng mga bomba sa mga bata na nakarinig nito sa kanilang inang bayan.

May nakilala akong ilang bata sa kampo na kaedad ko, pati na si Daniel, na magaling na manlalaro ng chess. Hindi ko siya nakalaro sa chess, kaya sayang talaga dahil gustung-gusto ko ang chess, pero niyaya nila akong maglaro ng foosball at ping-pong. Sinabi sa akin ng mga bata na talagang nangungulila sila sa kanilang tahanan at gusto nang iwan ang kampo at muling mag-aral.

Pagkatapos naming maglaro ng foosball at ping-pong, iniabot na namin ang mga kit. Ang ganda ng pakiramdam ko na may nagawa ako kahit paano para sa mga bata na nasa mga kampo. ■

PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT

Dinalaw ni Jesus si Joseph Smith

Ni Kim Webb Reid

Maraming taon makalipas ang pagkabuhay na muli ni Jesus, isang batang nagngangalang Joseph Smith ang nagkaroon ng katanungan. Hindi niya alam kung aling simbahan ang dapat niyang salihan.

Binasa ni Joseph ang Biblia. Nakasaad doon na sasagutin ng Ama sa Langit ang ating mga tanong kung magdarasal tayo sa Kanya. Nagtungo si Joseph sa kakahuyan at nagdasal sa Ama sa Langit.

MGA PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT

Ang Ama sa Langit at si Jesus ay bumaba mula sa langit. Sinabi ni Jesus kay Joseph na huwag magpunta sa alinmang simbahan noon dahil hindi nila itinuturo ang lahat ng bagay na bahagi ng Kanyang Simbahan.

Nang lumaki na si Joseph, tumulong siya para maibalik ang Simbahan ni Jesus sa lupa. Ito ay tinatawag na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Tinutulungan nito ang mga tao na malaman ang tungkol kay Jesus at sa Ama sa Langit.

Ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan ay marami pang itinuturo sa akin tungkol sa Ama sa Langit. Kapag nagdarasal ako, maaari rin Niyang sagutin ang mga dasal ko. ■

Ang Sabbath ay Banal na Araw

PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT

Ni Pangulong Thomas S. Monson

TULUNGAN ANG ISANG TAO NGAYON

Tayo ang mga kamay ng Panginoon. Umaasa Siya sa atin.

Tiwala ako na *layon* ng bawat miyembro ng Simbahan na maglingkod at tulungan ang mga nangangailangan. Sa binyag ay nakipagtipan tayong "mag[pa]pasan ng pasanin ng isat isa, nang ang mga yaon ay gumaan" [Mosias 18:8]. Ilang beses na bang naantig ang inyong puso nang makita ninyo ang pangangailangan ng iba? Gaano kadalas ninyo *binalak* na tulungan ang isang tao? Gayunman, gaano kadalas humahadlang ang pang-araw-araw na buhay at ipinauubaya ninyo sa iba ang pagtulong, iniisip na "ah, tiyak na may mag-aasikaso sa pangangailangang iyan."

Masyado tayong nagiging abala sa ating buhay. Gayunman, kung titigil tayo sandali, at mamasdan ang ating ginagawa, makikita nating . . . kadalasan ay ginugugol natin ang ating oras sa mga bagay na hindi gaanong makabuluhan sa kabuuang plano ng buhay, at napapabayaan ang mas mahahalagang dahilan. . . .

Napaliligiran tayo ng mga taong nangangailangan ng ating pansin, ating paghikayat, ating suporta, pagalo, kabaitan—sila man ay mga kapamilya, kaibigan, kakilala, o dayuhan. Tayo ang mga kamay ng Panginoon dito sa lupa, na inutusang maglingkod at tulungan ang Kanyang mga anak. Umaasa Siya sa bawat isa sa atin. . . .

Nawa ang mga titik ng pamilyar na himno ay tumimo sa ating kaluluwa . . . :

Ako ba'y may kabutihang nagawa?
Ako ba'y nakatulong na?
Nakapagpasaya, nakapagpasigla?
Kundi ay bigong talaga.
May napapagaan bang
pasanin ngayon
Dahil ako ay tumulong?
Ang mga nanghihina
nalunasan ba?
Nang kailangan ako'y naro'n ba?
["Ako Ba'y May Kabutihang Nagawa?" *Mga Himno,* blg. 135].

. . . Nawa itanong natin sa sarili ang tanong na . . . : "Ano ang nagawa ko ngayon para sa isang tao?" Ang payo ko sa mga miyembro sa buong mundo ay maghanap ng taong nahihirapan, o may karamdaman, o nalulungkot, at gumawa ng isang bagay para sa kanya. ■

Mula sa "Ano ang Nagawa Ko Ngayon para sa Isang Tao?" Liahona, *Nob. 2009, 84–87.*

DETALYE MULA SA *CHRIST HEALING THE SICK AT BETHESDA,* NI CARL HEINRICH BLOCH, SA KAGANDAHANG-LOOB NG BRIGHAM YOUNG UNIVERSITY MUSEUM OF ART

***BLESSINGS*,**
NI LOUISE PARKER

"At layunin ko ito na maglaan para sa aking mga banal, sapagkat lahat ng bagay ay akin. . . .

"Sapagkat ang lupa ay sagana, at may sapat at matitira; oo, aking inihanda ang lahat ng bagay" (D at T 104:15, 17).

Para malaman pa ang tungkol sa self-reliance, tingnan sa mga pahina 32 at 40 sa isyung ito.

Kabilang Din sa Isyung Ito

PARA SA MGA YOUNG ADULT

Limang Aral para sa mga Young Adult mula sa

mga Batang Apostol

"Hinahatulan tayo ayon sa mga desisyon, hindi sa kalagayan": isa sa limang aral mula sa buhay ng unang Labindalawang Apostol ng Pagpapanumbalik—na nagkataon na mga young adult. Basahin ang tungkol sa iba pang mga aral na matututunan natin mula sa kanila.

p. 44

PARA SA MGA KABATAAN

p. 54

Paanong ang Isang Mensahe sa Kumperensya ay

MAGPAPABAGO NG IYONG BUHAY

Ang pangkalahatang kumperensya ay hindi lamang isang kaganapan—ito ay pagkakataong baguhin ang iyong buhay.

PARA SA MGA BATA

PAGTULONG, sa Paisa-isang Lapis

Si Caleb ay naninirahan sa Germany. Gusto niyang gumawa ng isang bagay para tulungan ang mga bata sa isang refugee camp na malapit sa kanya. Kung kaya't nakaisip siya ng isang plano.

p. 75

4 021445 08938 TAGALOG